Hinatid na namin si Janey sa room niya. tapos kami dumeretso na sa room namin. Amp andun na prof namin.

"Why are you late Miss Fernandez & Mr. Abella?"

"kasi kumain po kami.." Ahaha. Kahit kelan talaga walang galang tong lalaking to. Porket pogi.

Nauna na siya sa upuan niya. habang kasama ko pa nakatayo sa pinto yung mga cousins ko.

"Hindi mo sinabi ang pogi pala ng Bestfriend mo" sabi ni Lorscheysakin.

"Cous. Bagay kayo. You two look good together.." hala ano ba to si Eljhey.

Pinaupo ako ng Prof namin. Tapos inintroduce niya yung mga cousin ko.

Medyo malayo sila sakin. Madami pa naman vacant seats. Samin kasi may pinaka malaking room sa lahat. kasya yata mga 70 na student dun eh.

"Pssst" tinawag ko si Jerome.

"O?"

"Aish. Bakit ang lalim ng iniisip mo kanina?"

"Huh? Wala lang.."

Pwede ba yun? Wala lang. Eh halatang halata sa mukha niya na may iniisip siya.

"Masaya ka na ba talaga?" Huh? bakit naman niya biglang natanong to. Oo masaya ako.

"Oo naman bakit mo naman natanong?" Hindi na kami nakikinig sa prof namin. 1 oras na lang dismiss na kami.

"Seryoso goodgirl. Are you really happy?" Ano bang nangyayare dito. napaka seryoso.

"OO nga! Masaya ako syempre. Andito na mga cousins ko. andito ka. may mga new friends ako." Aish. Kulit. Bakit mukha ba akong malungkot.

"Ah okay.." AMP!.

Magsasalita na sana ako..

"Mahal mo pa ba siya?"

O.O

"Huh? GoodBoy, ano bang nangyayare sayo.."

"Sagutin mo tanong ko" medyo ramdam ko sa boses niya yung inis.

"Masaya na ako.." Yan na lang nasabi ko.

Mahal ko pa nga ba siya? Ilang araw na din nung hindi ko siya naiisip. pero sa totoo lang namimiss ko na siya eh. Miss na miss ko na..

tumingin siya sa bintana. Ano kayang iniisip nito.

Friday pala ngayon. So walang pasok bukas. Yes naman. Kaya lang tambak na naman kami ng homework.

Dismissal na. Umalis na lang bigla si Jerome. Hindi man lang nag bbye sa kin. Ano ba yan. Ramdam ko may problema siya eh. Eh bakit ayaw niyang sabihin sa kin.

"AYAAAAAA!" Sino ba yun wagas naman maka'sigaw yun.

Pola: "hey, dun kami sa bahay mo mag stay ah. Mahal kasi pag bibili pa kami"

Lorshey: "Oo nga, sabi naman ni tita, malaki daw yung bahay mo"

Wow. Medyo malaki nga bahay ko. May 4 na guest room. 1 masters bed room. Yun yung akin syempre. tapos 1 room for the maids. Yung kinuha kasi ni mama & papa na bahay para sa kin yung malaki na. para daw incase na bumisita mga cousin ko dun na lang daw.

Agatha: "Andun na yung mga gamit namin"

Ako: "Sure sure.." Medyo wala ako sa mood, si jerome kasi eh.

"AYAAAAAA!" tinawag ako ni Dine.

Dine: "hey, pakilala mo naman kami sa mga new friends/classmate natin.

Ako: "Cousins ko sila.."

Yanna: "Oh i see, kaya pala ang ganda din nila.."

Char: "Nasa lahi na.."

Ako: "Siya si Pola. Lorshey. Eljhey. Agatha. May isa pa kaming cousins, kaya lang taga accountancy siya"

April: "Ang gaganda niyo.."

Nag smile sa kanila yung mga cousins ko. Tapos nag pakilala sila. Nag shake hands. Ayun friends na agad. Friendly kasi kaming magka'cousins eh.

Sabay sabay kaming lumabas ng Campus. Nakita ko si Jerome kasama nung ibang classmate naming boys. Feel ko magdodota sila. Bahala na nga siya. Ang moody niya masyado.

Dine: "dba pare'parehas lang naman tayo ng village?"

Char: "Yes dear, Aya ano sabay sabay na tayo ah"

Eljhey: "Yeah sure. That'll be great."

Lorshey: "hey, Aya you're idling. You Okay?"

Huh ako idling daw? Eh kasi naman eh.

Ako: "Nuuuh. Don't mind me. Im okay. Lets go home na."

Tapos nag commute na kami pauwi. Naghiwa'hiwalay na kami except saming magpipinsan. Syempre samin nga sila mag stay db?

Pag uwi namin sa bahay andun lang yung mga baggage nila. Hindi pa nila inaayos. Kumain muna kami tapos Nag unpacked ng gamit nila.

So ito yung room arrangement namin.

Ako - solo sa room ko.

si Pola & Agatha & Janey - sa isang room.

Lorshey & Eljhey - isang room.

Bale may 2 guest room pa. Malalaki kasi yung rooms eh.

Nag kwentuhan lang kami habang nag a'unpacked ng gamit nila. Ang dami nilang pasalubong sakín ng damit. Tapos punong puno ng chocolates yung ref ko. Yehey! After namin mag unpacked pumunta kaming lahat sa room ko para dun mag kwentuhan.

Pinag kwentuhan namin yung mga projects namin sa iba't ibang bansa. Grabe tambak na tambak. Kaya pagka'graduate namin start na kami agad sa trabaho namin.

Meron din kaming mga photoshoots & commercial dito sa phil. Sabi nila pending pa daw yung movie namin. Yap. Ganyan po kami kaganda. Joke, Madami kasing kilalang mga handler yung parents namin dahil sa mga business nila. Kaya ayun nae'expose kami minsan sa mga tao. Gina'grab na lang namin yung chance.

Sobrang saya na nung kwentuhan namin..

Janey: "Cous, kamusta kana?"

Naka'tingin siya sakín seryoso..

Ako: "Okay naman ako. Bakit mo natanong cous?"

Naalala ko si Jerome ganto din yung mga tanong niya sakín kanina. Ano bang meron? Hindi ba ako mukhang masaya?

Lorshey: "I mean, pagkaalis namin? Okay ka na ba talaga?"

Huh pagka'alis nila. Ah gets ko na..

Ako: "After nyong umalis, sa totoo lang hindi pa ako okay nun."

Eljhey: "Eh bakit hindi mo sinabi samin. bakit sinabing mong ok ka. You lied to us baby girl."

Ako kasi ang bunso samin eh. Si Eljhey 18 na siya. tapos kami 16 lahat kaya lang mas matanda sila sakín ng months.

Ako: "Ate Jey, I don't wanna be selfish. Alam kong may mga dapat kayong gawin. And besides, tinutulungan ko lang maging strong ang sarili ko"

Pola: "Cous, sa totoo lang kaya din kami bumalik kasi iniisip ka namin. Leaving you alone with that kind of condition breaks our heart."

Agatha: "Tinapos namin agad yung ibang projects. Yung iba ni'reject na namin makabalik lang agad kami. Worried na worried na kasi kami sayo."

Speechless ako sa mga sinasabi nila. Sobrang swerte ko naman talaga oh.

Ako: "Don't worry im okay na. masaya na ako. andyan na kayo, andyan din ang Bestfriend ko."

Lorshey: "Good to hear that baby,"

Eljhey: "We're always here for you, remember that baby girl. okay? You sleep na. Matutulog na din kami. Sobrang kapagod ang byahe"

tapos bumalik na sila sa mga kwarto nila. Naiiyak naman ako.

Buti na lang walang pasok bukas. I really need a long sleep.

Ano na nga palang nangyare kay GoodBoy, Wala kasi akong balita sakanya. Isang text man lang wala. Hindi ko alam kung ano problema nun..

one message received

From: GoodBoy :)

Sorry kanina. i'll make it up to you. Nag dota ako nung uwian, mood swing. Susunduin kita dyan 2pm okay.

Ano ba yan. Dota na naman.

To: GoodBoy :)

what's your problem? You okay? Okay okay. I'll see you tomorrow.

Hala ano kayang problema nun. Matutulog na ako sobrang pagod na ako this day eh.

Chapter Eight.

AYA's POV

"HOOOOOY GISING..." Aish ang aga aga naman istorbo masyado yun.

"Aish ano ba..." Sino kaya yun.. Pag tingin ko..

"Aish.... ANO BANG GINAGAWA MO DITO!".

Ano ba yan, bakit andito tong asungot na to. Alam ko bestfriend ko siya pero duh? PRIVACY!. pano kung naka'underwear lang ako matulog.

"Ang lamig lamig naman dito sa kwarto mo.."

"Eh bakit kasi andito ka! Ang aga aga.."

"Eh wala kasi akong magawa sa bahay ko eh."

Anak ng porket walang magawa sa bahay nila ako na kukulitin niya.

"Gumising kana diyan. Maaga tayong aalis." Ano ka Boss?

"Oo na sige na. Tsupi. Dun kana sa baba.."

"Ayuko dito na lang ako.. Andun lahat ng pinsan mo nakakahiya.."

"MAS MAHIYA KA DAHIL ANDITO KA SA KWARTO KO!" Bwisit na to.

"Ano ba! pwede bang wag kang sumigaw. Aga aga istorbo ka!."

Kinuha niya kamay ko. tapos kinaladkad ako sa banyo. bastos na lalaki to. Narinig ko siyang nag soundtrip. "How to love" syempre. favorite niya yun eh.

Nagbihis na ako. katabi kasi ng C.r ko yung dressing room ko. Wow sosyal noh. Naka'suot ako ng shorts. tapos naka off shoulder. Favorite ko kasi yung ganyang outfit eh. Bakit ba feel ko sexy ko eh. nag make up na din ako. Pero light lang, yung pang everyday makeup lang. foundation. onting blush on. Lipstick. Yun lang.

Pagkalabas ko nakita ko si Jerome tulog dun sa kama ko. Yakap yakap pa yung pinaka favorite kong unan. Hindi ko muna siya ginising. Nag ayos muna ako ng buhok tapos bumaba ako. Sinabi ko sa mga pinsan ko na aalis kami.

pagkababa ko. Nasa sala silang lahat. nanunuod ng tv.

Ako: "Aalis kami ah"

Eljhey: "Sige date muna kayo ng bago mo"

Ako: "Amp, ate we're not together okay. Bestfriend ko lang siya.."

Janey: "Okay lang yan baby girl.. basta masaya ka.."

Pola: "Basta baby girl ah, mag ingat."

Ako: "Yes ate's. Loveyou all."

Umakyat na ako para gisingin siya. Sarap ng tulog niya. Mukhang puyat na naman to.

"GoodBoy.."

Hindi pa din siya nagigising..

"GOODBOOOOOOOOYYYYYYYYYYY!"

"Anak ng naman GoodGirl. Wag ka ngang sumigaw!!!"

Nagulat siya...

"AHAHAHHHAHAHA" tawa lang ako ng tawa sa reaction niya. parang nakakita ng multo..

"Tawa ka pa diyan! Tara na nga. Nakakainis ka! aga aga."

"Eh kasi naman. AHAHAHAHA. Ikaw kasi. AHAHAHA yung reaksiyon mo AHAHAHHAHA"

tawa pa din ako ng tawa. Tumayo na siya sa kama.

PAK

Binatukan pa ako. Pwede namang bumaba na hindi ako babatukan ah.

"3 minutes pag di ka pa bumaba. You're dead"

Amp. Parang gu jun pyo lang ng Boys over flowers ah. lumabas na siya ng kwarto ko.

Inayos ko lang sandali yung mga unan. tapos kinuha ng yung bag ko..

"ALIS NA AKO!"

"BYE BABY GIRL"

"Umuwi ka ng maaga okay. Take care.."

Nagbbye na din sila sakin. Pagkalabas ko ng pinto. nakatayo siya dun sa gate. Dala niya yung kotse niya..

Naka wide smile siya. Akala ko ba badtrip tong lalaking to..

"Oh bakit ganyan yung ngiti mo?"

^____^ Siya.

O.O Ako

"Wala.."

"BAKIT NGA?.."

"Pwede bang wag ka sumigaw.

BABYGIRL"

Amp naman. Yun pala yun dahil sa baby girl na yun.

Pumasok na kami sa kotse niya. Hindi pa din nawawala yung smile sa mukha niya, Yung smile niya na parang pang asar.

"Pwede ba, wag ka ngang mag smile na ganyan.." Nakakainis kaya.. Ang pogi niya kasi eh. Pero waaaaah...

"Okay" Ok pero naka smile pa din siya.

"San tayo pupunta?" tinanong ko siya.

"Mall." Ano naman naisipan nito baka may bibilhin..

"Ano gagawin natin dun? May bibilhin ka ba?"

"Wala, Wala lang.."

Ano ba yun magma'mall para sa Wala lang..

tahimik kami parehas.. Walang gustong mag salita. Wala naman kasi akong masabi eh..

"goodgirl..." bakit parang kinabahan ako nung sinabi niya yun.

"Oh bakit?" Mahina lang yung boses ko..

"Masaya ka ba talaga?" Ito na naman yung tanong nyang to. Ito din yung tanong niya kung bakit siya nag walk out na lang bigla..

Hindi muna ako sumagot. Nasa mall na kami. Nag park siya. Bago niya patayin yung makina ng kotse ng salita na ako..

"Kinakaya ko.. Masaya ako. pero hindi ko naman ipagkakaila na namimiss ko siya eh. Masakit kasi masaya na siya sa iba. siguro. Wala naman akong magagawa eh.."

Napatigil siya, nakayuko ako. Pero halata kong nakatingin lang siya saakin..

"Goodboy tara na. Ayuko ng pag usapan pa to.."

Lumabas na kami sa kotse niya. Naglakad kami sa mall. Parehas kamin tahimik. Nakakapanibago. Napansin ko din ang daming nakatingin sakanyag babae. Gwapo kasi eh.

"GoodBoy, lahat sila nakatingin sayo oh.."

"Alam ko. Pogi ko kasi eh.."

PAK

"Aray bakit mo ko siniko.."

"Kapal kasi ng mukha mo.." Well, totoo namang gwapo siya eh.

Nakakailang talaga kasama to..

Naglakad lakad kami sa department store. Bored kasi eh gusto kong bumili ng bagong damit.

BLAAG

Aray ko naman. Grabe naman katangahan to. Hindi kasi ako tumitingin sa dinadaan ko eh. Nakabangga tuloy ako..

"Sorry.."

"Okay lang.." Yung boses na yun. familiar.

Pag tingin ko.. O.O Siya! Siya nga..

Yung boses niya. Yung boses na yun yung sobra sobra kong namiss...

si ADDLAND..

Siya nga. Ang pogi pa din niya. Ano ba yan :(Gustong gusto ko siyang yakapin.

"Sorry talaga.." Yan na lang nasabi ko pero ang dami kong gustong sabihin sobrang dami..

"Sino siya?" tinanong niya ako kung sino kasama ko, Nako baka kung ano isipin niya.

"Ah siya si Jerome. Bestfriend ko.." Para clear sakanya na single pa din ako..

Nakatingin lang samin si Jerome nagtataka.

"Oh sige alis na ako. May pupuntahan pa ako eh." Tinap niya yung shoulder ko.

"Sige" Wag. Wag kang umalis please. Gustong gusto kitang yakapin. Dito ka muna. Mag usap tayo ayusin natin lahat. Gusto ko sanang sabihin yan. Gusto ko siyang pigilang umalis kaya lang wala na..

Umalis na si Addland. Gusto ko siyang habulin.. gusto ko siyang yakapin. pigilan. halikan. Namiss ko na siya.. ang sakit sakit...

JEROME's POV

Sino kaya yung lalaking yun. Bakit parang gulat na gulat si Aya nung nakita niya yun. Naglakad lakad kami ni Aya. Tahimik lang siya. Sino ba yun. bakit nagkaganto na naman si Aya. Bakas sa mukha niya yung lungkot.

"Alis tayo dito.. " sabi niya sakín yung boses ang lungkot. Di ako sanay.

"Saan tayo pupunta.."

"Anywhere. Wag lang dito.. ilayo mo ako dito.." Hala bakit..

Pumunta kami ng parking lot. Sumakay ng kotse at umalis. Saan ko kaya dadalhin to. Ang lungkot niya. Ahh alam ko na. Nag drive ako pabalik sa village namin. Sa Park dun. Maganda dun..

Hindi siya umiimik. Wala siyang kibo naka'tingin lang siya sa daan. Yuyuko. titingin ulit sa bintana. Hindi niya ako tinitignan. Ano kaya iniisip nito.

Andito na kami. Bumaba na kami ng sasakyan..

Umupo siya dun sa Swing..

"Goodgirl...." tatanungin ko sana kung okay lang ba siya.

"Yung kanina.. Siya si. Addland... Yung Ex ko.." Ang bagal nyang magsalita. Halatang pinipigilan niya yung iyak niya. Ramdam ko iiyak na naman siya..

Hindi ako makapag salita. Hindi ko alam sasabihin ko.

"Sobrang sakit. Sobrang sakit nung makita ko siya. Kinakaya ko na naman na hindi ko siya nakikita eh. Pero kanina, gusto ko siyang habulin. Gusto ko siyang yakapin pabalik sakín.."

Pagtingin ko sakanya. pinupunasan na niya mata niya. Umiiyak na siya. Si Aya. Yung GoodGirl ko umiiyak na naman :{

Niyakap ko siya.. Hindi ko kasi alam sasabihin ko. Gusto ko siyang alagaan, Protektahan..

T*ngina. Kung alam ko lang na si Addland yung kanina uupakan ko na yun eh. Bwisit, hindi ko pa tuloy siya naganti.

"Hayaan mo akong alagaan kita. I won't leave you. Never goodgirl. Wag ka ng umiyak. Po'protektahan kita kahit kanino. Hayaan mo akong pagalingin yang sugat sa puso mo. tatakpan ko lahat ng sakit.."

Huh? Ano daw? Sinabi ko ba yun. Oo sinabi ko nga. Bahala na. Basta aalagaan ko siya. Pprotektahan ko siya sa lahat na mananakit sakanya. Hinding hindi ko na siya hahayaan pang masaktan.

Masyadong mahalaga si Aya para saktan at paiyakin lang.

Iyak pa din siya ng iyak. Naramdaman kong humigpit yung yakap niya sakit.

blush anak ng kinilig naman ako dun..

Gusto ko lang ba siya alagaan o im falling for her na..

Chaper Nine.

AYA's POV

Hinatid na ako ni Jerome sa bahay. Ayaw pa sana nyang umalis kaya lang sabi ko sakanya gusto ko muna mapag isa. Nakita ko si Addland kanina. Parang bumagsak na naman yung mundo ko. Naisip ko na naman yung dating kami. Yung magkasama kami. Yung mga panahong kaming dalawa lang. Lahat bumalik na naman.

Nandito ako sa kwarto ko. Nagiisip. Yakap yakap ko yung unan na bigay niya sakin.

****Flasback****

>>FastForward

AYA's POV.

Badtrip kanina pa niya ako pinag'hihintay ng matagal ah. First monthsary namin ngayon. Sabi niya sakin kagabi. Magkita na lang daw kami dito sa Starbucks malapit sa school ko. Kanina pa ako nag aantay. Halos mag dadalawang oras na akong naghihintay.

****CALLING A.BABE :">**

Ilang beses ko na din siya tinatawagan hindi man lang niya sinasagot mga tawag at text ko. Napaka'talkshit naman nito.

Umorder na lang ako sa starbucks para naman hindi nakakahiya na naghihintay lang ako dun.

Addland: BABE!

Ako: HOYY. Lalake. Asan kana ba?!! You're a TALKSHIT! how dare you. Pinaghihintay mo ako ng sobrang tagal. ANSWER MY CALL. YOU CROO CROO BRAIN!

****A.BABE :"> Calling..**

Ako: Where the fuck are you?!

Addland: Babe i'm Sorry. I cant make it..

Ako: What? Pinaghintay mo ako ng ganun katagal tapos hindi ka makakapunta! I hate you Asshole.

Addland: Sorry :(Umuwi ka na lang..

Binabaan ko na siya. Monthsary na monthsary namin ang talkshit niya. First time niya akong tinalkshit :(Sa First monthsary pa namin.

Umiiyak na ako dito sa Starbucks. Sino ba naman hindi maiinis dun. First monthsary niyo. Hindi ka man lang binati. Excited na Excited pa naman ako tapos ganun. Ang sakit kaya. Sumakay na lang ako ng Taxi pauwi. Wala na din akong ganang gumala pa. Ano kayang nangyare dun? Ayaw na ba niya agad? :((

Pumasok ako ng bahay. Walang tao. Aish. Ano pa nga bang bago, malamang nasa mall na naman mga tao dito. mga maids naman siguro tulog. Umakyat na ako sa kwarto ko.

Pagbukas ko ng pinto.

O.O

O.O

O.O

Ang ganda.. Ang romantic nung place. Ang sweet. :">

Eh kasi naman.. May mga rose petals sa kama ko. Tapos may mga candles pa. Sa lapag naka latag na mga pillows na color white. Parang may picnic sa loob ng room ko. May cake kami, Chocolate Mousse. Tapos may pizza pa. Sa wall ko naman may mga naka dikit na "HAPPY MONTHSARY" Each letter isang Colored Paper. Syempre "PINK" tapos may mga post it sa baba nun. Mga Sweet na salita naka'lagay. Tapos tumutugtog pa yung theme song namin.

"HAPPY MONTHSARY"

postit. postit. postit.postit. postit. postit.postit. postit. postit.

Basta ganyan. Naimagine nyo ba?

Addland: Happy Monthsary Baby!.

O.O

Shocked.

Hinawakan niya kamay ko. Hindi pa din ako makapag salita. Kinikilig kasi ako eh. *Blush* First time may gumawa sakin nito. Shit! Mahal ko na to. ADDLAND VILLANUEVA, I'll never let you go..

Addland: Baby. Im sorry if i keep you waiting.. Kelangan ko pa kasi ayusin to eh.

Ako: Eh bakit hindi mo nalang sinabi sakin..

Addland: Eh di hindi na surprise yun.

Ako: Thankyou Babe :"> *blushing*

Hinawakan niya ako sa mukha. Yung both hands niya nasa pisngi ko. Eye to eye kami. Feel ko yung Init. Ang init. Ang pogi niya kasi. Hahalikan ko na talaga to. Joke lang.

Addland: Happy 1st Monthsary Baby. *blushing* I love you so much. I'll never let you go no matter what. I'll always be here for you. Ikaw na ang pinaka magandang nangyare sa buhay ko. Being with you is my Happiness. Stay with me..

Ako: "Blushing" I love you more Babe. :* Thankyou so much for doing this. Ikaw pa lang ang unang lalake na gumawa sakin nito. Don't worry. Im all yours. Forever,,,

Addland: Talaga. Ako lang naman talaga gagawa sayo niyan. Kasi hinding hindi ko hahayaan na makuha ka pa ng iba sakin.

Ako: I love you so much :*

Nagkatinginan kami. Then we Kissed. It was so passionate. Hindi siya yung kiss na alam mong malaswa. The kiss was so romantic. Ayuko ng itigil yun. the love was there.

Umupo kami dun sa sahig. May mga unan, candles and rose petals sa paligid namin (naiimagine niyo ba?) Tumayo siya. Pagkabalik niya may hawak siyang paper bag. Ang sweet naman talaga aish.

Nakaupo kami. Siya sa likod ko tapos ako nasa gitna ng legs niya. (naiimagine niyo ba? basta yun na yun) Tapos nakayakap siya sakin. Ano ba yan kinikilig na ako.

Kinuha ko yung gift dun sa paper bag, Malaki po yung paper bag.

Pillow siya na color Pink. Plain lang siya. Tapos may naka design na. "I ♥ A" tapos yung I ♥ A color White. .

Addland: Meron din akong ganyan sa bahay. Color White yung pillow tapos color Pink yung naka'lagay na I♥A.

Ako: *blushing*

So kelangan talaga terno kami. Ano Couple PILLOW :"> So sweet naman ng baby ko. Aishh :">

Addland: Alam ko kasing antukin ka eh. Kaya ayan binigay ko. Para maalala mo ako lagi pag tulog mo. Para pag namimiss mo ako ayan na lang yung yayakapin mo.

Nakayakap siya sakin. Naka lean yung likod ko sakanya.

Ako: *blushing* Eh palagi naman kitang naaalala eh. Kahit hindi ako tulog. You're always on my mind & in my heart.

tinignan ko siya. Ang pula niya.

Kinuha ko yung kamay niya. Tapos sinuot ko dun yung bracelet na parehas kami. Nag pagawa ako ng bracelet. Silver siya plain lang. Tapos may naka engrave na Baby & Babe. Sinuot ko sakanya yun. Suot suot ko na kasi yung akin eh.

Nakatingin siya saakin. Naka tingin lang din ako sakanya. Ang pula niya halatang kinikilig siya. Yung smile niya kasi eh. Eh bakit ba kasi ang gwapo gwapo mo. Inayos niya yung buhok ko habang nakatingin saakin.

Addland: I love you baby. Hinding hindi ako magsasawang sabihin sayo yan. 1 month na tayo at tatagal pa tayo ng madaming madaming taon. We'll make a happy family someday.

^____^:"> Ano ba naman yan. Kinikilig na ako. Pulang pula na din ako.

**Smacked.

****END OF FLASHBACK..**

Iyak lang ako ng iyak. Ang sakit kaya. parang ang saya saya pa niya. Kinuha ko yung box kung san ko tinago yung mga pictures and letters namin sa isa't isa. Andun lahat ng memories namin. Yung mga ticket ng movie na pinanuod namin. lahat andun.

Lalo tuloy akong naiyak nung naalala ko lahat yung mga masasayang memories namin.

May bukas ng pinto. Pero hindi ko na tinignan kung sino..

Yung mga pinsan ko pala. Kaya lang wala si Janey & Agatha.

Eljhey: Baby girl bakit?

Lorshey: Anong nangyare? Why are you crying..

Ako: I saw him..

Umiiyak ako habang sinasabi ko yan..

Lorshey: Who?

Eljhey: I think i know.. You saw Addland right?

Ako: Yes. And it hurts.. Ang saya niya.. Parang sobrang saya niya nung nawala ako sakanya. Sabi niya mahal niya ako. Sabi niya hindi niya kayang wala ako.. Pero.. Pero bakit ang saya niya.. Tapos.. huhuhuhu. Ito ako ngayon huhuhu.. iyak ng iyak.. t*ng*n* naman.

Pola: Tama na cous! You're making your life miserable. Hindi mo naman kelangan umiyak ng ganyan eh. Look at yourself. Maganda ka! You deserve someone better. Past is past. My gosh Aya. Napaka wala niyang kwenta para iyakan mo siya ng ganyan, All this time nagmahal ka pero ano ginawa niya sinaktan ka niya. WALA na siya. at HINDING HINDI na siya babalik pa sayo.

Napataas yung boses ni Pola.

O.O Ako. Lorsche and Eljhey.

Nilapitan niya ako tapos niyakap niya ako. Im so lucky cousins ko tong mga to. The best sila promise.

Pola: Im not mad. Ayuko lang makita kang umiiyak na naman ng dahil sakanya. Masyado ka nang nasaktan. Ilang beses ka na umiiyak. Tama na. you deserve to be happy.

Eljhey: Tama baby girl. Bumalik kami dito para hindi ka na malungkot kaya hindi namin papayagan na umiyak ka na naman diyan at isipin yung stupid na lalaking yun.

Lorsche: At dahil diyan. mang ttrat ako ng Pizza. 3 box para sumaya ka.

Ako: YEHEY!! Thankyou mga cousins. Kung wala kayo hindi ko na alam. I love you all. Promise. I wont shed another tear.

Bumaba na kaming lahat. Nag tawanan habang iniintay yung pizza. Tama sila hinding hindi na ako magpapaka senti ng dahil sakanya. I have my own life, he have his own. Wala ng KAMI. meron na lang SIYA at AKO.

Chapter Ten.

AYA's POV.

Days passes by. Wala naman masyadong magandang ng nangyare eh. nagpre'prepare kaming lahat for our Prelims examination. 2 days na lang kasi bago mag preliims. Lahat kami busy. Hindi muna kami gumagala. Kaming magpipinsan naman nag rereview sa bahay. Aim kasi naming maka DL eh.

Maingay sa room. Wala pa kasi kaming prof eh. Balita kay jerome. Hindi kami masyadong nakakapag usap. Busy ako sa review, busy naman siya sa Pagdodota. tapos ang alam ko tinutulungan niya yung dad niya sa business nila. Mayaman kasi yun eh. Paalis na ksai yung mom and dad niya papunta sa ibang bansa.

Magkatabi kami ngayon. Ayuko kasing makigulo sa iba eh. Parang wala ako sa mood. ANg ingay nila sa room. Aba, yung mga pinsan ko pa yung pasimuno. Kanta sila ng kanta tapos biglang tatawa, Kabonding nila yung mga friends namin. pati yung mga boys. Halos lahat sa room busy may kanya kanyang ginagawa.

Jerome: Pssst.

Ako: Yess?

Jerome: Sino kasabay mo mag lunch?

Ako: Yung GALS.

GALS (name yan ng group namin. I mean ng Barkada. Ako. Pola. Janey. Eljhey. Lorsche. Agatha. Yanna. Dine. Jaimie. Char, April)

Ako: Eh ikaw? Di ka magdodota kasama yung mga boys.

Siya: Dota Buddies kasi..

Ako: AHAHAHAHAHAHA.

Natawa ako dun ah. Buddies pa. Alam din pala nito yung mga ganun ahahaha. Laughtrip talaga eh.

DOTA BUDDIES. (Jerome. Prince. Aldrin. Luke. Jc. Bryle)

Jerome: Tawa ka, ano nakakatawa?

Ang sungit na naman. Aish. Eh kasi nakakatawa naman talaga siya eh.

Ako: Wala natawa lang ako..

Jerome: Sabay ako kumain sayo ah.

Ako: Eh kasabay ko sila.

Jerome: Paki ko. Sasabay ka sakin!

Ano ba yan. sapilitan. grabe talaga to.

"Papunta na daw yung Boyfriend ko dito. WAAAAAAAAAH" Ano ba yan kelangan talaga pag sigawan.

Jerome: May boyfriend pala tong Christine, grabe pa maka dikit sakin.

Ako: Oww? Pano ba't di mo sinabi sakin?

Jerome: Nagtanong ka ba?

- _____ - AISH! bwisit talaga to kausap kahit kailan.

Ako: Bahala ka nga diyan!

Jerome: Tinetext niya kasi ako palagi. Tinatawagan pa..

AMP! Ano ba yan. kaya pala pag tinatawagan ko siya busy palagi! nakakainis. Ang flirt. Aish.

Oo nga pala, naalala ko yung sinabi niya sakin..

"Hayaan mo akong alagaan kita. I won't leave you. Never goodgirl. Wag ka ng umiyak. Po'protektahan kita kahit kanino. Hayaan mo akong pagalingin yang sugat sa puso mo. tatakpan ko lahat ng sakit.."

Seryoso kaya siya dito. Oo kelangan ko siya. Ayukong mawala siya sakin eh. Ano kayang nakain nun at sinabi niya yan..

"Goodgirl you're idling again." Huh? Idling. Ako. Ayy oo nga pala. Iniisip ko na naman kasi yung sinabi niya eh. Hindi ko alam pero kinikilig ako..

"HOOOOOOOYY!" Aray bakit kasi kelangan ako sigawan diba? Nagtinginan tuloy yung mga classmate namin samin. nakakahiya talaga tong lalaking to. Kung hindi lang siya pogi nako..

"Aray. Hindi mo naman kasi kelangan sumigaw eh." Hindi naman kasi kelangan sigawan pa ako. Anong trip nito ngayon hindi na naman ako pinapansin nakatingin na naman sa bintana.

"GOODMORNING CLASS"

Andiyan na Prof namin. Nakooo lapit na Prelims. Siguro tungkol dito yung sasabihin niya samin ngayon.

"Okay so today. Magre' review lang tayo para sa Prelims niyo. and that will happen after ng lunch break niyo so kelangan at exactly 1:30 andito na kayo"

"YEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEEY!" Hala sigawan na kami. Ang saya kaya review lang.

"Meron pa akong isang announcement.."

Meron pa daw isa. Ano kaya yun.. Excited na ako..

"Hoy Babae" tinawag ako ni Jerome. Aish. Ano naman kaya sasabihin nito.

"You have your new classmate. Please come in.."

"Bakit ang panget mo?" AISH! AMP. ano na naman to hindi ko naman siya inaaway ah.

"Ang kapal talaga ng pag mumukha mo." sabay hampas sakanya..

"Hello. GoodMorning. Im Addland Villanueva. Im from *toot* university."

SHIT! That name! that Voice. Kilala ko yan. Yan yung boses na.... dahan dahan akong tumingin sa harapan kung sino yung nagsalita..

SIYA... SIYA NGA.. O.O Si ADDLAND ko.. Andito siya.. BAKIT?

O.O O.O Bakit?

Nakita ko sila Eljhey. Pola. Agatha and Lorsche na tumingin saakin. Yung itsura nila gulat din. Tapos halata ko sa mga mukha nila worried na worried sila. Eh ako anong dapat kong reaction.

Naiiyak ako pero sabi ko hindi na ako iiyak. Nako miserable na tong year na to saakin. BAKIT naman kasi dito pa.

Hinawakan ni Jerome yung kamay ko. Mahigpit. Gusto ko siyang yakapin tapos umiyak sa shoulders niya.

Papalapit na si addland samin. May vacant seat kasi dun sa harapan ko. Ano ba yan. KILL me now!!

"Mag Smile ka. Wag kang umiyak!" Binulong saakin ni Jerome habang hawak hawak niya ng mahigpit yung kamay ko.

Nag smile sakin si Addland bago siya umupo. Shocks. Yung smile na naman niya. Pinapatay ako unti unti. Nag smile back na lang ako. Pero naiiyak na talaga ako, nahihirapan akong huminga.

Umupo na siya sa harapan ko. Tumigil mundo ko. Wala akong ibang nakikita kung di Siya lang. Yung likod niyang gustong gusto kong yakapin. Pero Ayuko na ang sakit sakit na. Ang sakit isipin na yung dating mundo ko. Andito ngayon sa harapan ko. Abot kamay ko na pero hindi ko pa din makuha.

"your so near yet so your effin far.."

"Dismiss.." Nagtayuan na lahat.. Ako nakaupo pa din. Hirap akong tumayo. Ang hirap kumilos bakit ganto..

Tumayo siya.. Tumayo na din ako.. Lumapit sakin bigla yung mga Gals. Nilapitan ako nung mga pinsan ko. Halata sa mukha nila na nag aalala sila saakin..

Eljhey: Baby girl.. okay ka lang?..

Lorshey: F*ck. nananadya na talaga siya eh.

Pola: Be strong. db sabi mo kaya mo.. Ignore him..

Yanna: Bakit anong nangyayare? Hey Gals.

Jaimie: Agatha anong meron. Bakit ang lungkot ni Aya.

Dine: Sis. Hey! You're idling.. Speak Up. Are you okay?

Hindi ko sila pinapansin. Nakita ko si Addland. nag lakad siya papalit kay..

CHRISTINE?

"Hi Boyfie." Hinawakan niya yung kamay ni addland.

O.O ANG SAKIT!

"SHIT!" Napa sigaw ako ng malakas. Nakita ng Gals kung san ako nakatingin..

ANG SAKIT SAKIT! Si Christine. Sabi niya pupunta daw yung Bf niya ngayon. BF niya si ADDLAND. SHIT! ang sakit!

Napatingin silang dalawa sakin. Naiiyak na ako. Yung tingin sakin ni Addland halatang gulat. Ano masaya kana NASAKTAN mo na naman ako!

Hinawakan ni Jerome yung kamay ko hinatak niya ako papalayo. Tama buti na lang andiyan siya. Tama yung ginaya niya. Mamatay na ako sa sakit! Iyak pa din ako ng iyak. Ang sakit sakit kasi..

Dinala niya ako dun sa Pink na resto sa canteen. Pinaupo niya ako sa Couch.

"Bibili lang ako ng inumin mo.." Hinawakan ko kamay niya..

"Wag kang aalis. Goodboy please. Stay here.. Dont leave me." Ayukong umalis siya dito. Kelangan ko siya..

"Bibili lang ako ng inumin mabilis lang to.." Tumakbo siya palayo. Pero sandali lang din andito na agad siya.

Hinawakan na naman niya kamay ko "Naalala mo ba sinabi ko sayo?" Ano yun? Wala na akong maalala ngayon sa sobrang sakit..

"Yung sinabi ko sayong po'protektahan kita. Andito lang ako. Hinding hindi kita iiwan.." Oo naaalala ko yun. Hinding hindi ko yung makakalimutan.

Chapter Eleven.

JEROME's POV

T*ngina naman. Bakit kelangan nandito pa yang lalaking yan. Bwisit. Katabi ko ngayon si Aya. Ang higpit nung hawak niya sa kamay ko. Ramdam ko yung sakit na nararamdaman niya.

"Bullshit.. Bakit andito siya. Bakit si Christine.." iyak lang siya ng iyak. AMP naman wala ako masabi. Hindi ko alam sasabihin ko eh.

Bigla siyang humarap sakin. Tinitigan niya ako sa mata. Ano ba yan, puro luha na yung mata niya. Pinunasan ko ng panyo ko yung mata niya. Para siyang batang umiiyak. Inabot ko sa kanya yung binili kong tubig niya.

"Goodboy?."

"Bakit?"

Napaka seryoso niya. As in serious face niya. Hindi mo alam kung anong expression meron siya.

"Panget ba ako?.. Hindi ba ako mabuting tao.. Am i not enough?.." Huh Goodgirl ano bang pinagsasabi mo.. Ang GANDA mo kaya..

"Huh?.. Bakit?.." Hindi ko masabi kung ano dapat kong sabihin. Gusto kong mag smile na siya. Gusto ko yung maingay at nakakairitang siya. kesa naman sa sobrang tahimik niya at hinang hina.

"Sagutin mo nalang please.."

"Hindi ah. Goodgirl.. Maganda ka.. Ang tanga niyang pinakawalan ka niya. You're the kind of girl a guy could ever ask for.. Wag na wag mong sasabihin sa sarili mo yan. Ibang klase kang babae. Hindi ka dapat nasasaktan ng ganyan.."

Iyak lang siya ng iyak... hanggang sa niyakap ko na siya. Syempre Comfort hug yun. baka kung ano isipin niyo eh. tinatap ko yung likod niya habang umiiyak siya..

"Natatandaan mo yung promise ko sayo diba.." sinabi ko sakanya habang magkayakap kami.

"Oo. "

"Hinding hindi kita bibiguin. I'll always be here for you. Lalo na ngayon, Wag kang mag alala. I won't let him hurt you again. NEVER..."

"Thankyou Goodboy.." Medyo tumigil na siya sa pag iyak. Kalmado na din siya.

Ano ba yan. Nagagawa ko tong mga bagay na to dahil sakanya. Hindi naman ako magaling sa mga gantong bagay eh. Kinalaman ko dito.

Pero dahil sa kanya, lumalabas yung ka'sweetan ko.. Amp ano ba tong mga pinagsasabi ko..

"Let's Ditch class.." Huh? eh may review class pa kami mamaya eh. Ay oo nga pala.. andun si addland..

"San tayo pupunta?.."

"Basta.." San naman kami kaya pupunta nito. Siguro magfu'food trip na naman to.

Nakalabas na kami ng Campus. Madali lang kasi maka labas dun eh. Ewan ko ba sa mga guard dito. Walang kwenta minsan.. Pero okay na din yun..

San kaya kami pupunta?.. Naglalakad kami.. nauuna siya sinusundan ko lang siya. Pumasok kami sa.. What?! Computer Shop. Wag mong sabihing may time pa siyang mag facebook & twitter.

"Dota tayo.." ^__^V Wow. naka smile na siya. Tama yan. Whaaat? DOTA?! Kelan pa to natutong mag dota?

"Kelan ka pa natutong mag dota?.."

"Tinuruan ako ng mga HS friends kong boys. Hindi ako magaling pero may alam and nakakasabay naman.." Cool. Shit! Babaeng nagdodota. Si AYA nagdodota. Sa sobrang kikay nito nagdodota pala to. Shit. Nakaka'inlove lalo..

May mga lumapit sakin na lalake. Niyaya akong magdota. Taga school din sila. I.T yata course nila. 6 sila tapos kaming 2 ni Aya. Bali 8 kami lahat.

Ako.Aya.Ron.Richard

Vincent.Henrick.Von.Rafael.

Bali 4v4 kami. Ayan yung magkakatapat. Basta hirap ikwento yung laro. Pero nanalo kami. Galing kasi ng support ni Aya tska nung Ron eh. Sus, Weak daw si Aya eh ang ganda nga nung laro niya. Kakaiba talaga tong babaeng to.

Tapos na yung laro namin.. Si Aya tahimik lang habang salita ng salita yung iba. Hindi pa din nawawala kalungkutan niya.

Teka teka. AMP! kanina pa yang Henrick na yan eh. Yung tingin niya kay Aya iba. titingin siya tapos ngingiti. baliw yata to eh. AMP naman. Ano may gusto siya kay Aya.. Dadaan muna siya sakin at hindi ko hahayaan na ligawan niya si Aya ko.

Ayan na. Oo na aamin na ako. Crush ko na si AYA. Si Goodgirl ang BESTFRIEND ko.

I FELL IN LOVE WITH MY BESTFRIEND. I don't know where it started. I don't know why. Ang alam ko lang gusto ko Ako lang po'protekta sakanya.

Bwisit talaga. Mukhang gusto nga niya si Aya. Tabi ng tabi kay Aya eh. Hindi ako papayag..

"Goodgirl tara na.. Hatid na kita sainyo.." Niyaya ko na siyang umuwi.

Von: "Kayo ba?"

Amp. Bakit mo tinatanong?! Eh kung upakan kaya kita.

Aya: Nope. Bestfriend ko siya.

ARAY! Ang sakit naman nun.

Ron: Yun oh Single pala si Dota Princess.

The fuck. Dota Princess. Ang corny mo. Princess ko lang yan! Wag kang epal. Amp. Anong single. Bakit sinabi mong single ka? Baka mamaya ligawan ka ng mga yan eh. Amp naman to.

Ako: HOY! Anong single.. You're my GIRLFRIEND diba? Stop hurting my feelings..

Nag smile lang siya sakin. Kainis naman..

Von: Can we get your number Princess? Para Dota Dota ulit tayo.

Siya: uhhhmmmm..

Sasagot na sana siya kaya lang inunahan ko na..

Ako: Subukan mong ibigay. You're dead. Kung ayaw mong upakan ko yang mga yan wag mong ibigay.

Seryoso ako pag talaga binigay niya yung number niya. Uupakan ko lahat yan. Sisimulan ko na sa Von na yan. Kanina pa siya eh. Pero yung Henrick tahimik. nahihiya yata. Buti naman mahiya talaga siya. Hindi niya maagaw sakin si Aya ko.

Nag bbye na sila. To namang babaeng toh Pa'cute pa. ^__^V Samantalang kanina iyak ng iyak. Ayos talaga ka'weirdohan nito.

***When the day is said and done in the middle of the night and you fall asleep my love.. ...*

Nuxx. Ringtone ni Aya yan. May tumatawag sakanya.

"Im with Jerome don't worry..." .. "Yap. We're on our way home na. Nuuuuh. Don't shout. I'm Okay." .."K. Bbye See you later.."

"Sino yun?" Tinanong ko siya kung sino yung tumawag..

"Ahh si Pola tinatanong kung nasan ako.." Ahh si Singkit pala. Singkit singkit kasi ng mata nun eh.

Okay na daw siya. Okay na kaya?..

"Okay ka na ba talaga GoodGirl?.."

"Yap. Okay na ako. Okay na Okay." :) Sabay smile siya..

Okay na daw. Okay na daw siya. Pssh. Maloloko niya lahat pero hindi ako. Kilala ko siya. Ramdam ko pa din kalungkutan niya. Bakit pa kasi kelangan magsinungaling goodgirl eh.

"Okay. Uwi na kita.. Hinahanap kana. Kelangan mo na ding mag review." Nag Nod lang siya. Ayan ba yung Okay. Nasan na yung Aya ko na Sigaw ng sigaw. Yung Maharot na Aya. yung prang bata.

Sumakay na kami ng taxi. Ni'lean niya yung ulo niya sa shoulders ko. tahimik siya.

Medyo traffic kaya matagal ang byahe. Tinignan ko si Aya kung tulog ba or nananahimik lang.

Tulog nga siya. Ang cute niya matulog parang bata. Sarap pang gigilan. Pagod na pagod kasi to ngayon eh. Nakaka'awa naman tong Bestfriend ko.

Chapter Twelve.

AYA's POV

Aww. 12:42am na pala. Andito na ako sa room ko. Hinatid siguro ako ni Jerome sa bahay. Buti na lang andiyan siya para sakin. Kung hindi, hindi ko alam gagawin ko kanina. Masyadong masakit yung mga nakita ko. Hindi ko na alam mararamdaman ko.

Pero kelangan kong magpakatatag. Kelangan kong wag mag pa'apekto kasi masasaktan lang ako. Madaming maaapektuhan. Hindi lang naman siya ang meron ako eh. Andiyan pa mga Cousins ko. Ang GALS. and DOTA BUDDIES. Kaya yang mabuhay na wala ako. Kakayanin ko din na wala siya.

..Knock knock..

Pumasok sila sa room ko. Nako mukhang alam ko na yung mapag uusapan nito. Nag kwentuhan kami. Oo about dun sa pag lipat ni addland. Madami kaming napag usapan eh. Pero okay na ako. Sinabi ko sakanilang kakayanin ko. Para sakanila, para sa sarili ko..

>>FAST FORWARD.

1 week after Prelims..

Kakatapos lang ng Prelims namin. Medyo madali lang siya.Wala naman kasi masyadong nangyare. Uhhmmm. Wala nga ba?.. Nag iiwasan pa din kami ni Addland. Tapos si Christine ang sama palagi ng tingin sakin. Wow ha?! Siya pa may ganang magalit. HELLO ako po INIWAN. Sa Gals and Dota Buddies nako madami. Nagkaka developan na yung iba.

Jaimie-Aldrin (Sila naman talaga matagal na eh. Magkakababata kasi sila)

Dine-Prince (Mag M.U na..)

Yanna-Bryle (Aso't Pusa)

April-Jc (Nililigawan ni Jc si April)

Char-Luke (In denial pa. pero parehas naman gusto isa't isa)

Yung mga pinsan ko. SINGLE syempre. Choosy kasi yang mga yan eh. Tska kasi diba alam niyo naman yung priority namin. Yung career namin. Ayaw namin ma'stress sa Lovelife. Pero madaming umaaligid sa mga yan. gaganda kasi eh.

Samin ni Jerome. Ayun ewan ko ba.. Lately, napapadaldas yung pagsasama namin. Tinutupad niya yung promise niya na lagi lang siyang andyan for me. Tapos kinikilig na din ako minsan sa ka'sweetan niya. Eh kasi grabe kaya siya manlambing, Pero sakin lang. Wala pa din siyang pagbabago sa pakikitungo sa ibang tao. Snob pa din siya. Tapos sinusungitan niya yung mga Gals. ewan ko ba dito.

Hindi ko sure. Pero masaya ako when he's around. masaya ako compare dati. Mas masaya ako sa kung ano kami ngayon. I mean, mas close na kasi kami ngayon. Aso't Pusa pa din pero. Abnormal kasi yung nilalang na yun eh. Pero iba na yung nafi'feel ko sakana ngayon. Ewan pero mas lumalim na sa pagiging Bestfriend yung tingin ko sakanya. Ayuko namang mag Expect or magbigay ng malisya masasaktan lang ako. Tska BESTFRIEND ko siya. Impossibleng ma'fall siya sakin. Yun pa. Hindi ko nga alam kung nagmamahal ba yun bukod sa sarili niya eh.

"Before i dismiss you.. I have an important announcement.."

Ano kaya yung announcement? Ililipat na si Addland ng school. wahaha. Bitter ko amp.

"Dahil maganda ang result ng Prelims examination niyo. You will all go to Enchanted Kingdom. Free na ang transportation niyo.. "

"YEHEY!" nagsisigawan na naman ang klase. Tuwang tuwa. Parang mga bata. Sabagay nakaka'Excite nga naman yun.

"Sus.." Pag tingin ko kay Jerome parang wala siya sa mood. Parang hindi siya masaya sa sinabi kanina..

"Ano na naman problema mo. Bakit parang hindi ka masaya?.."

"Wala lang." Wala lang. Wala lang ba yung ganyang reaksiyon niya. Hay nako napaka moody talaga nito.

"This coming Saturday na yan ah. Walang mawawala. Have fun. Dismiss"

Yehey! Dismissed na kami. Anong araw ngayon.. Thursday na. So isang araw na lang then whoalaaa... EK na.

"Hoy lalake. Sumama ka ah."

"May choice ba ako.."

Yun naman pala eh. Sasama din naman pala siya. Aarte arte pa. Uwian na naman yehey. Pag thurs kasi hanggang 2pm lang kami..

Umalis na yung iba. Kaming Gals pumunta sa canteen. Susunod na lang daw yung Dota Buddies dun. Naglakad kami. Syempre san pa ba kami pupunta kung di dun sa favorite naming resto.

Nakasunod sa likod namin ang Dota Buddies. Syempre no choice sila. Yung mga cousin ko nga pala. Uhhh. Absent sila today and tomorrow kasi may important daw silang project na pupuntahan alam niyo naman yun. Sinasama sana ako kaya lang hindi muna ako sumama. Tambak na nga yung project na pending sakín eh. Jusko po, pano ko kaya matatapos yung mga Photoshoot. Commercials and kung ano ano pa..

Nauna na yung Gals and Dota buddies sakín. Nag Cr pa kasi muna ako eh. Syempre alam na. Tapos Retouch din.

Pagkalabas ko ng Cr ilang steps pa lang nagagawa ko..

"Araaay!" May humila ng kamay ko. Siguro si Jerome na naman to. napaka Brutal talaga nun. Nung isang araw lang kinotongan ako. Ngayon naman hahatakin lang ako basta basta.

"Ano ba wag mo ako kaladkarin.." Oo tama. Kinakaladkad niya ako.. Sino ba to..

O.O

O.O

Shit. Si.. si.. si.. si ADDLAND.

Bakit? Anong kelangan niya sakín. Nako lagot ako nito kay Jerome ayaw niyang nakikita akong kasama to. Nangako ako sakanya eh. Magagalit na naman yun.

Pero wait, Si addland hawak yung kamay ko. ULIT. oh may gosh. Ang tagal kong hinintay na hawakan niya ulit yung kamay ko..

"Bitawan mo siya.." Kay.. kay.. kay Jerome na boses yun. Patay na naman ako. Im dead.

Napatigil kami ni Addland sa paglalakad.

Hinawakan ni Jerome yung kabilang kamay ko. Si addland naman sa kabila. Waaaaaaah! HELP!

Addland-Ako-Jerome. *basta ganyan..*

"Bitawan mo siya.." sabi ni Jerome. Wala akong masabi ipit ako sa sitwasyon..

"Ayoko.." Addland bakit? Bakit ayaw mong bumitaw?..

"Sinabi ng BITAWAN MO SIYA EH!" halaa galit na si Jerome anong gagawin ko. Nakakatakot siya. Seryoso.

O.O

"Aya please. Magusap tayo. Kelangan nating mag usap.."

O.O

Oo kelangan nga naming mag usap. Ang tagal ko ding hinintay sabihin niya yan..

"Aya, sumama ka sakín sasaktan ka lang ulit niyang lalaking yan.." Jerome wag mo ko pahirapan.

"Aya please.. please. mag usap tayo nagmamakaawa na ako sayo.." ito naman yung gusto ko db yung mag makaawa si Addland. Pero bakit nasasaktan ako..

"Goodgirl.. tara na.."

Hindi ko alam hindi ko na alam.. ang gulo. Kapag namili ako may masasaktan.

"T*ngina pare sinabing bitawan mo na si Aya eh.." Galit na galit na si jerome. Pero si addland. yung itsura niya mukhang may importante talaga siyang sasabihin..

Bahala na..

"GoodBoy.. Magkita na lang tayo mamaya.." Shit! Magagalit sakín to..

Tinignan ko yung reaksyon niya. O.O gulat na gulat siya. binitawan niya yung kamay ko.

Yung tingin niya halatang nasaktan ko siya. Lumakad siya papalayo. SORRY. SORRY GOODBOY.

A**hole naman naiiyak na ako. Nasaktan ko si Jerome.

Hawak pa din ni Addland yung kamay ko. Naka ngiti siya.. Naglalakad kami.. papunta sa garden sa school. Malaki kasi yung garden eh.

Umupo kami sa isang Bench.

"Addland/Aya"

"Sige mauna kana.." pinauna ko na muna siya..

"Thankyou.. Thankyou for choosing me."

"Wag kang magpasalamat. Nasaktan ko si Jerome.. Kelangan lang talaga nating mag usap.."

"Oo nga kelangan talaga.."

Chapter Thirteen.

AYA's POV.

Tahimik lang ako. nakatingin ako sa malayo. Hindi ko alam. Ang gulo gulo ng isip ko. Pero ang sakit sakit. Ito na yun, yung pinaka hinihintay ko. Ang mag usap kami. Pano kung hilingin niyang maulit lahat. Hindi pwede may Christine na siya. Masasaktan ko mga pinsan ko and si Jerome.

"Sorry.." nag sorry siya. Sobrang seryoso niya.. Ang awkward.

Hindi ako umiimik. Hinihintay ko siyang tapusin yung sinasabi niya..

"Sorry sa nagawa ko sayo.. Alam kong mukha akong tanga ngayon na nagsosorry sayo."

Hindi. Hindi ka mukhang tanga, Sige ituloy mo lang..

"And so.." taray ko noh. Ahaha. Wala kasi ako masabi eh. Baka mapanis laway ko. Yuuck.

"Aya. Seryoso ako. Alam kong galit ka sakin. Hindi ako tanga. Alam kong nasaktan kita."

"Alam mo naman pala eh.."

"Kaya nga nagso'sorry ako eh. Kasi nahihirapan na ako.."

Shit. Naiiyak ako. Nahihirapan ako.. Bakit ganun. Ang bigat sa pakiramdam..

"Ikaw pa talaga ang nahirapan ah. Wow ang kapal din ng mukha mo.."

Totoo naman eh, Bullshit! Wag kang iiyak Aya. WAG!

"Alam ko. Alam kong makapal mukha mo. Patapusin mo muna ako. Gusto kong marinig mo lahat ang sasabihin ko. Aya. Seryoso ako! Hindi ko na kaya.. Ang hirap magpanggap."

Nag nod lang ako. Mag panggap, Bakit?

"Nung mga panahong hindi na ako nakakapag paramdam sayo. Sobrang naipit ako sa sitwasyon. Nagkasakit si Mama. Si Papa hirap sa pag handle ng business namin. Nagpatulong siya sakin. Nung graduation mo kaya ako hindi nakapunta kasi sabi ni Papa may susunduin daw kami sa airport. Nag sinungaling ako sayo.. Sabi ko sayo diba hindi ko maiwan si lola kasi walang kasama. Pero ang totoo sinundo namin ni Papa si Christine sa Airport."

tulala lang ako. Hindi ko kinakaya yung mga nangyayare.

"kumain kami sa labas after namin silang sunduin. Pinakilala sakin ni Papa si Christine. Siya yung Anak nung Bestfriend ni Papa. Siya yung tanging paraan para maligtas pa namin yung business namin. Kaming dalawa. Napag kasunduan nilang maging mag Fiancee kami. Wala na akong magawa. Alam ko kung gaano kamahal nung pamilya ko yung business namin"

Shit. hindi lang pala sila mag on ni Christine. mag FIANCEE pa. A**hole. Yun pala yung dahilan. Shit. Ang hirap. Ang sakit. Bakit. Bakit ngayon pa..

"Eh bakit ngayon mo lang sinabi? Akala ko ba tulungan tayo sa lahat ng bagay. Akala ko ba walang secret. Pinili mong saktan ako. Sabagay pamilya mo nga pala yun. Pero sana sinabi mo na lang yung totoong rason nung una pa lang para hindi ako ganun nasaktan.. Addland ang sakit. SOBRANG sakit." Umiiyak na ako habang sinasabi ko yan.. hindi ko na napigilan eh.

"Aya hindi, hindi ganun yun. Pinaglaban kita. Pero wala talga akong laban sakanila.. Aya hindi lang ikaw ang nasaktan. Doble yung sakit na pinagdaanan ko. kelangan kong mamili sa mga taong mahalaga sakin.."

"Alam ko. Hindi mo kelangan mag sorry."

"Aya. Mahal kita."

"tama na.. Masakit na. Wag ka ng mag sinungaling pa.." mas lalo akong naiyak. Ayan na naman eh. sa MAHAL kita. pinapatay lang ako unti unti ng salitang yan.

"Walang araw na hindi kita inisip. Ikaw lang ang naging laman ng puso't isipan ko. Kung alam mo lang. Araw araw akong naglalasing sa katangahan ko. Letting you go was the biggest mistake i've ever made. Ang tanga ko. Sobrang tanga aya. Hindi ko kayang wala ka. Pag nakikita kita. gusto kitang yakapin. Gusto kong hawakan yung mga kamay mo.. gusto kitang halikan.."

"TAMA NA!.." Hindi ko na kaya marinig pa yung mga yun. Sobrang sakit. bakit ganun. Diba dapat masaya ako ngayon. Pero bakit nasasaktan ako sa mga sinasabi niya. Taksil na naman tong luha ko iyak ng iyak.

Lumuhod siya sa harapan ko. hinawakan niya yung kamay ko. Shit! Umiiyak na din siya. first time ko siyang makitang umiyak..

"Sorry. Sorry kung nasaktan kita. Sorry kung naging tanga ako. Pero Aya, Mahal kita. MAHAL na MAHAL pa din kita. At nasasaktan ako pag nakikitang kong masaya ka kasama ng iba. I want you back. Please. Baby, come back to me. Lets start again. Hindi ko kayang wala ka sa buhay ko. Ikaw na ang buhay ko.."

Shit. Those words.. Pero hindi na pwede may fiancee na siya ayokong may masaktan. Bakit ang hirap. Bakit palagi na lang ako dapat nahihirapan..

tumayo ako. Inalis ko yung kamay niya sa kamay ko. Tapos na yung samin. kahit masakit ito yung dapat gawin.

"Tama na addland. You set me free once. I gave you a chance. Sinayang mo lang. Nasaktan na ako. You lied to me. Sa tingin mo mapagkakatiwalaan pa kita. And besides may Christine kana. Tama na please. Wag mo na akong pahirapan pa.."

Naglakad na ako papalayo sakanya.. Pero hinabol niya ako. Niyakap niya ako. Naka Back Hug siya sakin. Iyak na lang ako ng iyak.

"Aya.. please.. WAG.. WAG kang umalis.. I'm so sorry. Give me another chance. I'll never hurt you again.. Please Baby.. Babe. Please.. one more chance."

"Sorry.."

Umalis ako sa pagkaka yakap niya.. Ang sakit sakit.. tumatakbo ako papalayo. Iyak ako ng iyak..

"Sorry Addland.. But i really need to do this.. Mahal kita.. Pero hindi na katulad noon. Ang sakit. Sobrang sakit.."

Chapter Fourteen.

JEROME's POV

Badtrip! Anak ng.. Ano bang pumasok sa isipan niya bakit siya yung pinili niya. Ay oo nga pala. Mahal niya yun. Pero asar talaga eh. Sinaktan na nga siya dun pa din siya sumama. Paano ko siya aalagaan kung nilalagay niya yung sarili niya sa kapahamakan.

Pumunta na lang ako dito sa Canteen andito din kasi ang Dota Buddies. Yayayain ko na lang silang magdota. Kaya lang kumakain pa sila kaya hinintay ko na lang muna.

Bwisit talaga yung babaeng yun. Bahala siya sa buhay niya. Ako na nga tong nagaalala sakanya ako pa tong gagantuhin niya. Hindi ba niya naisip na masasaktan ako.

Masakit pala. T*ngina. Hindi naman ako dapat nasasaktan eh. "Bestfriend ko lang siya.."

"Bestfriend nga lang ba?.." Amp ano yun..

Prince: Pre.. Kung gusto mo siya sabihin mo sakanya..

Ako: Ulol. Pinagsasabi mo..

Bryle: Kanina ka pa kasi diyan nakasimangot. tapos puro pangalan ni Aya sinasabi mo.

Jc: Alam mo pre. Halata sayong mahal mo siya. At mukha namang mahal ka din niya eh.

Amp. Ano bang pinagsasabi ng mga to.

Ako: Bregs. Di niyo naiintindihan eh. Tangna. Oo mahal ko na nga yata siya. Ibang klaseng babae si Aya. Ibang iba siya sa lahat.

Bryle: Yun naman pala Dude eh. Edi ligawan mo na. Mahal ka nun.

Ako mahal nun. Amp. Impossible. Hindi nga niya ako pinili kanina eh. Nasaktan kaya ako ng sobra dun.

Luke: Pre, Alam kong mahal niyo ang isa't isa. Hindi ka naman magkakaganyan kung hindi special sayo si Aya eh. Dahil sakanya kaya tayo sama sama ngayon.

Ako: Pre. Kasi Bestfriend ko si Aya. Alam kong mahal niya ako kasi Bestfriend niya ako. Pero pre, ibang iba siya. Tska pre. Kung mahal ako nun. Ako pipiliin nun hindi yung EX niya. T*ngina talaga ang sakit kanina..

Sinabi ko na sa Dota Buddies. Yung mga Gals bumili.. Ewan ko kung asan na sila..

Eljhey: ANO? ANONG SABI MO?

Pola: Shit! ANONG NANGYARI KANINA?

Aww. Yare. Ayaw nga pala nilang lumapit si Aya kay Addland.

Janey: Hey! Speak Up. Ano yung pinagsasabi mong Sana ikaw ang pinili?

Waah. Sasabihin ko na nga Pesteng Aya kasi yan e. Bwisit!

Ako: Yang magaling na Aya na yan. Mas pinili pa si Addland kesa sakin.

Bryle: Ano bang nangyayare? Anong meron kay Addland and Aya?

Luke: Oo nga. Char.. Anong meron?

Char: Malay ko.. Hindi ko din alam..

Nagkatinginan lahat. Halata sa mga mukha nilang wala silang alam sa past ni Aya.

Lorshey: Ex kasi ni Aya si Addland. Sobrang mahal nila yung isa't isa. then bigla na lang na fell out of love si Addland.

Agatha: Hindi siya nagparamdam. Walang nakaka'alam ng totoong reason kung bakit niya nagawa yun kay Aya.

Janey: Ang alam lang namin. Sobrang nasaktan si Aya. Mukhang ang saya saya niya ngayon pero ang alam namin nasasaktan siya sa nangyayare.

Eh halata naman kasi talaga eh. tapos sasabihin niyang Okay siya Okay na ok. Ano kayang nangyayare dun ngayon. Amp.

Dine: Ang tanga naman ni Addland. Nakakainis siya gwapo pa naman niya.

GWAPO?! Pssssh. Mas gwapo pa ako dun eh.

Elijhey: Alam naming sobrang nasasaktan si Aya ngayon lalo na nung nalaman niyang si Addland and Christine na.

Bryle: Yun naman pala Pre eh. Ligawan mo na.. Wala ng pagasang magkabalikan pa sila..

G*go talaga to. Amp naman!

PAK binatukan ko nga.

Bryle: Aray! Ayaw pa kasing umamin eh.

Ako: Ulol.

Bwisit talaga tong lalaki na to kahit kailan.

Gals: MAY GUSTO KA KAY AYA?

Aba. Talagang sabay sabay pa nilang sinabi. Nagtawanan sila. Amp naman Bryle!!

Ako: Paki niyo!

Lorshey: YEHEY! Sabi na nga ba. Bagay kayo!

Ako: Ano bang pinagsasabi mo..

Yanna: Hey Boy. Don't hurt our baby girl okay.

BABY GIRL! anak ng.. Hindi ko naman talaga kayang saktan yun eh. Kaya nga ko nagkakaganto sakanya kasi ayuko ng masaktan pa siya.

Pero hay bwisit na bwisit pa din ako sakanya.

Janey: Eh ano pang ginagawa mo dito. Hanapin mo na siya baka mamaya umiiyak na naman yun..

Amp. tumayo na ako. hahanapin ko na nga yung bata na yun. Grabe sure ako umiiyak na naman yun.

Halos naikot ko na yung buong campus wala pa din siya. Hindi ko pa din siya nakikita. Nagwo'worried na ako sakanya. Tinatawagan ko siya hindi din niya sinasagot phone niya. Kahit sa mga text ko. Anak ng naman..

Saan ko siya hahanapin halos lahat ng alam kong pupuntahan niya napuntahan ko na.

Asan kaya siya nagaalala ako sakanya.

AYA's POV

Hindi ko na alam. Bakit ganun sobrang sakit. Ito naman yung hinihintay ko diba. Yung samin ni Addland. Yung bumalik lahat. Pero hindi na tama eh. May fiancee na siya.

Nung magkasama kami gustong gusto ko siyang yakapin. Gustong gusto kong sabihin na ang tagal kong hinintay to. Bakit ngayon mo lang sinabi. Masyado ng huli ang lahat.

Habang kausap ko si Addland kanina. Naiisip ko si Jerome. Nasaktan ko siya. Siya yung taong dumamay sakin nung wala si Addland. Pero mas pinili ko yung taong nanakit at nang iwan sakin.

Nakakainis sa lahat ng ginagawa ko may nasasaktan. Ayan nagtaksil na naman tong luha ko. Umiiyak na naman ako. Addland sobrang minahal kita pero ang sakit sakit nung ginawa mo. Hindi ko alam.

Andito ako ngayon sa Sa computer shop kung san kami naglaro ng Dota ni Jerome. Nakaupo lang ako sa labas ng pinto nung computer shop. Hindi kasi ako pumapasok eh.

Ayaw tumigil nung luha ko sa pagpatak. Iniisip ko si Addland. Iniisip ko din si Jerome.

"Okay ka lang?.. kanina pa kita pinagmamasdang umiyak eh." Aww. Nakakahiya na yata pinag gagagawa ko. Bakit ba kasi ako dito pumunta eh.

Pag tingin ko sa likod. Siya.. Si Ano.. Si Henrick yung kalaro namin sa Dota nung isang araw.

"Bakit ka ba umiiyak?.."

"Hah. Wala.."

"Ano ka baliw? Umiiyak ng walang dahilan.."

Ayos to ah. Mas okay pang tahimik siya eh. Kesa sa ganto. Lakas mang asar. Wag ngayon masyado akong malungkot para makipag biruan. Hindi ko na lang siya pinansin.

"Huyy. Joke lang. Smile na diyan oh."

Nag fake smile na lang ako kasi baka kung ano naman isipin niya saakin. Nakakahiya.

"Ayan nag smile na din yung BATA." Aish. BATA! The Eff.

"BATA KA DIYAN?! AISH!"

"Chillax lang gusto mong ice cream?"

Tinignan niya ako. Tapos nagpa'cute infairness. Cute siya. ^^

"Lilibre mo ako.."

"Oo. Tara Bata tayo na diyan baka sabihin pinaiyak pa kita.."

Maka bata naman to wagas. Lakas talaga mang asar ng kapreng to. nakakainis.

"Oo tatayo na KAPRE!" Napa smile ako nung tinawag ko siyang kapre.

Pano kasi yung reaction niya O.O

Kumain ka kami ni Henrick. Hindi naman kami masyadong nag usap. Ang akward kaya kung sasabihin ko sakanya yung kwento ko. Hindi pa naman kami Close eh. Pero masaya naman siya kasama. Hindi siya nauubusan ng sinasabi kapaliktaran nung nasa isip ko.

Eh pano ba naman tahimik lang siya. Ngayon naman puro kwento siya ng about sa Dota! HELLO. Weak pa lang po ako..

Okay na ako. Okay na nga ba? Hindi ko pa din kasi makalimutan yung nangyari kanina. Parang pinapatay ako ng unti unti. Bawat salitang sinasabi niya hindi ko alam kung matutuwa ako o masasaktan ako.

"Uyy. Princess. Bakit tahimik ka na naman?"

"Ahhh. Ahh.. Wala.."

"Pwede ba yun.. Abnormal ka nga.."

"GRABE KA NAMAN!"

"Eh bakit mo ko sinisigawan.."

"Bakit mo ko tinatawag na Abnormal.."

"Eh kasi abnormal ka. halata namang malungkot ka tapos sasabihin mong wala. Baliw."

"Kdot. Uwi na ako. mag gagabi na din hinahanap na ako samin.."

"Osige BATA. Ingat."

Bwisit na to. Bata na naman. AISH.

Nag nod na lang ako sakanya then nag Wave ng Bye.

Sumakay ako ng Taxi.

Patay ako nito sa mga pinsan ko. Hindi ako umattend ng review class namin. Hala. Mag rereview na lang ako mamaya.

Ano kayang nangyare kay Goodboy? Paniguradong mainit dugo sakin nun.. Bahala na..

Tinignan ko phone ko. Waaaaaaaah. 50+ unread messages.

Tinignan ko lahat. Yung madami puro mga pinsan ko. Yung iba naman sa Gals tinatanong kung asan na ako. Pati ang Dota Buddies merong text sakin. Eh bakit si Jerome wala man lang text.. Scroll scroll...

From: 0917*****

Aya. Seryoso ako sa mga sinabi ko kanina. I want you back in my life. I'll do everything to win you back. Hindi ako titigil hanggat hindi mo sinasabi saking tumigil na ako. Please Aya, mag usap ulit tayo hind ko na kayang makita kang makukuha pa ng iba. MAHAL na MAHAL pa din kita art hinding hindi mawawala yun. SORRY sa katangahang ginawa ko. I regret letting you go. I love you my Forever..

--addland.

Shit. back to reality. Ito na naman. Ayuko na, bakit ngayon pa. bakit ngayon..

(np: TRY -Asher brook)

Sakto yung kanta. Ayan yung kinanta niya sakín isang beses nung magkausap kami sa phone. Nung nagkakakilala pa lang kami. nung nahuhulog pa lang yung loob ko sakanya.

Taksil na luha to.. Bakit umiiyak na naman ako.

Bakit naman kasi kelangan ito pa yung kanta eh. Manong please palipat naman.

*From: 0917******

I love you forever baby. Please, give me another chance to start our forever again. All i want is to be with you. Give me one last chance. Please.

Flinood niya ako ng mga text niya..

*From: 0917******

I love you still. One last chance baby..

*From: 0917******

All i want is to wake up again in the morning knowing i have you in my life. I love you..

*From: 0917******

Remember nung 1st monthsary natin. We're so much in love. I want it back. I want you & me back. I love you Hon.

WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAH :(

Bwisit naman sumakto pa yung kanta namin sa pagbabasa ko ng mga gantong text niya. Tama na please. Wag mo na akong pahirapan.

Hindi ko siya nirereplyan. Hindi ko alam sasabihin ko. Pero yung nararamdaman ko ngayon. Alam ko pa ba?

Chapter 15.

AYA's POV.

Andito na ako sa school. Maaga ako pumasok ngayon. Na kwento ko na sa mga pinsan ko yung nangyare kagabi. Naintindihan naman nila eh. Hindi daw nila ako masisisi kung nagawa kong mag walk out. Alam naman nilang nahihirapan ako eh.

Dumating na si Addland sa room syempre kasama niya si Christine. Nakatingin sakín si Addland pag pasok niya. Umiwas na lang ako ng tingin hindi ko siya pwedeng titigan kasama niya si Christine ang awkward na kasi simula nung nakapag usap kami kahapon.

Wala pa din si Jerome. Late kaya siya. Hindi pa din niya kasi ako tinetext simula kahapon. Oo nga pala may kasalanan pa ako sakanya..

Naunang dumating yung prof namin. Late na naman nga yun. Oo nga pala bukas na yung Ek namin. Hindi pa din kami nagkakaayos siya pa naman yung partner ko dun.

Nakatingin lang ako sa bintana. Wala si Jerome sa tabi ko nakakapanibago..

"GoodMorning Mr.Carter late ka na naman.."

"Sorry."

Mr.Carter si Jerome dumating na. Aish. Parang kinakabahan ako ngayon.

Kasi naman pag pasok pa lang niya ng pinto nakasimangot na siya. Parang bad mood na naman. Ano kayang nang yare sakanya?

Habang papalapit sya mas pabilis ng pabilis yung tibok ng puso ko. Eh bakit ba kasi ako kinakabahan. Pwede naman akong mag sorry eh.

Nag smile ako sakanya bago siya umupo. Tumingin siya pero hindi man lang niya ako pinansin. Hindi man lang siya nag smile back. Bakit ba ang moody nito.

"Meron akong importanteng Announcement."

May Announcement daw yung prof namin. Siguro yung tungkol sa Ek yun.

"Na re-sched yung Ek niyo sa Wed. Kasi Sa Tuesday night birthday ni Pres. Perez (yung may ari nung school) So magkakaroon tayo ng celebration sa umaga then Open Mic party sa gabi."

Aww. Sayang naman excited pa naman ako mag Ek. Kainis. May Open Mic party daw. Pupunta ba ako? Eh may naka Sched ako na photoshoot nun eh.

Bahala na nga.

Tahimik pa din si Jerome naka tingin lang siya sa bintana. Ano ba yan wala akong makausap.

"Goodboy.. pupunta ka sa Open Mic Party?"

Hindi siya sumagot. Tinignan niya ako pero umiwas din agad siya ng tingin. Galit nga siya sakín. Eh Sorry na nga kasi eh.

"Ui sorry na.." Hindi pa din niya ako tinitignan..

Nakakainis naman. Bakit ba kasi ayaw niya akong pansinin..

"SORRY NA NGA KASI.." Napatingin lahat ng classmate namin samin. Pati prof namin napatigil sa pag sasalita.

"You two.. (pointing on me & jerome) Get out of my class kung magsisigawan lang kayo."

Aish. Ano ba yan pinapalabas pa kami ng room. Sa monday na exam namin. hindi pa ako nakaka'attend ng review. Bwisit naman kelangan ba agad agad na papalabasin hindi ba pwedeng second chance.

"AMP. t*ng.." Kinuha ni Jerome yung bag niya tapos nagmamadaling lumabas.

Hala mas lalo yata siyang nagalit sakin.

Nakatingin sakin yung mga pinsan ko. Lahat sila nagtatataka parang gulat na ewan. Kinuha ko na din yung bag ko tapos lumabas na ako ng room. Eh bakit ba sabi niya labas eh. Edi okay.

Nakita ko si Jerome. Umiinom dun sa Drinking Fountain. Tumakbo ako papalapit sakanya..

"Ano bang problema mo?.." Humarap siya sakin. Galit.

"IKAW ang problema ko. Ng dahil dyan sa kaingayan mo pinalabas tuloy tayo.."

"EH AYAW MO KASI AKONG PANSININ EH."

Ako pa pala may kasalanan ngayon. Eh kung pinapansin mo ako diba?

"Pwede ba Wag kang sumigaw ng dahil dyang sa kaingayan mo kaya ako napapahamak eh"

Ah so ganun. Badtrip naman to. Eh alam kong may mali ako. Pero sana wag naman niya akong iwasan.

"Eh kung hindi mo ako iniwasan, kung kinakausap mo ako hindi kita sisigawan.."

Hinawakan ko yung kamay niya.. habang sinasabi ko yun.. kaya lang tinanggal niya yung kamay ko..

"Anak ng.. Ano bang problema mo? Bakit ba ang kulit kulit mo.."

"Ikaw! Bakit mo kasi ako iniwasan.. bakit ka ba galit?"

Naglakad na siya.. sinusundan ko lang siya maglakad..

"Ui.."

"Ui.."

"GOODBOY!"

dire'diretso pa din siya sa paglalakad. Ang angas niya maglakad. Grabe. Nakatingin sakanya lahat ng mga babaeng nadadaan namin..

"HINDI AKO TITIGIL HANGGAT HINDI KA HUMAHARAP AT HINDI MO SINASABI SAKIN PROBLEMA MO"

Napatigil siya.. Napa hinto din tuloy ako sa paglalakad.

Pag harap niya. O.O Sheemz. Galit na galit yung itsura niya.

Hinawakan niya yung shoulders ko. Sobrang higpit. Yung both hands niya nasa magkabilang shoulders ko. Basta nanggigil siya.. yung gigil na may halong galit. ang sakit kaya..

Nakatingin ako sa mata niya. Shock ako as in yung mukha nya ngayon galit. First time ko siyang makitang magkaganto.

"GUSTO MO MALAMAN PROBLEMA KO. IKAW! IKAW ANG PROBLEMA KO. KAYA TANTANAN MO NA AKO"
Binitawan niya ako sabay takbo siya papalayo.

Hindi ko na siya nahabol. Hindi ako nakapag salita. Nakatayo ako sa gitna ng Hallway with the face like this O.O
Ako. Anong meaning niya ng Ako?

Naglakad lakad ako.. Anong meaning niya ng Ako? Bakit Ako? Curious pa din talaga ako. Bakit Ako?

PAK

Aray naman may nabangga pa ako..

"BATA/KAPRE" Timing talaga to eh no. Si Henrick palagi siyang sumusulpot pag malungkot ako.

"Bata ka talaga. Hindi ka marunong mag ingat sa dinadaan mo.."

Aish. Bata na naman. Andiyan nga siya wala naman siyang ginawa kung di asarin ako.

"Kapre ka kasi ang laki laki mong tao.."

Nag smile lang siya. Ayy pogi din pala tong ungas na to. Pero mas pogi si Jerome sakanya.

WAAAAAAH. Ano ba tong sinasabi ko..

"Bakit ba hindi ka nakatingin sa dinadaan mo?."

"Ahh.. Wala. Bothered lang."

"Kanino?"

Wow. Kanino agad ah. Pwede namang tungkol saan. Sabagay kanino nga naman..

"Boyfriend mo?.."

Huh? Ano daw. Boyfriend eh wala nga ako nun eh..

"Wala akong boyfriend.."

"Yun!.."

Napatingin ako sakanya. Anong Yun yung pinag sasabi niya.

^__^ Aba nag pa cute pa ang loko.

Sa kakalakad namin dito kami napadpad sa Canteen..

tumingin siya sakin.. "Kumain ka na ba?.."

"Hindi pa nga eh. Ikaw?"

"Hindi pa din. Tara kain tayo. My Treat."

Wow galante talaga to. Eh pero kasabay ko ang Gals kumain ngayon eh. Pero sayang to sige go. tetext ko na lang sila.

To: Dine.

Dear. Andito ako sa Canteen. paki sabi na lang sa GALS. :] I'll wait you here..

Message sent.

Chapter Sixteen.

JEROME's POV.

Ang manhid manhid niya talaga. Nagtatanong pa siya kung ano bang problema ko. Bakit gaano na ba katagal yung kahapon?. Kahapon lang naman nangyare yun ah tapos hindi niya maalala nakakainis talaga.

Pinalabas pa tuloy kami ng dahil sa kaingayan. Hay nako naman. Hindi na ako nakapag review class ng dahil sakanya. Bahala na nga.

Naglakad lakad ako. Aba sabi na nga ba dito ako dadalhin ng paa ko eh. San pa ba edi sa Computer Shop.

Sila Vincent yun ah. Yung nakalaro namin ni Aya ng Dota nung isang araw.

Lumapit sila sakin. Buti na lang andito tong mga to. May makakalaro ako. Yung Dota Buddies ko kasi ayun nagreview. Badtrip pa din talaga pag naaalala ko.

"Dre.. nagiisa ka yata. Tara Dota?.." Niyaya ako ni Von mag dota. Siya yung pinaka makulit sakanila eh.

Teka bakit parang kulang sila. Wala yung isa. Yung matangkad. Ano nga ba ulit pangalan nun.

"Nagtataka ka no? Kasi kulang kami ng isa.."

Nag nod na lang ako. Iniisip ko pa din kasi yung pangalan niya eh.

"Wala si Henrick ngayon. Sabi niya may gagawin daw siya. Ewan namin dun.." Yun yun nga si Henrick. Yung matangkad. Teke, matangkad din kaya ako. Pogi pa.

"Kaya kami puro Dota kasi sabi namin no time for girls muna. Kami kami palaging magkakasama. Walang iwanan. Walang session ng dota na may kulang samin.." sabi ni Richard.

Aba nag drama pa tong mga ungas na to sakin. Wala pa kasing bakanteng computer kaya nag pa reserve muna kami. Kaya ayun nagku'kwentuhan lang kami.

"Last nagka ganyan si Henrick nung nagka'Gf siya. Hindi talaga siya nagdodota nun. Tapos nung nag break sila. Araw araw halos hindi na siya umaalis sa harapan ng computer kaka'dota."

Grabe naman kaadikan nun. Broken hearted naman pala kaya ganun eh.

"Feel namin may bago na namang natitipuhan yun eh. Kasi nagkakaganyan lang yan pag may popormahan yan.."

Grabe ikwento daw ba sakin yung mga yun. Pakielam ko naman dun. Sabagay, kung lalaki ka tapos may nililigawan ka kelangan mo ngang magtipid. Buti pa ako mayaman. Yun oh. Yabang ko talaga.

nagdota na kami. Panandalian nawala yung inis ko. Eh bakit ba. Syempre kasi nagdodota ako kelangan focus sa laro. Pero amp naman to si Aya. Ni isang text wala. Kabwisit talaga yung bubwit na yun.

Hindi ko pa din kasi makalimutan yung pag pili niya kay Addland kesa sakin eh.

Amp. Napatay ako. >.< Hindi kasi ako makapag concentrate sa laro eh. Imba kayang kaya ko to eh. Kung wala lang sa isip ko si Aya. Ay wala na pala siya dun kasi nasa Puso ko na siya. Yun yun eh. Cheesy ko na. Amp.

(Busy. Nagdodota)

>>Fast Forward: Monday.

Wala naman kasing nang yareng iba eh. Hindi man lang nag text sakin si Aya. Hinihintay ko lang naman yung mag sorry siya eh. Yung sincere talaga pero mukhang hindi mangyayare yun. Mukhang busy kasi siya eh. Baka nag review.

Andito na ako sa school. Maaga ako pumasok. Prelims na namin ngayon. Sa Wed na yung Ek namin. Hindi pa ako dumeretso sa room. Nagaantay ako dito sa hallway.

Grabe ang daming nakatingin sakin. Problema nitong mga to?

"Grabe ang pogi niya.."

"Single pa daw siya sabi nung friend ko na ka'classmate niya.."

"Ang pogi niya talaga. Nakakainlove.."

"Nakita ko na Prince Charming ko.."

Ano ba naman tong mga babaeng to. Bulong bulong pa rinig na rinig ko naman. Hello lakas kaya ng boses nila. Wagas pa ako titigan nakakainis. Ang tagal naman kasi dumating nung inaantay ko.

Nilagay ko na lang yung headset ko. Nakinig na lang ako ng music sa cellphone ko.. ang tagal kasi eh. Naiirita pa ako sa mga babaeng to.

AYA'S POV

Hectic masyado sched namin nung weekend. Daming photoshoot tapos may mga contract signing pa. Buti na lang nakakapag review pa ako sa gabi. Kanya kanya kaming review ng mga pinsan ko. Pano nung weekend iba iba yung sched namin. Ang hirap talaga ng ganto.

Prelims namin ngayon. kaya hindi ako nagpalate baka mapagalitan na naman ako ng prof namin. Hay makikita ko na naman si Jerome hindi pa nga ako pinapansin nun eh. Kainis talaga pag naaalala ko.

I wanna see my GALS na. Infairness namiss ko sila hindi ko alam kung bakit pero sobrang miss ko sila.

Balita samin ni Addland. Ayun, text pa din siya ng text sakin. Hindi ko na lang pinapansin ayuko na kasing may maramdaman pa. Duh? FIANCEE niya si Christine tapos gaganunin niya ako. Stupid Boy.

"Aya, una ka ng pumunta ng room. Kakausapin lang namin yung principal." Ay oo nga pala next week kasi aalis yung mga pinsan ko. Iwan na naman ako. May pending commercial kasi silang kelangang gawin. One week lang silang mawawala. Hey, One week din yun. Home alone na naman ako with my Yaya.

"You're late.." Sino to.. si Jerome =)) :"">

Inakbayan niya ako. Tapos ang angas nung pagkasabi niya nung you're late. Gets niyo? Aba ang Pogi niya ngayon ano ba yan. Why'd you have to be so handsome.

"GOODBOY!" napasigaw ako hindi ko na naman napigilan. Eh kasi naman akala ko hindi pa din niya ako papansinin eh.

Nagtinginan sakin lahat. Sorry naman. Sobrang happy lang.

"Pwede ba?! Wag kang sumigaw.." tinakpan niya yung bibig ko..

tapos naglakad kami papalayo habang tinatakpan pa din niya yung bibig ko. Naiimagine niyo ba? Basta yun na yun.

Inalis na niya yung kamay niya sa bibig ko nung malapit na kami sa room.

Pumasok nakami ng room. Busy lahat nag rereview. Sinalubong ako ng Gals ng BIG HUG. Kiniss ko din sila isa isa sa cheeks. Eh sabi sainyo namiss ko sila eh.

Umupo na kami ni Jerome sa upuan namin. Back to reviewing na kasi yung mga classmate ko. Dumating na din yung mga Cousins ko. nag Okay sign sila sakin. Siguro pinayagan na sila. Swerte talaga ng mga to.

"Hoy.." Maka hoy naman to si Goodboy wagas.

Humarap ako sakanya. Shit. Hindi ko mapigilan hindi mag smile. Ang pogi niya kaya. SOBRA.

"Yes why?" Nag smile ako sakanya..

^ ___ ^

"Wag kang magpa'cute. Tatadyakan kita eh.."

Amp. Anong pa'cute. porket nag smile ako pa'cute na agad. Hindi ko siya pinansin. Pa'cute daw ako. Aish.

Tumingin ako sa harapan. Sakto biglang pumasok si Addland syempre with Christine. Pero mukhang mag ka'away sila ngayon. Eh kasi nauna si Christine tapos nasa likod lang niya si Addland. Nahuli ko si Addland nakatingin sakin.

Bakit na naman. Wag mo na akong pahirapan Addland, Im trying to move on. Ikaw naman gumusto nito diba? Ikaw ang nag let go sakin. Sinayang mo lahat.

"Ayan ka na naman eh.." Narinig ko siya bumulong niyan.

"Huh ano na naman yun?.."

"Amp.."

ANo badtrip ka na naman sakin? Ano ba yan. Ano ba kasing ginagawa ko?

"Ano nga kasi yun?.."

"Nevermind.." Ayos naman ayaw pa sabihin.

Hindi na kami nag pansinan. Dumating na din yung prof namin. Hindi ko muna siya inisip. Focus muna ako sa Exam. Kelangan ko ipasa to.

Ayan na. We're taking our exam na. Medyo madali naman. Kaya ko siya. Chicken. Joke lang. Tinignan ko si Jerome. Walang kahirap hirap sumagot. Ang pogi niya pag serious face niya. Ano ba yan. Focus Aya! FOCUS =)

Lalala... So malapit na matapos yung time namin siguro mga 30mins left na lang. Patapos na din ako. Pag tingin ko kay Jerome ang haba nung Essay niya. Wah samantalang yung akin. Ang tipid pero meaningful naman. Nagikot ikot yung mata ko. Hindi para mangopya ah. Wala lang.

Nakita ko si Addland, naka sleeping position na siya. Matalino din kasi yan eh. Si Christine naman ewan ko kung tapos na to pero nakatingin lang siya kay Addland.

Oh Addland. I wish i can you right now. Ganda kasi ng likod niya eh. Aww manyakis ng dating ko. Eww. AYA FOCUS! 10 items na lang..

"Okay class. Pass all your papers."

Waaah. Buti na lang natapos ko. Biruin niyo yun natapos ko pa.

"Dismiss.."

YEHEY! Uwian na. Test lang kasi ngayon kaya maaga uwian. Nilapitan ako ng mga GALS. nag kwentuhan kami dun sa test. Ingay na naman namin..

"GoodBoy.."

"O?" Pag harap niya sakín ang sungit na naman nung itsura niya..

Hindi na lang ako nag react. Waaah. Baka kasi maglit lalo to.

Pag talikod ko nakita kong andun sa likuran ko si..

Addland..

WAAAAAH. Ang Bango niya talaga..

"Pwede ba akong makisabay kumain? Uuwi kasi si Christine.." Huh? Ano? Siya sasabay samin..

Eh.. eh.. eh bakít.

Nakita ko yung reaction nung GALS. lahat sila nakatingin sakín. Parang worried. Bakít?

Eljhey: "Okay ka lang ba?! Kapal talaga ng mukha mo eh noh.."

Hindi ako maka'react. Wag wag niyo siyang awayin. Please. Hindi ko kayang makítang inaaway niyo siya. Tama na..

Addland: "Sorry.. Gusto lang kasi ng kasabay kumain. Wala si Christine. Wala naman akong iba pang kaibigan dito..."

Sure sigé. Sumabay ka. Masaya yun. Pahirapan mo ako. Bakít ka ba ganyan ang sama sama mo..

"Sigé sumabay ka.." Huh? Sino nag sabi nun? Hindi ba niya ako inisip?

"Hindi naman kami sasabay ni Aya kumain eh. May pupuntahan kami.." Si.. si Jerome. THANKYOU! pero bakít niya ginagawa sakín to?

"Tara na.." Kinuha niya yung gamít ko. tapos hinila niya ako papalayo.

Sobrang nagmamadali siya. Hindi na ako nagrereact. Ayuko ng kasing mag away pa kami. Utang na loob ko sakanya to..

Grabe, pansin ko lang ah. Halos lahat ng daanan naming babae nakatingin sakanya.

"Naiilang ako.." Napabulong ako..

Huminto siya sa paglalakad. Humarap siya sakin tapos hawak hawak pa din niya yung kamay ko. Ano ba yan.. kinikilig ako..

"Bakit? Okay ka lang ba? Andito lang ako. Diba sabi ko sayo hindi ko na hahayaang masaktan ka pa." Huh? Anong pinagsasabi nito. Eh ang sweet... *blush*

"Huh? Ano bang pinagsasabi mo?.."

"Edi ba sabi mo naiilang. Hindi mo kelangan mailang sakin.."

Ano bang pinagsasabi nito..

"Sabi ko naiilang ako. Ang daming nakatingin na babae sayo. Nakakatunaw yung mga tinginan nila"

PAK Aray ko naman, nabatukan pa ako.

"Siraulo.. tara na nga alam kong ginutom ko sa Exam.."

"Buti alam mo.."

Naglakad lakad kami sa school. Ang ingay ng school ngayon. Chismisan. Tapos may mga nag pa'practice pa para sa Open Mic Party bukas.

"Hoy.."

"Yes? ^__^" Grabe may pangalan kasi ako hindi HOY. Im AYA.

"Amp. Pa'Cute ka talaga nakakainis.."

"Ang sama mo. Ui bilan mo ako nun.. (turo dun sa Crepe)"

"Ayuko nga bakit bibilan kita? may kasalanan ka pa nga sakin eh.."

Eh ano na naman yun? gusto ko talaga yun.. Yung Crepe. Im Craving..

"Eh sige na please. *puppy eyes*"

"T*ng.. naman Goodgirl. Wag kang magpa'cute. ito pera bumili ka."

Binigay niya sakin yung pera tapos nag walk out. Umupo na siya. Anong problema nun..

kainis ang Moody. daig pa ang babae. Kanina ang sweet sweet niya sakin, tapos ngayon ganyan na naman..

Chapter Seventeen.

JEROME's POV.

Nakakainis. Winalkoutan ko nga siya. Magpapabili lang kelangan pang magpa'cute. Eh ang ganda ganda na nga niya. Kelangan pa kasing gumanun. Potcha naiinlove ako lalo sakanya pag ganun siya eh.

Ang moody ko ba? Naiinis kasi ako. Alam niyo yung kahit anong galit ko sa ginawa niya hindi ko pa din magawang umiwas sakanya. Tapos palagi pa siyang nagpapa'cute.

Ayan na pabalik na siya. Ahaha. Nakasimangot na naman siya..

"Nakakainis.. wala yung flavor na gusto ko.." Amp. akala ko naman kung bakit siya naiinis..

Hindi ko siya pinansin. Ang cute niya para siyang bata mainis.

"Pupunta ka bukas?.." Pupunta nga ba ako? Tinatamad kasi ako eh..

"Hindi ko alam.."

"Ano ba yan. Pupunta ka.. Pag ikaw nawala dun malilintikan ka sakin.."

Humarap ako sakanya. Biglang lumungkot yung mukha niya..

"GoodBoy. Kelangan kita.. Alam mo naman pinagdadaan ko diba?.."

Sus. Kelangan kita pero mas pinili mo siya.. Nagkaka'lokohan na tayo dito eh..

"Eh kung kelangan mo ako. Bakit mas pinili mo siya?.."

"Kasi kelangan naming mag usap. Gusto kong marinig lahat ng dahilan niya. Ang tagal kong hinintay yun.. Yung pagkakataong magkausap ulit kami ng harapan.."

Oo nga pala. Wala pa silang matinong closure. Pero pwede naman sila mag usap sa text, sa phone bakit kelangan solohin pa niya si Aya ko..

"Pero bakit kelangan tanggalin mo yung pagkakahawak ko sayo. tska pwede naman kayong mag usap sa harapan ko ah."

"Hindi mo naiintindihan Goodboy.. may rason siya.. Nakikipagayos siya.. "

Sus.. gago pala siya eh. Kahit anong rason yun hindi sapat na iwan ka niya..

"Hindi din.. Bilisan mo pagkain mo.." kelangan ko siyang makausap. Hindi ito yung tamang lugar para mag usap kami..

"Eh... Oo na sige na.." Tinignan ko siya ng masama. Yun naman pala eh. Makukuha sa tinginan lang.

Pagkatapos niyang kumain.. tumayo na kami. Kinuha ko yung bag ko. Mas nauna akong umalis sakanya..

Sinusundan lang niya ako kahit san ako magpunta.

"San tayo pupunta Goodboy?" Nagtatanong siya pero hindi naman nangungulit. Yung parang gusto lang niyang malaman kung sa kami pupunta..

Umakyat kami dun sa Gym. Sa tabi nun may rooftop. Halos walang katao tao dun. Bihira.

"Bakit tayo andito? Bakit walang tao.." Tanong siya ng tanong hindi ko siya sinasagot.. Bakit ko nga ba siya dinala dito? Anong sasabihin ko. Pota kinabahan tuloy ako bigla.

Chapter Eighteen.

AYA's POV.

Ang awkward naman.. bakit kami andito. Kung may sasabihin siya pwede naman sa baba kanina bakit kelangan sobrang private pa..

"Naalala mo ba yung promise ko sayo?.." Anong promise yun?..

Tinignan ko lang siya with the blank on my face. Teka, kasi naman ang dami ko kayang iniisip lately.

"Sabi na nga ba hindi mo naaalala.." bumulong siya.. nakatingin lang ako sakanya.. Hindi ko siya maintindihan. Napaka serious nung mukha niya.. Seryoso siya sa mga sinasabi niya..

"Hindi kita maintindihan.. Goodboy ano bang pinagsasabi mo.." naguguluhan na ako.

"Yung promise ko sayong.. I won't let anyone hurt you again. Yung promise kong andito lang ako para sayo. Poprotektahan kita kahit kanino.. naaalala mo ba?.."

Yun ba yun.. Oo naalala ko yun.

"Oo.."

"Pero hindi mo ko hinahayaang gawin yun.."

Nakatingin siya sa malayo.. Goodboy ano ba? Hindi kita maintindihan.. Hindi hinahayaan kung alam mo lang ikaw lang ang kailangan ko.

"Ano bang pinagsasabi mo.. What's the problem Goodboy?.."

"Goodgirl.. nasaktan ako.. Nasaktan ako nung siya yung pinili mo.. Alam kong minahal mo siya.. Ay mali mahal mo pa pala siya.. Pero nagbakasali ako.. Nagbakasakaling ako ang pipiliin mo.. Sakin ka sasama.. pero wala.. Nagkamali lang ako.."

Awww. Hindi ganun yun.. Oo minahal ko siya. MINAHAL. Ngayon nawawala na.. dahil andiyan ka. Masaya na ako na andiyan ka.. Kaya wag ganto..

"Hindi ko na siya Mahal.. sana maintindihan mo ako.. kelangan naming makapa usap.. Alam ko namang maiintindihan mo ako eh.. Ang tagal kong hiniling marinig yung totoong rason.. "

"Aminin mo nga sakin.. Mahal mo pa ba siya?.."

Humarap siya sakin.. Grabe sobrang seryoso niya.. Kinakabahan ako lalo..

Mahal ko pa ba siya?

"Magsisinungaling ako kung sasabihin kong hindi na.."

Nakatingin lang siya sakin.. hindi siya umiimik.. hanggang sa iniwas na naman niya yung tingin niya..

"Pero hindi na katulad ng dati. Hindi ko alam naguguluhan ako.. Masaya na ako nung wala siya.. Kinakaya ko na eh. Pero nung nakita ko ulit siya. lalo na ngayon sa lahat ng nalalaman ko. Nasasaktan pa din ako ng konti.. Hindi ko alam kung ano pa yung rason ng onting pagmamahal na natitira ko sakanya.."

Hindi niya ako pinapansin parang ang lalim lalim ng iniisip niya.. Ang dami kong gustong sabihin pero bakit parang ayaw lumabas sa bibig ko..

"Goodboy.. Hindi madali tong pinagdadaan ko.. bawat galaw ko may nasasaktan.. Kahit anong pilit kong maging masaya.. may kulang.."

Hindi siya sumagot. Nakatingin pa din siya sa malayo.. Yumuko ako..

"Hayaan mo akong punan yung kulang na yun.. Hayaan mo akong samahan ka kahit saan. Sasamahan kita sa kasiyahan at sa kalungkutan.. Wag mo naman sana akong pagtabuyan.."

Huh? Pagtabuyan.. Hindi.. Hinding hindi kita ipagtatabuyan...

Humarap siya sakin.. Hinawakan niya yung kamay ko tapos bigla niya akong niyakap..

O.O <- AKO

^__^ <- SIYA.

"Wag kang matakot na harapin siya.. Andito ako.. Hinding hindi ko hahayaang masaktan ka na naman.. Mahalaga ka sakin.. 8 letters.."

Umalis ako sa pagkakayakap niya sakin... Gusto ko makita mukha niya.. Yung pogi niyang mukha..

"Anong 8 letters?.. Tinignan ko siya sa mata.. Nag smile lang siya..."

"Tara na.. baka hinahanap na nila tayo.." Naramdaman ko yung mood swing niya.. Sumaya na ulit siya..

Kinuha niya yung gamit namin.. Inabot niya sakín yung bag ko. tapos naglakad na siya..

Naiwan akong nakatayo.. hawak yung bag ko.. Anong 8 letters?..

Naglalakad na siya papalayo.. Tumakbo ako papunta sakanya..

"Hoy! Anong 8 letters. TABACHOY?.."

"AHAHAHAHAHA.." Aish. tinawanan lang niya ako..

Amp naman yang 8 letters na yan. Ano ba kasi yun.. Nakaka'bobo po..

Tumigil siya sa paglalakad tapos humarap siya sakín..

Pinisil niya yung cheeks ko sabay sabi ng "8 letters nga kasi.."

Tapos naglakad na naman siya.. Ano ba kasi yun.. Aish. Naiinis na ako ah..

Pumunta na kaming Canteen.. Nakita ko yung Gals andun.. Pero wala yung mga boys.. Wala din dun yung mga pinsan ko. Ay oo nga pala. Naghahabol sila ng oras. May photoshoot pa pala kasi sila ngayon.. Ako mamaya pang gabi, hays walang pahinga..

Tapos bukas ng umaga.. Exam ulit, then kainan kasi nga diba bithday nung Pres. sa school. then Open Mic Party sa gabi. tapos EK kinabukasan. YEHEY :)

Nilapitan namin ni Jerome yung mga Gals..

"Hoy sungit. Sunod ka daw sa Comp shop sabi nung mga Buddies mo.."

Tumingin sakín si Jerome..

"Goodgirl okay lang.. Dota muna ako.."

Aish. Hindi daw ako iiwan. Amp. Pero pag Dota na ang usapan. Haay nako..

"Osige sige.."

"Sure ka? Susunduin kita mamaya ah.. babalik ako dito.."

Amp. Ang sweet naman nito. Eh kinikilig ako ano ba yan *blush*

"Wag na. Magpapasundo na lang ako sa driver namin. May pupuntahan pa din naman ako mamaya eh.. magkita na lang tayo bukas.."

Sumimangot na naman siya.. "Okay.." tapos umalis na siya. Nagmamadali. Hindi man lang ako pinilit. Langya talaga to..

"Hoy anong meron sainyong dalawa.." Hala. Kamustang tanong ba naman yun.. Si Yanna. Dine. and Char na lang kasi yung kasama ko. Si Jaimie and April umalis na daw.

Ako: "Walaa..."

Yanna: "So may Wala na palang nagba'blush?"

blush Eh kasi naman eh..

Char: "Hay nako dear. Don't deny. You like him?.."

I like him? Matagal na.. #Chos. Hindi niyo alam yun no. Yap. Crush ko po dati si Jerome. Before ko pa siyang maging Bestfriend. Bago ko pa makilala si Addland.. Alam ko sinabi ko sakanya yun eh. sa Chat lang. Pero wala hindi naman niya pinansin Okay daw. tapos after nun hindi na namin napag usapan pa. Eh parang wala siyang paki so sabi ko sa sarili ko i should stop. tapos tska ko nakilala si Addland..

Dine: "Hey Sis.. You're Idling.."

Ako: "Uhhmmm. Huh what?"

Yanna: "tinatanong ka namin if you like him?.."

Ako: "Matagal na.."

Char: "Yun naman pala eh. Matagal na.. Huh matagal na. Pano?"

Tapos knuwento ko sakanila kung pano.. Amazed na amazed naman sila..

Pag tingin ko sa phone ko ang daming text. Bihira ko kasi hawakan phone ko e.

From: Manong Driver...

Mam. Wat tym po me sunduin u?

Adik talaga to si Manong..

To: Manong Driver...

Punta ka na po. I'll wait you here..

**From: Cous Pola..*

Hey Baby Girl.. Hindi ka na namin inintay. tagal mo e. Alam naman namin kung sino kasama mo. Otw na kami sa Shoot namin. Don't forget yung Photoshoot mo mamayang 4:00 ah. Ingat.

Ay shit. Oo nga pala. buti na lang may 1 hour of preparation pa ako..

To: Cous Pola..

Sure. Nagpasundo na ako kay Manong.. See you later. uwian niyo akong Pizza.

Ahaha. Nagpauwi pa talaga ako. yess. Im craving for Pizza kasi talaga eh.

From: A.Goodboy..

Ingat ka sa paguwi. 8 letters..

Hindi Tabachoy yun :) basta 8 letters.

Croo Croo brain.. Ano ba kasi yun. Bakit kasi ayaw sabihin.. Nakakainis naman.

To: A.Goodboy..

Whatever! Kung ano man yang 8 letters na yan.. Okay okay. See you tom.

Pag nalaman ko yang 8 letters na yan! Akala mo..

Last text na..

*From: 0917******

I just can't get out you of my mind. Im with her.. Pero ikaw ang nasa isip ko.. I miss you..

Unknown number.. Aish alam ko na kung kanino galing yan.. Ito na naman eh. Nagtatalo na naman yung galit at awa ko sakanya..

Pero mahal ko na si Jerome.. Handa na akong siya ang piliin ko...

Chapter Nineteen.

AYA's POV.

Kakatapos lang ng photoshoot ko. Grabe nakakapagod. Kelangan kasi madaming shots eh. Nakakapagod din kaya.. Antok na ako.. siguro iidlip muna ako..

"Mam.. Andito na po tayo.." Napahaba yata yung tulog ko. Mabilis lang naman yung byahe eh. Ano ba yan ang ganda na nung napapanaginipan ko eh. Kumakain daw ako ng madaming madaming sweets. May crepe daw. tapos may floats.. Yuummm. ginutom tuloy ako.

Bumaba na ako ng sasakyan.. pag bukas ko pa lang ng pinto..

"BABY GIRL!" Ano ba yan nagsisigawan na naman sila. Wow. Andun din ang ibang Gals.

Oh yeah! We're having a sleepover.. Shit! Ang saya naman. Ang ingay ng bahay..

"YEHEY! Ano meron? Sleepover?.." tinanong ko sila. Lahat sila naka'tingin sakín tapos naka smile.

Yung mga pinsan ko. Wide smile.

"May dapat ka kasing ikwento samin.." sabi ni Eljhey. Ano dapat kong ikwento..

"Nakakatampo ka na ah. Hindi ka na nag oopen samin. Kelan pa?.." Anong bang pinag sasabi ng nga to.

Tinignan ko sila Yanna. Char and Dine. Nakayuko sila tapos naka'smile.

OH NO! Sinabi na kaya nila sa mga pinsan ko? Nako hindi ako tatantanan ng mga to eh.

Kelangan makaiwas ako sa topic na to.. "Ui. Yehey may PIZZA oh.."

"Wag mong ibahin yung usapan.. Magbihis kana tapos bumaba ka dito.."

Nagmadali na akong umakyat. Ano na naman kaya yung sasabihin ko.. To naman kasing mga to eh.

"AYA!! BILISAN MO DIYAN.." Grabe naman magmadali tong mga to..

Nagbihis na ako tapos bumaba na ako.. Parang kinabahan ako ng onti ah.

Pagbaba ko may hot seat. Shit! Grabe naman. Nababaliw na tong mga to. Infairness ang daming pagkain..

3 Box na Pizza. May bucket pa ng Kfc chicken tapos ang daming chips. Ang saya na sana nito kung movie marathon ang gagawin eh. Kaya lang hindi eh. Gigisahin ako sa tanong.. Waaaaaah! Help. SOS!

"Sit down.." Pinapaupo na nila ako.. Yung mga mukha nila hindi mo alam kung seryoso ba or ewan kasi naka'smile na parang kinikilig.. Lalo na sila Yanna. Mygosh!

Umupo na ako.. Parang natatawa ako sa mga emotions nila. Pero ano kayang itsura ko.. Siguro mas nakakatawa kasi kinakabahan na nagtataka eh. Pano yun?.

"Yes or No lang ang pwede mong sagutin.." May ganto pa.. Lorsche im gonna kill you after this!

"Question number 1: Totoo bang nakikipag balikan si Ex.." ... "Yes" Waaahhhh. Natawa ako sa reaction ni Agatha sa sagot ko!.

"Question number 2: Makikipag balikan ka pa ba sakanya?" Natagalan ako baka sumagot pwede bang It depends. Eh bahala na.. "NO". "YEHEY! aba nagsigawan lahat.. Poor Addland.. Mahhirapan ka lang.. Tayo kung ibalik pa natin ang lahat.

"Question number 3: Importante ba sayo si Jerome?.." Malamang. Sobra! "YES" yung mga smile nila ang weird na..

"Question number 4: Do you like him?.." Like? ... "Yes?.."

"Question number 5: DO you Love him?.." Lahat sila napalapit saakin. Hinihintay sagot ko. tapos mga itsura nila di mo alam kung nagtataka or kinikilig.. Do i love him? Bakit ba kasi ang daming tanong? .. Oo naman.. I Love him.. "Yes. Super Yes.." OhEhm ito na.. Sige na aamin na ako.. I like him. No. I love him..

"YUN NAMAN PALA EH.."

"YEHEY.."

"WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAH!"

Ano ba yan. Nabibingi ako sa mga sigaw nila. Oo na kinikilig kayo pero di niyo kelangan maging ganyan ka Oa sa Kilig. pati tuloy ako kinikilig na..

"Kelan pa?.. Yung feelings mo sakanya..."

"Lately kasi. Ang weird niya.. palagi niyang sinasabi saking aalagaan niya ako.. He will protect me & never leave me.. kaya ayun, gusto kong alagaan niya ako forever. Hindi ko nga alam eh. Bigla na lang dumating sa point na ayuko na siyang mawala sa buhay ko.. Na parang ibang halaga na yung level niya saakin.."

"Ayy basta Happy ka. susupportahan ka namin." -pola.

"Biruin mo sa masungit na yun.. maiinlove ka.." -dine.

"Eh hindi naman siya mahirap mahalina eh. Challenging nga lang.." sabi ko.

"Nice. Bagay kayo.." -Yanna.

"Kami bagay? malay ko.. What if he doesn't feel the same way diba?."

"Eh what if he does?.." - janey.

What if he does? So Possibleng Oo. NAKUNAMAN : "> Wag kasi. Kinikilig ako eh. Sana nga.. Joke.

"Bahala na.." - ako.

Kumain na kami. Nagkwentuhan ng kung ano ano.. Sipag namin no. May exam pa kami kinabukasan ah. Pero ang saya lang wala na akong dapat ilihim sakanila. Lalo na sa sarili ko. Ngayon masasabi ko na..

I fell inlove with my Bes Friend.. :">

Chapter Twenty.

AYA's POV.

It's confirmed. I'm Inlove with my BestFriend. Eh pero pano pag hindi din niya ako gusto. tska imposibleng magustuhan ako nun. Napaka taas kaya ng standard nun sa babae. Ano ba yan. Nakakainis maiinlove na nga lang ako bakit sa besfriend ko pa. Hahayaan ko na lang mawawala din naman to eh kasi hinding hindi naman ako magugustuhan nun.

Maaga kaming nagising ng mga Gals. Puyat kasi kami from last night. Sobrang daming napag kwentuhan nasabi na namin sa ibang Gals yung secret naming magpipinsan. Sinabi ko din sakanila yung napag usapan namin ni Addland. Na'gets na daw nila kung bakit parang pag dating sa school medyo iwas si Addland kay Christine.

Sabay sabay kaming pumasok. Effort maaga talaga kaming gumising kasi marami kaming gagamit ng bathroom eh.

Nasa school na kami. Wow meron ng stage na naka'prepare sa quadrangle. Sinesetup na din nila yung venue mamaya for the Open Mic party. Sino sino kaya mga kakanta..

Wait. Hala Aya focus! May Exam pa kayo ngayon.

Pumasok na kami ng room. Nagulat sila bakit daw sabay sabay kaming pumasok ng Gals. Sinabi namin na nag Sleepover kami. Tuwang tuwa yung mga boys. Sila din daw mag gaganun tapos maglalagay ng make up & magko'costume. Kulit talaga ng mga to.

Wala pa si Jerome. Asan kaya yung lalaking yun. Kakadating lang din ni Addland and Christine as usual. Yung tingin niya sakin ganun pa din. Pero sa totoo lang namimiss ko na siya. Yung kaming dalawa..

Hindi niyo naman kasi ako masisinging ma'miss siya eh. First Love ko kaya siya. Tska ang dami din naming memories together. Nakakamiss lang talaga kasi ngayon para kaming Stranger..

Nagkikita nga kami. Nagkakasama pero wala na yung dating lambingan.. Anong nangyare samin?

"We used to be lovers & now we're complely Strangers.."

Ano ba yan kung ano ano na naman pinagsasabi ko..

"Ano binubulong mo diyan?.." Huh? Si.. Si Jerome andiyan na. YEY!

"Bakit hindi ka man lang nagsabing dumating kana.."

"Nagtanong ka ba?.."

AISH! bakit ang taray na naman nito. Samantalang kahapon. Hay nako naman! Wala na talagang pagasa..

"AISH. Sungit mo.."

"Ano binulong mo?.."

"Wala sabi ko late ka na naman.."

"Anong late. Wala pa nga yung prof eh.."

Sabi ko nga eh. hay nako. Nakaka distract na naman kasi itsura niya ngayon ang pogi niya kaya ngayon. As always naman pala..

"hoy. Ano iniisip mo diyan..."

"Huh uhmm. Wala. Ek na natin bukas. Excited ka?.."

Ano ba yun.. muntik na akong mahuli dun ah. Buti na lang magaling ako gumawa ng palusot. :)

"Sakto lang.. Iniisip mo na agad yun.. Nagreview kana ba?"

Ayy shit. Oo nga pala. Kung ano ano pumapasok sa isip ko. Exam pa pala ngayon..

"Oo naman.."

"Ok. bakit hindi ka nagrereply kagabi?.."

Huh? Nagtext pala siya. Iniwan ko kasi yung phone ko sa kwarto ko kagabi . hindi ko na na'check.

"Huh? Uhmm nag Sleepover kasi samin yung GALS. kaya ayun busy.."

"Uso kasi tignan at bitbitin yung phone. Kainis. Amp."

titignan ko nga yung phone ko. Bwisit naman to. galit agad. Eh busy nga eh. Hinanap ko yung phone ko sa bag ko. Shit. Wala.. Hala yung phone ko san ko nilagay. Oh shit! Naiwan ko pa yata..

"Hoy! Goodgirl bakit di ka mapakali?.."

"Yung phone ko kasi naiwan ko yata.. Aish.."

Nakakainis naman.. Kung kelan kailangan ko eh..

"Okay lang yan. Kung may kailangan kang itext makitext kana lang sakin basta lang si.."

"Wag lang si?.." Sino na naman. Lahat na lang..

"Wala.."

"Sino nga.."

"Si Batman.."

"Aish tino kausap..."

Kahit kailan talaga. Dumatin na yung prof namin. Okay so ano nga ulit lahat ng ni'review ko. Gah! No! wag ganun. Goodluck sakin nito.

Pinalagay na lahat ng bags sa harapan. Then nag start na agad. Rush kasi eh. Kasi may Birthday celeb pa si School Pres ngayon. Yung mga magpe'perform magpa'practice pa.

Lalala.. Examination is going..

**After Exam.

Grabe medyo mahirap siya ah. Goodluck talaga sakin yung iba hindi ko naalala. Sana tama. As usual maingay after exam. ganyan naman talaga dito eh.

Sa kalagitnaan nung ingay sa room. Narinig naming sinipa ng malakas ni Christine yung upuan tapos paiyak na siya..

Lahat kami nakatingin lang sakanila.. Hindi namin marinig kasi medyo pabulong yung usapan nila pero si Addland parang yung mukha niya yung nagmamakaawa na mukha tapos si Christine naman umiiyak na..

"Sorry sorry talaga.." Yun lang yung naririnig namin na sinasabi ni Addland. Paulit ulit niyang sinabi yun..

Tinulak ni Christine yung isang upuan tapos kinuha yung bag niya tumakbo papalayo.

Shit ano kayang nangyayare sakanila. Lalapitan ko na sana si Addland. Worried ako.

Palakad na sana ako biglang naramdaman kong may humawak ng kamay ko. May pumipigil sakin. Wag. Wag niyo kong pigilan kailangan niya ako ngayon.

Tumakbo na si Christine tapos tumingin muna sakin si Addland bago niya kinuha yung bag niya at hinabol si Christine.

Yung mukha niya sobrang nakaka'awa. Yung alam mong may meaning sa mga titig niya.

Naramdaman kong humigpit yung hawak ni Jerome sa kamay ko..

"Tara kain na tayo.." Nagyaya na silang kumain..

Naglakad na kami papuntang canteen. Ang daming tao. Syempre dun pa din kami kumain sa Pink Resto. Sarap kaya ng mga pagkain dun..

Grabe ang dami namin. Sumama kasi samin yung mga DB (dota buddies) eh. Ginutom daw kasi sila sa Exam.

Nakita ko yung mga friends ni Christine dun sa resto. Andun lang si Meck. Zhandy. Mia and Sam. Pero bakit wala si Christine. Ano kayang nangyare sakanila ni Addland.

"Iniisip mo pa din yung nangyare kanina?.." Tinignan ko si Jerome. Nakatingin lang din siya sakin..

"Ano kayang nangyare sakanila. Nagaalala ako goodboy para sakanila.."

"Para sakanila o para kay addland?.." Aish naman. Syempre sakanilang dalawa.. Oo nag aalala ako para kay Addland. Hindi naman mawawala yun eh. Pero ano kayang nangyare bakit nagaway sila.. dahil kanino..

"Ewan ko sayo.. Kung ano ano pinagiisip mo.."

Wala ako sa mood makipag talo sakanya. masyadong madaming tanong sa isipan ko. Ayukong mag away kami..

Umalis bigla si Jerome. Walk out. Napaka naman.. nakakainis. Hindi ba niya kayang intindihin yung sitwasyon ko ngayon?

Bahala muna siya. Wala talaga ako sa mood makipag talo..

tumayo ako pupuntang Cr.

Nakita ko andun din yung mga friends ni Christine. Nag smile ako sakanila. Nakatingin lang sila sakin. Mga nakataas pa yung kilay. Problema ng mga to?

Yung Mia and Sam friend ni Christine sa ibang course tapos si Zhandy naman classmate namin..

Nakakainis na talaga mga tinginan nila ah. Hindi na ako natutuwa. Im being nice sakanila tapos sila ganyan.. "Excuse me. Any Problem?"

Mia: Ikaw ang problem namin..

Ako: What? Ako. Anong ginawa ko sainyo..

Lumapit sila sakin..

Sam: You're so flirt. Napaka'landi mo. Hindi mo iniisip na may nasasaktan ka na..

Ako: I really don't get you.. Ano bang problema niyo..

Mia: Ang tanga mo naman din pala eh!

Ako: Excuse me. What did you just call me?..

Zhandy: TANGA ka! You're a BITCH! Ikaw ang dahilan kung bakit nagaaway ngayon si Tine and si Addland.

Shit! Below the belt na yun ah. Kinalaman ko naman sakanila. Wala naman akong ginawa para mag away sila ah!

Lumapit sakin si Mia. tapos sinampal ako. Shit! Masakit yung pagkakasampal niya.

Lalaban sana ako kaya lang hinawakan ni Sam and Zhandy yung kamay ko. Tapos sinampal ulit ako ni Mia ng dalawang beses. Napayuko na lang ako sa sobrang sakit.

Naiiyak na ako. Bakit hindi ako makalaban. Ang sakit pa ng magkabilaang pisngi ko..

Mia: Sa susunod piliin mo yung mga lalandiin mo..

Binitanan na ako nung dalawa napa'luhod na lang ako.

Pinilit kong tumayo.. Grabe. Yung pisngi ko pulang pula. Ang sakit kaya nung sampal ni Mia. tatlong beses yun ah.

Anong ginawa kong mali? Bakit ako na naman?!

Chapter Twenty One.

AYA's POV.

Pinilit kong hindi maiyak. Hello tatlong masasakit na sampal kaya inabot ko hindi pa ba ako maiiyak nun. Grabe pulang pula yung cheeks ko. Ano kayang ginawa ko? Bakit ako na nman. Iniwasan ko na nga si Addland eh.

Lumabas na ako ng Cr. Bumalik na ako dun sa resto. Nakita ko silang lahat nakatingin sakin..

"Huy.. bakit namumula yang mukha mo.. Anong nangyare." Sabi na nga ba mahahalata nila kung anong nasa pisngi ko eh.

"Ahh. ito wala to.. Ignore it na lang.."

Eljhey: Baby girl. Ignore? Eh tignan mo nga yang pisngi mo. sobrang namumula..

Pola: Ano ba talagang nangyare..

Ako: Nevermind...

Hindi na nila ako tinanong pa. Nahalata siguro nila na medyo badtrip na ako.

Hinihintay na lang naming mag 6:00 sabi kasi six daw start nung Open Mic Party eh.

Grabe hindi pa din ako maka'get over sa nangyare kanina.. to think na hindi ko alam yun reason na sampal ako.

"Inaanyayahan po ang lahat na pumunta na sa Quadrangle at magsisimula na ang Open Mic party. Thankyou.."

Ayos tag'lish. Grabe sino kaya yung Announcer.. Nakakatawa naman yun..

Pumunta na kami ng Gals sa Quad. Medyo maganda yung place namin. Hindi sa gitna. baka kasi pag nag slamman maipit kami. Kawawa naman kami. Dun kami sa bandang harapan tapos gilid. Hindi naman sa harap na harap. Basta maganda dun sa pwesto namin..

Wala pa din si Jerome. Grabe naman siya magalit, hindi ko pa naman dala yung Cp ko pano ko siya matetext.

Nag start na yung program.. Ayos ganda ng mga tugtugan.. Hindi boring.. May mga kanta pa ni Aj Rafael. Favorite ko kaya mga kanta niya.. Tapos may mga kumanta din ng mga kanta ng The Script. Open Mic nga diba kaya kahit sinong gustong kumanta pwede..

Maya maya pag tingin ko ng stage.. Huh? Anong ginagawa niya dun?.. Bakit andun siya..

Si..

Si..

SI Addland. Nasa Stage. Napatulala ako sakanya.. Anong ginagawa niya.. Oo maganda bozes niya. Pero hindi ko akalaing malakas self-confidence niya..

Naramdaman kong may humawak ng kamay ko.. Tinignan ko kung sino siya.. baka mga Gals lang. Syempre diba alam nila kung ano yung past.. Pero hindi.. Si.. Si Jerome. Dumating na siya.. Sa wakas..

"Hi. Ako nga pala si Addland ng Bshm.."

"I would like to dedicate this song..sa pinaka'special na Babae sa buhay ko.. Kilala mo kung sino ka.."

"Gusto ko sana i'grab yung chance na to, Alam kong andito ka.. Alam kong naririnig mo ako.."

Yung mukha niya seryoso.. Nakatingin lang ako sakanya.. Naiiyak ako.. Wag kang ganyan Addland. Please wag mo na akong pahirapan.. Ni'let go na nga kita diba? Ayuko ng makasira pa ng relasyon may Christine kana.. Tama na..

Lumuhod siya.. Shit.. Seryoso siya sa ginagawa niya.. Ano ba yan napaka'taksil ng mga luha ko.. Ayan umiiyak na naman ako.. Alam ko namang ako yun eh..

"Sorry.. Sorry.. Gusto kong humingi ng sorry sa ginawa ko sayo.. Sorry kung iniwanan kita.. Sorry kung nagpaka'tanga ako.."

"Give me one last chance to fix everything.."

Tulo ng tulo yung luha ko.. Ang sakit. Ang sakit kasi nakikita ko siyang nasasaktan.. Hindi to dapat nangyayare eh. Tama na..

Lahat sila nag "A'awww. Ang sweet.." "Sweet naman.." "The girl is so lucky.."

Lucky? Hindi. Hindi ako lucky. Ayukong nakikita siyang nasasaktan. Nasasaktan din ako.. Yung boses niya habang nagsasalita halatang naiiyak na..

Nakakainis. Iyak na ako ng iyak. Nahihirapan na akong huminga.. naramdaman kong humigpit yung hawak ni Jerome sa kamay ko..

"Mahal na mahal kita.. Sobra mahal kita.. Bigyan mo pa sama ako ng isa pang pagkakataon.. Hindi ko na alam kung anong mangyayare sakin kung mawawala kapa.. Akala ko kaya kong wala ka.. Pero hindi.. Hindi ko kayang mabuhay ng wala ka.. SORRY.. Mahal na mahal kita.."

Tumayo na siya. Nagpunas siya ng luha niya.

Tumingin siya sakin..

Nahihirapan na ako. Naaawa ako sakanya.. Nasasaktan ako sa mga ginagawa niya.

"Para to sayo.. I LOVE YOU FOREVER DWARFINA KO. GIVE ME ONE LAST CHANCE. MAHAL NA MAHAL PA DIN KITA.."

Shit! Dwarfina ko.. Ayan yung isang tawag niya sakin. .tapos tawag ko sakanya Machete ko. Ang hirap. Ang sakin..

(np: I LIVE MY LIFE FOR YOU) *pakinggan niyo yung kanta mas maganda. mas madadala kayo*

You know you're everything to me and I could never see
The two of us apart
And you know I give myself to you and no matter what you do
I promise you my heart

I've built my world around you and I want you to know
I need you like I've never needed anyone before
I live my life for you
I want to be by your side in everything that you do
And if there's only one thing you can believe is true
I live my life for you

I dedicate my life to you, you know that I would die for you
But our love would last forever
And I will always be with you and there is nothing we can't do
As long as we're together

I just can't live without you and I want you to know
I need you like I've never needed anyone before

I live my life for you

I want to be by your side in everything that you do
And if there's only one thing you can believe is true
I live my life for you

I've built my world around you and I want you to know
I need you like I've never needed anyone before
I live my life for you
I want to be by your side in everything that you do
And if there's only one thing you can believe is true
I live my life for you

I live my life for you

Shit Ayan yung Theme Song namin. Ayan yung kantang nagpasaya sakín at nagpaiyak sakín.

T.T

Hinigpitan ni Jerome yung hawak niya sa kamay ko. Tapos niyakap na niya ako..

Ang sakit. Sobrang sakit. Ayukong may masaktan ako. Pero huli na ang lahat.. tapos na ang lahat samin.
Madaming masasaktan kung pipiliin ko siya..

Love was never meant for me and for you.. Not anymore..

Pinili mong masaktan ako para sa pansariling mong kaligayahan..

Addland nasaktan ako ng sobra sobra.. hindi naging madali sakín ang mag move on. Addland nasa taas na ako..
Okay na ako. Wag mo namang akong hatakin ulit pababa.

"Wanna runaway with me?.." Binulong ni Jerome sakín.. Tapos inalis na niya ako sa pagkakayakap. Hinawakan niya yung kamay ko tapos hinila ako papalayo..

hinang hina na ako.. Sobrang daming ng nanyare ngayong araw na to...

Chapter Twenty Two.

JEROME's POV.

Pota naman.. Umiyak na naman siya. Nakakainis naman yung lalaking yun.. Palagi na lang niyang pinapaiyak si Aya ko. Hindi na ako papayag na mangyare yun.

Andito kami ngayon sa loob ng kotse ko. Di ko nga alam kung san kami pupunta eh. Sa Moa na nga lang.

Nag drive na ako papuntang Moa.. Patingin tingin ako kay Aya habang natutulog siya. Kanina pa kasi siya iyak ng iyak eh. Siguro napagod kaka'iyak.

Teka bakit parang namumula yung pisngi niya? Anong nangyare dito. Amp naman. Ano kayang dahilan bakit namumula.. Baka make up lang niya..

Andito na kami sa may Moa. Dun sa Sea side.. Dito kasi ako madalas pumunta pag problemado eh. Syempre madalas na sa Comp shop pero nakaka'gaan din ng pakiramdam dito..

"Asan tayo?..."dd

Nagising na siya.. Magang maga yung mata niya kaka'iyak.. Kawawa naman. Pero ang ganda pa din niya. Ano ba yan..

"Moa tayo Goodgirl.."

"Tara kain tayo.."

Nakoo. Nagutom na naman siya. Takaw talaga ng babaeng to kahit kailan. Sige ayos lang kelangan niya ng energy ngayon eh. Kelangan niyang kumain alam kong hinang hina siya..

Naglakad lakad na kami. Naghanap ng kakainan.. Kumain kami sa Man Inasal. Gutom nga siya. Inorder niya kasi yung may Unlimited Rice eh. Tapos naka 3 pa siyang ulit.

Hindi kami masyadong nag uusap ang tahimik niya hindi ko naman alam sasabihin ko sakanya kaya hindi na lang din ako nagsasalita. Tinitignan ko lang siya kumain. Parang ang lalim nung iniisip niya..

Haharap siya sakin tapos mag'Smile. Wag kang ganyan.. Wag kang mag sinungaling na masaya ka. Alam kong hindi. Palagi na lang siyang ganyang ngingiti kahit alam mong may problema.

Sabi sainyo eh. Kaya niyang mag sinungaling sa lahat pero hindi sakin. Alam ko kung nasasaktan siya o hindi.

Ang tahimik niya hindi ako sanay.

Natapos na kaming kumain. Pumunta kami sa Sea side ulit.. Nagyaya siyang mag Starbucks. Yap favorite niya po yan..

After niyang umorder pumunta kami sa Sea side. Dun kami umupo.

Naka'tingin lang ako sakanya.. Humarap siya sakin.. Nakita ko na naman yung mapula niyang pisngi..

Hinawakan ko yung cheeks niya.. tapos parang nagulat siya.. masakit ba?

"Anong nangyare diyan?.."

"Ah ito.." Hinaplos niya yung cheeks niya.. "Wala to.. Wag mong pansinin to.."

Ayan na naman eh. Wag pansinin eh halatang halata na. Gusto ko siyang sigawan gusto kong magalit sakanya kasi alam kong hindi siya nagsasabi ng totoo. Pero hindi ako makakatulong sakanya pag ginawa ko yun. kaya ko siya dinala dito para gumaan yung pakiramdam niya hindi para dagdagan pa..

"Diba sabi ko sayo wag mo na siyang iyakan.."

"Oo nga goodboy eh. Ewan ko ba napaka'taksil nitong mga luha ko.."

Amp.

"Mahal mo pa ba siya?.."

"Huh.. Pawala na eh. Nasa tuktok na ako ng pagmo'move on.. Ewan ko ba pero parang nananadya talaga yung tadhana.."

"So mahal mo pa nga siya?.." Tinignan ko siya..

Tumingin din siya sakin.. Nag smile siya. Yung smile na hindi mo maintindihan ewan.. Basta nag smile siya tapos feel ko sa smile niya na totoo.

tumingin siya sa malayo.. "Hindi na." tapo tumingin ulit siya sakin.. nag smile na naman siya.. "Tara uwi na tayo.."

Patayo na siya.. Hinawakan ko yung kamay niya.. "Goodgirl.. 8 letters.."

Sure akong hindi pa din niya alam yan..

"Oo na tabachoy na ako.. tara na.."

"teka.. Mahal mo pa ba siya??.." Kulit ko no. Gusto ko kasing ulit ulitin niya yung sagot niya eh.

"Hindi na nga.."

Tumayo na siya..

"buti naman.."

AYA's POV

Hinatid na ako ni Jerome pauwi.. Antok na antok na ako. Wala na akong energy. Tsaka anong oras na din wala na akong energy. Andito na yung mga pinsan ko. Maaga pa yung pasok namin bukas. EK na. Yehey..

Pagpasok ko ng kwarto nakita ko dun yung pillow na bigay sakin ni Addland. Naalala ko na naman siya. Ano bang ginagawa niya. Hindi ba niya alam na madami siyang nasasaktan sa ginagawa niya. Nasampal na nga ako ng dahil sakanya eh. Sure naman akong andun si Christine kanina kaya paniguradong lagot na naman ako.

"Baby girl wake up. May pasok pa tayo. Go take a bath na. Aalis na kami ah.."

Oh my gosh. Anong oras na.. I need to hurry hindi pa ako nakakapag ayos ng gamit ko.

"Can you wait for me cous? Promise I'll hurry.."

"Of course.. Go.. Take a bath na.. Nag pack na kami ng snacks na babaunin natin.."

Nagmadali na akong maligo.. Lalala.. Fix my things first. Nagdala ng extra na damit. Nilagay ko na yung kikay kit ko. Camera. extra sleeper din. Tapos kung ano ano pa.

Then i fix myself. Short as usual. Tapos naka heels ako ngayon. Hindi naman killer shoes. Wedge lang. then Hanging shirt. Unting touch ng make up. Pero light lang. Comb my hair. Whoalaaaa.

Nag rush na akong bumaba. Inaantay na nila ako eh.

Papunta na kami ng school merong 4 na bus. For Hrm. Htm. Business and Accounting courses lang kasi yung tour.

Pag pasok namin ng campus nakita namin yung GALS and BUDDIES.

Nilapitan na namin sila.. Nagtatatalon kami. Bakit ba eh excited kami eh.

Eljhey: So tabi ko si Agatha & Pola ah.

Lorshey: Tabi naman kami ni Aya.

Jerome: Hindi pwede katabi ko siya.

Bigla akong inakbayan ni Jerome. Yun yun eh. Ano ba kinikilig ako. *blush*

biglang nag smile yung GALS sakin. wah. nakakahiya naman.

So ito na yung mga magkakatabi sa Bus.

sa pinaka'likod si

Lorshey-Eljhey-Pola-Agatha-Liezel-Jubx (New sa Gals. Ate ng section namin)

Jerome-Ako Jaimie-Aldrin

Dine-Prince Yanna-Bryle

April-Jc Luke-Char

tapos mga 5 seats away samin

Addland - Christine

halos wala kami ginawa buong byahe kung di kumain at magtawanan. Soundtip din tapos Picture taking. Nakita ko si Addland tumayo. Lumipat siya ng pwesto. May mga vacant seats pa kasi eh.

For sure nag away na naman sila.

Si Jerome. Ayun pinipicturan ko. Tulog kasi siya eh. Bakit na naman siya napuyat shit ang gwapo niya lang.

Yehey! Finally andito na kami sa EK.

Chapter Twenty Three.

AYA's POV.

Finally nasa Ek na kami. I am so Excited! Parang bata noh? Ang tagal ko na din kasing hindi nakapunta dito eh. Sabi nila masaya daw yung bagong ride. Yung "Extreme" I wanna try it agad.

Nagsibabaan na kami sa bus. Syempre pagkababa pa lang ng bus picturan na agad.

Pagkapasok namin ng Ek. naghiwahiwalay na yung iba. Syempre ang GALS & DB. Syempre yung mga couples. Ayun sweet'sweetan ang Peg. Ito namang mga cousin ko naghahanap ng Peg. Taas kasi ng standard ng mga to eh. namin actually! Naman.. Eh syempre may career na inaalagaan eh.

Medyo madami ding tao sa Ek. Hindi lang yung school namin. Mukhang meron ding ibang nag'field trip.

Unang ride na sinakyan namin is "Anchors Away.." Grabe ang sakit sa tiyan. Para kang kinikiliti.

Tapos after nun nagyaya ako mag "Space Shuttle." Eh kasi sobrang gusto ko talaga dun eh. Halos walang pila. Dire'direcho lang kami. Syempre katabi ko si Jerome.

"Kinakabahan ako shit.." Kinakabahan naman kasi talaga ako. Hindi kaya ako mapa'kali tapos ang lakas ng tibok ng puso ko.

"Amp. Bakit nagyaya ka dito?.."

"Wala lang.." Aish naman to. Syempre i want thrill no. Bahala ka. Masyadong masaya yung araw ko ayukong makipag talo..

Ayan na. Umaandar na. Hinahatak na kami pataas. Nung nasa tuktok kami.. nagsisigawan na lahat.. Syempre pati ako..

"IM THE QUEEN OF THE WORLD.."

"Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaah"

"I'm the Luckiest girl in the world.."

Tapos tinignan ko si Jerome naka'tingin siya sakin. Naka'smile. Ay ano ba. *blush* Ang pogi niya kaya..

"8 letters to the Luckiest girl in the world" Huh? Ano daw. Yung 8 letters na naman na yan..

Waaaah.

boooooom

Ang bilis nung pangyayare. Sobrang saya and sobrang kaba yung naramdaman ko after nung ride. Naka'pikit ako the whole time. tapos sigaw lang ng sigaw.

Pagkababa namin.. Palabas na kami ng Exit. "Gusto kong ulitin"

"Shit! Ang saya"

"Isa pa. Isa pa"

Halos lahat kaming mga Gals nagtatawanan tapos yung mga Db dire'diretso lang sa paglalakad. Hell-oh! Nakaka'hilo kaya. wala kayong naramdaman?

And the day goes on and on..

Nilapitan ko si Eljhey. Kasi every rides na sinasakyan namin palaging bumubulong si Jerome sakin ng 8 letters. Anak ng.. Hindi ko nga alam yun eh..

"Cous. Ano meaning nung 8 letters?.."

"Huh bakit mo natanong? Baby girl?.." bakit parang na'schocked siya sa tanong ko..

"Wala lang.."

"May nagsabi ba sayo?.."

"Oo. Si Jerome. Paulit ulit niyang sinasabi yun.."

"Shit! *blush* I love you meaning nun Baby girl.." Aba nag blush pa ang loka..

"Che! Ewan ko sayo. Lakas mo mag Joke.."

8 Letters. I-L-O-V-E-Y-O-U Oo nga noh. 8 letters. Eh impossible naman na sabihan ako ni Jerome niyan. Feel ko talaga tabachoy eh.

naghiwa'hiwalay muna kaming lahat. nagkanya kanya yung mga Couples. Si Jerome naman iniwan akong mag isa. Ewan ko ba dun bigla na lang nawala.

"Aish.. Nakakainis naman.. Asan na kaya yun.."

Naglalakad lakad lang ako. Nakakainis kasi tong Jerome na to eh. Hindi man lang nagsabi kung san pupunta sinabi lang niya na. "sandali lang ah" tapos bigla na lang umalis.

Umupo ako dun sa isang bench malapit sa Space Shuttle..

"Bakit nagiiisa ka yata?" Shit! Yung boses na yun.. Yung boses ni.. Addland.

Humarap ako sakanya. And i was like.. O.O

"Oh bakit para kang nakakita ng multo.."

"Huh.. ahh.. Uhhh. Wala. bakit di mo yata kasama Fiancee mo?.."

"Humiwalay ako sakanila.. Wala kasing kapaguran sa pagra'rides eh.."

Humarap siya sakin. Tapos nag Nod na lang ako. Hoy! Hindi ko pa din nakakalimutan yung ginawa mo kagabi! Ayos ka lang.. Kulang na lang ibigti mo ako sa kahihyan sa ginawa mo. Sinasaktan mo si Christine..

"Bakit andito ka?.." Gusto ko ng tumayo.. Lumayo.. Pero feel ko ang bastos ko naman pag ginawa ko yun..

"Actually, Hinanap talaga kita.."

O.O

"Huh, bakit?" Hindi ko siya tinitignan. Nakatingin ako dun sa Space Shuttle. pero siya nakikita kong nakatingin sakin..

"Gusto lang kitang makausap.."

Hindi ako umimik. Anong sasabihin ko? Ano pang pag uusapan malinaw na ang lahat. May fiancee kana..

"Ang ganda mo pa din.."

"Wag na tayong mag'lokohan pa dito.." Ano ba kasing sasabihin mo? Pwede sabihin mo na. Ayuko nung feeling na to. Ang awkward..

"Hindi mo na ba talaga ako bibigyan ng isa pang pagkakataon? Aya please.."

Ang gulo. Bakit parang naawa ako sakanya. pero hindi eh. Sinaktan niya ako.. Siya yung dahilan kung bakit nag'kaganito ako..

"Handa akong hiwalayan si Christine.. Handa akong gawin ang lahat bumalik lang tayo sa dating tayo.."

"Addland tama na.. Wala ng tayo.. Ang meron na lang ngayon ay Ikaw at Ako. Nangyare na ang dapat mangyare. Hindi man natin sinasadya pero bigla na lang nawala yung TAYO. Please addland. Wag na nating sirain kung anong meron ang isa't isa ngayon. Wag na nating guluhin pa ang lahat.."

"Aya.. Hindi ko kaya ng wala ka.. Hayaan mo akong itama lahat ng pagkakamali ko. Punan lahat ng pagkukulang ko.. Please aya.."

"Sorry pero wala na.. Ayuko na talaga.."

"Bakit may iba na ba?.. Akala ko ba ako lang.. Diba yun yung sinabi mo sakin dati.. Namaghihintay ka sa pagbalik ko. Na ako lang.. Aya ito na ako. Bumalik ako para sayo.."

"Huli na ang lahat.. Sinubukan kong hintayin ka Addland pero masakit na. Masakit yung nakikita kitang masaya na wala ako sa buhay mo. Yung feeling na araw araw nag iintay ako na sabihin mo na I miss you. Pwede bang balikan natin lahat.. Araw araw hindi ako nawalan ng pag'asa. Pero nakaka'sawa din. Napagod din ako.."

"Sorry.. Sorry talaga. Hindi ko sinasadya.. Namili lang ako.. At mali yung napili ko. Pinili ko yung pansariling kaligayahan ko.."

"hindi, Pinili mong saktan ako. Congratulations Addland.. Nagtagumpay ka. Congratulations kasi pinatalo mo yung laban na dapat tayong dalawa ang panalo.."

Tinignan ko siya.. Naka'tingin din siya sakin.. Naiiyak na siya.. Ganun siya ka'sincere pero huli na talaga ang lahat eh..

"Sana patawarin mo pa ako.. Mahal kita.."

"Pero mahal ko na siya at may Christine ka na..." Opo. Mahal ko na po si **Jerome Carter**.

"pero ikaw ang mahal ko hindi siya.."

Nasasaktan akong nakikita ko siyang ganyan. Pero sorry addland. Hindi ko na talaga kasi alam kung ano pa ang dapat maramdaman sayo eh.

"Ang landi mo talaga!! Bitch ka!.."

Si Christine.. Napatayo kami ni Addland sa kinauupuan namin..

"Napaka'landi mong babae ka! Layuan mo na yung FIANCEE ko.."

Aba. Grabe to makapag salita ah. Ayos lang sana kung salita eh. Sinisigaw pa eh. Aish! Ano sasampalin na naman niya ako katulad ng ginawa ng mga kaibigan niya.

"How dare you talk to me like that.. you don't know anything kaya wag mo kong huhusgahan.."

"Bitch ka! Malandi ka! Fiancee ko na siya.. Tantanan mo na siya.. Alam ko naman mahal mo pa din yung Fiancee ko eh. Well sorry ka.. HINDING HINDI ko siya hahayaang mapasayo! Napaka'Landi mo.."

"Excuse me. Sayong sayo na siya. I don't care! Tine wala ng point to eh. Pinagmumukha mo lang stupid yung sarili mo sa harapan namin. I pity you."

"Tama na! Christine pwede ba.. Wag mo siyang husgahan. Wala kang karapatan.. Walang wala. Kung ayaw mong iwanan kita ng tuluyan tigilan mo siya. Hinding hindi ko hahayaang masaktan si Aya."

Shit. Ang seryoso ni Addland. Si Christine naman umiiyak na. Galit na galit siya..

"FUCK SHIT NAMAN ADDLAND. NANG DAHIL SA BITCH NA YAN!"

Lumapit siya sakin.. Sasampalin na naman yata ako.. Pero may pumigil sakanya.

Si.. Si..

Si Jerome..

Hinawakan ni Jerome yung kamay niya..

"Call her Bitch again. And you're Dead.."

Napa'luhod si Christine. Iyak siya ng iyak..

Binitawan na ni Jerome yung kamay niya..

tapos hinawakan niya yung akin..

"Tara na.. Sandali lang ako nawala may umaaligid na sayo.."

Yun yun eh. Hoy! Ang tapang mo magsalita. Hinila na niya ako papalayo..

Narinig ko si Addland bumulong.. *"please don't go. Ako na lang ulit."*

Well. Sorry. Pero itong lalaking humahawak ng kamay ko. Ito na yung Mahal ko..

Hindi kami nagsasalita.. Walang gustong magsalita. Shocked pa din ako sa mga pangyayari.

Nakita ko yung ibang mga girls nakatingin sakanya. Siya na ang pogi naman kasi e. Nakakainis! Hoy wag niyo ngang titigan to. Akin to eh.

Lakad lang kami ng lakad. Sinusundan ko lang siya. Nakita ko dinala niya ako dito sa.. "Wheel of fate"

Sumakay kami dun sa number "19" Eh "Aug 19" din ngayon..

Sumakay kami tapos umandar na.. Nung nasa taas na kami. Grabe ang ganda nung View. Nakakalimutan ko yung problema ko..

Andito kami ngayon sa pinatuktok.

"May sasabihin ako sayo.." may sasabihin daw siya..

"Wait. Ang taas na lulula ako dito.."

"Psssh.."

- _____ -

"Ano yung sasabihin mo?. Maganda ako. Oo alam ko.."

"Kapal ng mukha mo!"

AISH. Nakakainis. THANKYOU HA?!

"Grabe ang ganda ganda dito.. Alam mo yung feeling na ang hangin tapos..."

"Will you be my girlfriend?.."

"..nakakarela.. kahit na.."

Napatigil ako sa pag sasalita sa narinig ko..

"Anong sabi mo?.."

"AMP! ANG BINGI MO.."

"ANO NGA KASI?.."

Nakakainis naman to. Nagsasalita kasi ako nakikipagsabayan siya.

"Wala.."

"ANO NGA?!..." Aish. Sigaw na ako ng sigaw, Nalulula na po kasi ako e. Tapos ganyan pa siya..

"sabi ko.. WILL YOU BE MY GIRLFRIEND?"

O.O -AKO.

- _____ - <- Siya.

"Ano ulit sabi mo?.." *blush* Eh gusto kasing ulit ulitin niya eh..

"Paulit ulit? Nakakainis naman. Bahala ka diyan.."

"Aish! Sige na. Isang beses na lang.. Please.."

^___^V Pa'cute face.

"Anak ng. Ayan na naman nagpa'cute ka na naman eh. Alam mo namang kahinaan ko yan eh.."

blush

Nag reach out siya to touch my face..

Habang nasa cheeks ko yung kamay niya sinabi niya..

"Goodgirl.. Let me take care of you.. Yung promise ko sayo diba? Seryoso ako dun.. lahat ng sinasabi ko seryoso ako.. Will you be my girlfriend?.."

Blush OO. SOBRANG OO. Kung pwede lang magtatatalon dito ginawa ko na yun eh. Pero siyempre dalagang pilipina din naman ako..

"Yes!"

tapos nag Smile siya. Yung smile na nakakatunaw.. Yung smile na halos lahat yata ng babae ay maakit niya..

"8 letters.."

Oo yung 8 letters nga niya I LOVE YOU nga yun. hindi tabachoy..

"3 words."

Tapos nag blush na naman siya. Siguro naman alam na niya meaning nun.. I Love you din po yun..

Aug 19. 2011. JEROME CARTER is Officially Mine. :)

Chapter Twenty Four.

JEROME's POV.

Yun oh. Akin na siya. **AYA FERNANDEZ.** My Goodgirl. Yung Bestfriend ko. GIRLFRIEND ko na. Hinding hindi ko siya sasaktan katulad ng ginawa nung lalaking yun.

Pagkababa namin ng Wheel of Fate. Dun sa may Exit may mga nakatayong lalaki. Naka'tingin sa Aya ko. Hoy mga Ugok akin na to. Badtrip naman.

Naka'tingin lang talaga sila. Mga naka'ngiti pa. Badtrip talaga. Uupakan ko tong mga to eh.

HInawakan ko yung kamay niya. Tapos parang nagulat siya then nag blush. to naman hiniwakan lang yung kamay grabe na mamula.. Pano pa kaya pag.. Okay hindi ko na tutuloy. baka kung ano pa isipin niyo eh.

"Ayy sayang taken na siya.."

"Swerte mo dre.."

Naman! Swerte talaga ako dito. Sobrang Mahal ko kaya to. Ewan ko ba sa babaeng to kung bakit hindi ko magawang lumayo sakanya. Alam niyo yun yung feeling na gusto ko siyang alagaan habang buhay. Kung pwede ko lang siyang ibulsa para alam nilang akin siya e. para wala ng makaagaw pa sakanya. Pota cheesy ko.

"Babe.." Anak ng.. ano daw? BABE? did she just call me BABE? Pota kinilig ako dun ah.

"Yes baby.." Nakanungs.. Syempre hindi ako papatalo sa ka'sweetan..

Habang naglalakad kami.. Magka'holding hands kami. Sweet ba? Naman. para malaman ng lahat na Akin siya. Amp. ito na naman ako eh.

Nakasalubong namin si Addland..

Lalapit sana siya pero napatigil siya nung nakita niya kaming magka'holding hands. Nakita ko sa likod niya si Christine. Umiiyak grabe talaga to. Lakas mag paiyak ng babae. Uupakan ko na to eh. Hoy! hindi dahil sa concern ako kay Christine ah. Kotongan ko yan e. Sasampalin ba naman si Aya ko. Naiinis lag ako kasi sinisira niya yung reputasyon naming mga lalaking matino.

Tinignan ko reaction ni Aya. Nakatingin lang siya kay Addland. tapos hinigpitan niya yung pag hawak sa kamay ko.. Tinignan niya ako..

Lalapit sana si Addland kaya lang naglakad na siya..

"Tara na Babe.." Shit! bakit pag sinasabi nyang babe kinikilig ako. Amp. Ang bakla..

Tinignan ko yung istura ni Addland. Ha. Akala mo ha.. Hinding hindi mo na siya makukuha sakin boy! Tanga mo eh. Papakawalan mo yung isang katulad ni Aya..

AKIN SIYA. AKIN LANG!

Chapter Twenty Five.

ADDLAND's POV.

Nakita ko sila Jerome and Aya naglalakad.

Magka'holding hands sila. Ang alam ko mag'Bestfriend sila, pero kelan pa nagho'holding hands ang mag Bestfriend?

Masakit. Kasi naka'ngiti si Aya. Ako dapat yun eh. Ako dapat yung may hawak sa kamay niya. Ako dapat yung nagpapangiti sakanya. Panandaliang tumigil yung mundo ko.

Naalala ko yung mga oras na ako yung nagbibigay nung ganyang ngiti sa mukha niya. Yung ako yung may hawak nung malambot niyang kamay. Bakit ang sakit. Ako naman yung pumili nito diba? Hindi ko siya pinaglaban. Hindi ko nilaban ang babaeng pinaka mamahal ko.

Lalapitan ko na sana sila..

"Tara na Babe.." Ano daw Babe? So sila na nga talaga :(Babe na ang tawag niya kay Jerome.

Ano Jerome masaya ka na ba? Na sayo na siya. Nasayo na ang pinaka'importanteng tao sa buhay ko.

Wala na huli na ata ang lahat para samin.

Aya handa naman akong magbago ulit eh. Handa akong gawin ang lahat para mabalik ang dating tayo pero bakit siya? Bakit si Jerome na?

Lumakad na sila papa'layo. Dinaanang nila ako. Nakatingin lang ako sakanya. Aya please. Look Back. Kahit isang sulyap lang.

Hindi siya lumingon. Siguro hindi na niya talaga ako mahal. Nakahanap na siya ng taong magpapaligaya sakanya. Sorry Aya :(

"Addland wag mo naman pakita sa harapan kong nasasaktan ka.." Narinig kong sinabi ni Christine yun.

Nasa likod ko kasi siya. Naka'tayo. Naiinis ako sakanya. Balak pa niyang saktan si Aya ko. Ay hindi na nga pala siya sakin. Ang sakit sakit naman.

"Wag mo kong paki'elamanan."

Ayukong makipag talo sakanya. Masyado akong nasasaktan sa nakita ko. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko sakanya.

Sa totoo lang ayuko din namang saktan si Tine eh. Kaya lang hindi ko talaga siya kayang mahalín katulad nang pagmamahal ko kay Aya. Ibang klaseng babae si Aya. Kung hindi lang na'ngailangan ng tulong yung kumpanya ni Papa hindi ako siguro nakatali dito kay Tine. Sana na kay Aya pa ako.

"Addland please.. Wag mo namang ipa'mukha sakín na hindi mo ko kayang mahalín."

Hindi ko siya pinapansin.. Naglakad lakad lang ako..

Sumakay kami ng wheel of fate..

"Addland please.. Kausapín mo naman ako.."

"Sorry tine. Pero.. Siya pa din kasi talaga ang mahal ko.."
Napansin kong tumingín siya papa'layo. Kaya yumuko na lang ako. Hindi ko sinasadyang masaktan siya. Akala ko matututunan ko siyang mahalín. Pero nung nakita ko ulít si Aya nagbago na naman lahat.

"Alam ko naman yun Add eh. Alam kong hindi ko siya kayang palítan díyan sa puso mo. pero sana naman. Bigyan mo ng pagkakataon yung nagmamahal sayo. Ako!"

Napa'tingín ako sakanya. Ang seryoso ng mukha ni Tine, Naiiyak na din siya. First time ko syang makítang magkaganto. Ano ba yan.. Lahat na lang ng babaeng nagmamahal sakín nasasaktan ko..

"Addland hindi naman mahirap mag move on eh. Hindi mahirap mahalín ako. Nagagawa mo na dati eh. Ayaw mo lang talaga. Ayaw mo kasi hanggang ngayon umaasa ka pa din. Addland ikaw ang may ayaw turuan ang puso mo. Ayaw mong tanggapín ang pagkatalo mo.."

Hindi ako makapag salita. Siguro nga tama si Tine. Hindi ko lang tanggap yung pagkakamali ko.

"Addland sana kahit minsan. Kahit minsan makita mo din ako. Makita mong andito ako para sayo. Kahit gaano katagal titiisin ko. Mahalín mo lang din ako. Hindi kita minamadali. Tutulungan kitang maka move on. Hayaan mo ako naman ang magpaligaya sayo."

"Nung nakilala kita. Sinabi kong ikaw na talaga.. Kaya pinilit ko si Daddy na makuha ka. Sorry alam kong ang selfish pero ganun kita kamahal.."

Umiiyak si Tine. Hindi ko sinasadyang saktan siya. Ganun pala niya ako ka'mahal. Ang tanga ko. Tinabihan ko siya tapos niyakap ko.

"Susubukan ko.. Hindi ako nangangako.."

Chapter Twenty Six.

AYA's POV.

Yesterday was a blast. Sobrang saya. Anong oras na rin kami nakauwi from Ek. Grabe sobrang saya lahat ng rides nasakyan namin. The best pa yung horror house na hindi naman ganun nakakatakot pero sigaw kami ng sigaw. Tapos sobrang saya nung paulit ulit kami nag Space Shuttle.

Syempre masaya din ako kasi Jerome is officially mine. Hindi ko pa nasasabi sa Gals eh. Hindi ko sure kung alam na din ng Buddies.

Wala kaming pasok ngayon. Rest day daw. Dapat lang sobrang nakakapagod po kaya. Ang balak yata ng barkada ngayon is hang out dito sa bahay. Aalis na din kasi yung mga Cousins ko. Mag gagawin diba silang project for 1 or 2 weeks. Alam niyo naman yung mga yun.

One Message Received

**From: A.Goodboy..

*GoodMorning GoodGirl. See you later Baby :**

Okay. Pwedeng Kiligin? :) Ahaha. Siguro papunta na yun. Sa kabilang street lang naman sila eh. Alam ko nag dota muna sila tapos tsaka pupunta dito.

Bumaba na ako. Andun na lahat ng Gals. 10:30 na pala. Nakaayos na yung bahay. Daming pagkain ah. Excited kasi tong mga to eh. May Pizza pa. 4 na box. Tapos puro Chips.

****A.Goodboy calling..**

"Hello?"

"Andito na kami sa labas niyo.."

"Okay sige lalabas na ako.."

"Bilis!"

Lumabas na ako. Binuksan ko yung gate. Grabe halatang mga gutom na tong mga to. Pumasok na lahat. Si Jerome pinahuli.

"GoodMorning Beautiful.." Hinawakan niya yung kamay ko. Tapos niyakap niya ako. Eh bakit ba ang Sweet niya. :">

Naglakad na kami papasok ng Bahay. magka'holding hands pa din kami.

Pag pasok namin. Halos lahat sila naka'tingin. Shock. May naka'ngiti. Shock. Shock. Nakakatawa mga expression ng mukha nila.

Aldrin: "Nuxx. Pare hindi ka nagsasabi kanina pa tayo magkasama."

Jerome: "Nagtanong ba kayo?.."

Pola: "Bakit hindi mo sinabi samin Cous?.."

Lorshey: "Ang daya mo naman eh! Naglilihim ka palagi.."

All: "Eh ano bang meron sainyo?"

Ako: "Eh kami na nga" *blush*

GALS: "WAAAAAAAAAAAAAAAAAH."

Buddies: "Nice Bro. Congrats."

Binatukan ni Jerome yung buddies isa isa. Laughtrip lang eh. Nanunuod lang kami ng movie.

Finally nakapili na kami ng movie. Nag marathon na lang kami ng Bring it on. No choice yung mga Buddies eh. Ahahaha.

Ang sweet ni Jerome. Nilalaro niya yung kamay ko. Hindi siya nanunuod. Yung position namin nasa Left ko siya tapos naka yakap siya sakin tapos pinaglalaruan niya yung kamay ko habang busy ako sa panunuod.

"8 letters baby.."

Blush

Eh bakit ba kasi ang sweet mo ngayon.

"3 words.."

Nag tinginan sila Sheez. narinig yata nila. Kung ano ano lang pinag gagagawa nila dito sa bahay, Si Jerome naman umakyat sa kwarto ko. Mag'Ol daw muna siya. Edi sinamahan ko siya..

"Hoy! Dre. Dahan dahan lang ah. Bago pa lang kayo." Napatingin ng masama si Jerome kay Luke.

"ULUL. Itulad mo ko sayo."

tapos nagtawanan lahat. AHAHAHA.

Pag pasok ni Jerome humiga siya sa kama ko.

Kinuha ko naman yung laptop ko tapos inabot ko sakanya. Facebook. Twitter. Kung ano ano lang. Nag check lang siya sandali.

Nakita ko siyang kinuha yung Cellphone ko.

"Lapit ka dito.."

Lumapit ako sakanya. Tapos nilagay niya yung kamay niya sa likuran ko. Tapos nag Picture kami. #Vain.

Infairness cute nung mga Picture namin. Smile. Wacky. :) Ang dami din.

Kiniss niya yung Cheeks ko sabay picture. Ang cute. Pa'cute kasi ako eh.

Tapos nilabas niya yung Cp niya. Ako naman yung naka'kiss sakanta tapos siya naman pa'Cute.

Vain namain no. Yun yung wallpaper naming dalawa. Sweet.

"gagawa tayo ng napaka maraming memories.." Binulong niya sa tenga ko..

"Naman. Basta ba hindi mo ako iiwan eh.."

"Siino ba nagsabing iiwan kita, Hindi ako tanga Aya."

"Okay."

"Minsan lang ako magmahal. Seryoso ako sayo."

"Seryoso din naman ako ah.."

"Remember my promise? Palagi kong tutupadin yun. I won't let anyone hurt my love."

"I love you Boyfie.."

"Boyfie?! The eff! Korny mo Baby.."

"Sweet kaya Babe."

Nagkatinginan kami *Blush*

He put his hands in my Cheeks. Bakit feeling ko ang init ko. Ganyan ba siya ka'Hot?!

OHEHM. Waaaaah.

Eye to eye. *smacked*.

Smacked lang kayo naman..

Ako naman yung nag'Ol. Inupload ko sa Blog ko yung Pictures namin..

Tahimik si Jerome pag tingin ko tulog na pala..

Anong oras kaya to natulog.

Ang pogi niya matulog. Why so Hot Boyfie?

Okay. I'm the Luckiest girl in the world.

Chapter Twenty Seven.

AYA's POV.

****Fastforward..**

Two weeks na din after maging kami ni Jerome. Okay naman lahat. Hatid sundo niya ako. Nagtatalo minsan pero sa mga simpleng bagay lang kung sino pipili kung saan kakain. Kung san pupunta. Kung ano papanuorin. Yung mga simpleng bagay lang naman.

Uuwi na din ang mga cousins ko from States. Yey! For sure madami na namang chocolates yan.

May pinuntahan si Jerome ngayon kaya ang kasama kong mag sundo si Manong.

Andito na ako sa Airport. Naghihintay sakanila.

BLAG

Nagkabunguan kami.

"Awww.." Ano ba yan. Hindi naman marunong mag ingat to. Nakakainis.

"Sorry Miss." Wow. Ang cute nung boses niya.

Pag tingin ko sakanya. O.o sheeez. Ang pogi niya. Well matangkad. Maputi pero mas maputi si jerome. Tapos medyo Long hair. Pero POGI talaga siya. Ang lakas ng dating para siyang Artista. Feel ko artista siya eh.

"It's Okay."

Nag smile siya. Geez Aya may Boyfriend ka.

Nakita ko na sa monitor yung mga cousin ko. Eh bakit ang pretty nila? Feel ko kakatapos lang ng photoshoot ng mga to eh. Namimiss ko na tuloy yung akin. Makapag'photoshoot nga din ulit.

Magkatabi kami ni Pogi. Ano kaya pangalan nito. Ang tangkad niya grabe.

"Ayaaaaaaaaaaaa!" Nako ayan na sila. Nagtatatakbo na yung mga pinsan ko. parang mga hindi babae.

"Grabe artista ba sila..."

"Ang ganda nila.."

"Ano ka ba baka artista yang mga yan.."

"Chikabebes mga pare.."

Ayos tong mga ibang naghihintay eh. Sabi na nga ba eh. My cousins got the Attention naman sa Ganda nilang yun.

Hinug na nila ako. Namiss ko sila.

Pola: "Ang dami naming pasalubong sayo.."

Agatha: "Pinag'shopping ka namin ni Tita dun sa States. Tska may binigay sila na pera."

Lorshey: "You're so lucky. Miss ka na daw ni tita.."

Janey: "Where's your Boyfie?"

Teka lang bakit parang kulang sila. Wala si Ate Eljhey..

**WAAAAAAAAAAH!"*

"Andiyan na sila..."

"Perfect 5 is here!"

Grabe mag sitilian yung mga babae. Mukhang sikat nga. Teka bakit andun si Ate Jhey?

Agatha: "Ah sila nga pala ang Perfect 5."

Ako: "Ano meron sakanila?"

Pola: "Naka'trabaho namin sila. Alam ko may project & indorcement sila dito. Tska magkaron tayo ng Photoshoot kasama sila. Icover yata sa magazine. Hindi ko alam e. Si Ate Jhey nakaka'alam. Pure Pinoy sila pero laki sa States."

Lorshey: "Oo nga pala yung iba dyan.. Boyfriend na nila.."

Ako: "OHEHM? Bakit hindi niyo sinasabi?..."

Agatha: "Balak ka kasi namin i surprise."

Ako: "Well. Im surprised. Hindi niyo man lang binanggit sakin.."

Janey: "Sila yung sinasabi namin sayo na matagal ng nanliligaw samin sa states.."

Lumapit na sila samin.

Oo nga ang popogi nga nila. Sobra.

Pinakilala nila ako sa iba.

Eljhey: "This is Aya. Yung cousin namin na kinukwento sainyo.."

Lester: "Ah siya ba yun Babe?. Nice meeting you."

We shaked hands.

Tapos lumapit na yung iba..

"IKAW?" sabay namin sinabi nung Pogi..

Lorshey: "Magka'kilala kayo?"

Sed: "Oo nga bro. Kilala mo siya?"

"Ah hindi. Hindi ko kasi sinasadyang mabangga siya kanina.."

Oo nga di niya sinasadya. No wonder ganyan siya ka'pogi. Sabi na nga ba. Sikat din to eh.

Eljhey: "Oo nga pala ito si Daniel. Aaron. Dj. Sed. Lester and Mick."

So Mick ang pangalan niya. Bagay sa itsura niya ang cool nung dating. Waah. Aya may Jerome ka.

Sabay sabay kami. Meron din silang sunda tapos kami dun sa car namin. So sinabi nga sakín ng mga cousins ko yung story nung mga yun. Banda daw sila. Tapos Artista. Nakilala nila yun matagal na nung nasa states sila sa isang Contract Signing.

So ang mag Love team daw dun.

Eljhey-Lester.

Pola-Daniel.

Agatha- Dj

Lorshey-Sed

Janey-Aaron

Sabi na nga ba eh. Taas standard ng mga to. Ahaha. Ako din naman ah. Si Jerome din naman sobrang gwapo eh. Kayang kaya makipag sabayan sakanila.

Yung Mick daw single. Wala daw kasi siyang hilig sa babae. Chick boy daw pero hindi sineseryoso. Isang gabi lang or isa araw lang. Ang dami na daw nung napaiyak na babae. Tapos palagi daw silang napapasali sa away kasi sobrang daming naghahabol kay mick. kahit may mga boyfriend na.

Kumain kami sa isang restaurant dito sa Moa.

Nang treat sila. Bigatin talaga tong mga to.

Anong oras na din kami nakauwi. kasi nag ikot ikot pa kami sa Moa.

***A. Goodboy calling..*

"Baby asan kayo?"

"Nasa Moa kami Babe.."

"Susunod ako diyan.."

"Wag na. Pauwi na din kami.. Tsaka may kasama kami"

"Huh? Pupunta talaga ako diyan?"

"wag na nga. Pauwi na din kami. Friends sila ng mga cousins ko. Don't worry uuwi na kami."

"Kumain kana ba?"

"Yes Babe."

"Good. Osige. See you Tom. Sat bukas. Date tayo okay?."

"Sure Babe. "

"8 letters."

"3 words"

Binaba ko na yung phone. I miss my Babe na. Hindi kami nagkita ngayong araw na to. Busy kasi siya eh.

"Boyfriend mo?" Tumingin ako kung sino nagsalita..

si Mick.

"Yes."

"Ahh. Kelan pa kayo?"

"Bago lang. Wala pa kaming 1 month." Tapos nag nod siya. Ano kaya problema nito..

Hindi na siya umimik tumahimik na lang bigla..

"Maganda ba sa Cebu?" Napa'tingin ako sakanya.

"Huh bakit mo naman natanong?"

"Dun daw kasi kami magbabakasyon eh. Ewan ko sa mga to. Ang dami pa kasi naming Mall shows eh."

Wow. Biigatin nga pala to.

"Yes. Super ganda dun. I've never been there. nakita ko lang sa mga pictures.."

Nag nod lang siya.

Hinatid na nila kami sa Car namin. Maaga daw yung flight nila for Cebu bukas.

Habang nasa car kami. Naisip kong gusto kong mag out of town. Kahit over night lang..

"Cousins. Let's go to Laguna tomorrow." Lahat sila Umagree.

Pola: "tara. tetext ko na yung GALS. sama natin sila.."

Lorshey: "I'll text the Buddies naman.."

Ako: "Tetext ko na si Jerome.. Sabihin ko sakanya.."

Janey: "yes finally makakapag pahinga din ako.."

Pasamahin ko kaya si Addland & Tine. Gusto ko ng makipag ayos sakanila. Kahit alam kong wala akong ginawang masama. Gusto kong bigyan ng closure lahat..

***To: A.Goodboy..*

*Babe. Let's cancel our date tomorrow. Leggo Laguna. Tam okay. Bring your Car. Miss you :**

***From. A.Goodboy..*

*Gusto mo lang ako ma'solo sa Laguna pa. Osige dahil mahal naman kita. Tinatamad akong mag drive. Missyoumore Baby. :***

***To. A.Goodboy..*

*The Eff! Kapal mo. Ewww. Nagkayayaan kasi. We invited GALS & BUDDIES. Don't be such a feeler honey. Pack up your things okay. Na-uhh. You have to, Sayo ako sasabay. 4 na car lang yata ang dadalhin eh. Yung amin. sayo kay Char and kay Jc. Sleep kana okay. On our way home na kami. loveyou :***

***From: A. Goodboy*

*Okay. Iloveyoumore Baby ko. Mwuaaah :***

AHAHAHA.

Chapter Twenty Eight.

AYA's POV.

Umaga na pala. Chineck ko na lahat ng gamit ko baka kasi may makalimutan pa ako then naligo. Pag labas ko ng Cr.

"Ano ba bakit ka ba andito?" Si jerome naka'higa na naman sa kama ko..

"Chine'check ko lang po kung gising na yung asawa ko.." Pssh. Aga aga ang sweet. Pwedeng kiligin?

Hindi ko siya pinansin. Dumiretso ako sa drssing room. Shorts. Sando. Flipflops. Okay na yun. Sa car lang naman kami eh. Tska private naman yung pupuntahan namin. Exclusive siya for us lang.

"Baby dadalhin mo ba laptop po."

"Ayy yes Babe. Paki'lagay naman dun sa Bag.."

Lumabas na ako ng dressing room.

Tumingin ako sa salamin. Okay na. Excited na ako..

Nakaka'sawa kasi yung pool dito sa bahay eh. Ewan ko pero hindi ako enjoy. Choosy.

Nag Back hug si Jerome. Habang Sinusuklay ko yung buhok ko.

"GoodMorning Beautiful.."

Blush

"Babe can you bring my bags downstairs. I'll just fix my hair."

"Okay. Bilisan mo ah. Mamimiss kita agad eh.."

Pssh. Ano ba. Don't be too sweet. Naiinlove ako lalo..

"Oo na sige na.."

Kinuha na niya yung mga gamit ko. Tapos lumabas. Sinuklay ko lang ng unti yung buhok ko tapos kinuha yung phones ko tapos bumaba na din ako..

Nag aayos na silang lahat.

"Anong ginawa niyo dito?" Sino dumating? Pag tingin ko dumating na si Addland & Tine.

Napa'tingin silang lahat sakin..

Sumigaw si Agatha "Sino nagimbita sakanila?"

Binuksan ko yung pinto. tapos pinapasok sila..

"Ako nag imbita sakanila."

Lahat sila na'shocked yata sa sinabi ko. Eh bakit ba gusto ko ng matapos lahat ng issue eh. I think this will be a perfect timing.

"Sure ka ba Aya sa ginagawa mo?" Napa'tingin ako sa mukha nila. Nakaka'tawa talaga.

"Oo naman. May pinagsamahan naman kami ni Addland eh. Okay lang ako ano ba kayo.."

"Okay sabi mo eh.."

Sumakay na silang lahat sa mga car. Yung cousins ko dun sa kotse namin. Si Pola nag ddrive. Sa kotse naman ni Jerome kasabay namin si Dine & Prince. tapos sa kotse ni Char si Luke. Jaimie and Aldrin yung kasabay niya. Hindi na dinala ni Jc yung kotse niya. Sumabay na lang sila kela Addland.

On the way na kami sa Laguna. Napansin ko parang Bv si Jerome. Hindi niya ako pinapansin. Hindi niya ako kinakausap.

Tulog yung dalawang kasabay namin. Paano kain ng kain..

"Babe may problema ba?" Hindi siya sumasagot.

Nakakainis naman.. Focus siya sa pag ddrive.

Tumingin na lang ako sa bintana..

"Bakit mo siya inimbita?" Napa'tingin ako sakanya. Ang serious ng face niya..

"Wala lang..."

Tinignan ko yung magiging reaksyon nung face niya. Parang mas lalo siyang nainis. Oh-oh. Wrong move.

"Bullshit. Bakit nga?" Amp! Nakaka'takot na naman siya. Sobrang sweet niya. Pero pag nagalit siya sobrang nakaka'takot na..

"Gusto ko ng matapos lahat. Final Closure.. Gusto ko na ng walang ilangan.."

Medyo kumalma na yung face niya..

"Baby.. Pinapahirapan mo lang si Addland sa ginagawa mo.."

"Babe. Trust me.. Alam ko ginagawa ko.. Gusto ko ng tapusin lahat. Mag simula kami sa bago. sa Friends na lang.."

Tumingin ulit ako sa bintana..

"I trust you.."

Humarap ako sakanya tapos naka'Smile ako.

^____^v

"Ayan ka na naman eh. Pa'cute ka na naman.."

"Cute na ako.."

"Alam ko kaya nga swerte akong nasakin ka e."

"Naman. Mas swerte ako sayo kasi Boyfie kita."

Tapos tumawa ako nakita ko parang nainis siya..

"Anak ng.. Boyfie. Ang bantot naman nun.."

Nag tawanan lang kami.. Tulog na tulog yung dalawa. Pinag tripan namin. Pinicturan namin ng Pinicturan..

Hindi ako pwedeng matulog. Inaantok na ako. Ayukong iwan ng gising tong Boyfie ko..

"Malayo pa ba tayo?"

"malapit na.. Bakit?"

"Babe im sleepy.."

Hindi ko na kaya. Inaantok na talaga ako..

"Sleep kana muna. Gigisingin na lang kita pag andun na tayo.."

"Sure?"

"Opo.. Sleep kana. I love you.."

"I love you more babe.."

Kinikilig naman ako. matutulog na nga lang papa'kiligin pa..

"Baby wake up. We're here"

Pagka'bukas ko ng mata ko sobrang lapit nung mukha niya sakin..

"Am i in heaven? Bakit ako nakaka'kita ng angel?"

Nakita ko siyang nag blush. Okay aminin niya kinilig siya..

Ginising ko na din yung dalawa sa likod. taray haba ng tulog nila ah..

Bumaba na kaming lahat.

Andun na din lahat. Kami yung pinaka'huling dumating.

Ang ganda nung place. Ang laki the best talaga si Ate Jhey.

meron siyang 2 pool. isang pang bata isa yung regular pool. Pero malaki. May billaran din. May karaoke. Malaki yung kitchen.

1 room na may 3 double deck. Dun yung mga cousins ko. Ang galing ni Jerome eh. Nauna agad siya dun sa Masters bedroom. Unahan lang kasi yan. Magkakasama naman sa room si Addland& tine. Aprl & Jc. tapos Char & Luke. Tapos sa isang Room sina Dine&Prince. Jaimie&Aldrin tapos Yanna&Bryle.

Ayaw kasi ni Jerome na may kasamang iba sa room. alam niyo naman yun. Napaka bugnutin..

Nagpalit na lahat ng swim wear. Yung mga cousins ko Naka two piece pero naka shorts. ganun din yung ibang Gals. Samantalang ako ayaw payagan ni Jerome.

"Eh bakit ba kasi.. Tignan mo nga lahat sila naka ganun?"

"AYUKO!"

Tinabihan ko siya. Nilalambing ko din..

"Babe please. Sige na Op ako sakanila oh. Naka swim suit silang lahat."

Niyakap ko siya. Niyakap din niya ako.

"Ayuko nga baby. Ang kulit mo naman eh!"

"Eh bakit nga kasi ayaw mo.."

"Ayukong i'expos mo katawan mo sakanila.."

"Eh ba't yung iba.."

"Wala akong pakielem sa iba."

"Please" *puppy eyes*

"AYAW."

"Anong gusto mong suotin ko. Pantalon tapos long sleeves."

Umalis na ako sa pagkakayakap niya sakin..

Umupo ako dun sa Sofa. Nag tampu tampus..

Lumapit siya tapos nilambing ako.

Nilagay niya yung kamay niya sa waist ko.

"Osige papayagan kita. Pero naka Cover up ka?"

"Ngeeks ganun din yun.."

"Mamili ka Magpapantalon ka & long sleeves o tatanggapin mo yung naka cover up kana.."

"Okay! Sge Cover up na.."

Nag smile siya, Ako naman naiinis.

"Papayag din naman pala eh."

"Isang kundisyon. Hindi mo huhubadin yang t'shirt mo."

"Oo naman ayuko makita nila ka'machohan ko.."

Kinotongan ko siya. Yabang talaga..

Niyakap niya ako..

"tara na. .Alam kong gutom kana eh.."

Bumaba na kami.. Andun na silang lahat.

Let the Happiness begins..

Chapter Twenty Nine.

AYA's POV.

Ang daming pagkain may Hotdog may grilled Liempo daming chips.

Lahat kami nasa pool. Nagkukulitan. Naglalaro. Hapon pa siguro mga 5 pm. Picture picture.

Merong ding karaoke. Nag-aagawan kami sa Mic. Ang saya kaya kumanta.

****Fastforward.**

Mga gabi na 8 pm na siguro.. Night Swimming. Hindi pa din natatapos ang kantahan. Yung iba nag-iinuman pero tanduay Ice lang. Hindi naman kasi kami mga lasinggera eh.

Umakyat muna ako. Icha'charge ko kasi yung phone ko kasi Lowbatt na. Nakita ko si Addland lumabas ng room nila ni Christine.

"Hi.."

"Hello." Ang awkward lang eh.

Nag-smile siya..

"Can we talk..."

Binuksan ko yung pinto. Pumasok ako tapos sumunod siya..

Sobrang awkward kaya.. Umupo siya dun sa sofa bed. Tapos ako naman umupo dun sa kama..

"Ang awkward.." Napatingin siya sakín nung sinabi ko yun.

"Oo nga eh.."

Tapos nag-nod na lang ako..

"Sorry"

Napatingin ako sakanya bakít siya yung nagsosorry. Di ba dapat ako?

"Bakit ka nagsosorry?"

"Dahil sa pang iiwan ko sayo dati. Dahil sakin nasaktan ka.."

Ahh yun ba yun..

"Magsisinungaling ako kung sasabihin kong okay lang yun. Sa totoo lang masakit talaga eh. halos araw araw sinasampal ko yung sarili ko para magising sa katotohanang wala ka na. na wala na tayo.."

"Sorry Aya. Hindi ko sinasadya na'explain ko naman sayo kung bakit diba? Hindi ko ginusto to. Mali. Ginusto ko to dahil mas pinili ko siya kesa sayo. Pero hindi ibig sabihin nun na mas mahal ko siya kesa sayo.. Aya araw araw sinisisi ko yung sarili ko sa pagkakamaling nagawa ko. Hinihiling ko na sana mabalik ko yung oras.."

Napatigil siya. Lumapit siya sakin tapos tinabihan umupo din siya sa kama. Magkatabi na kami.

Sa totoo lang nakakailang yung moment namin ngayon pero may pinag samahan din naman kami eh. We can be friends.

Parehas kaming tahimik. Nagkakatinginan. Ngingiti tapos iiwas na naman ng tingin. Awkward nga kasi diba. tahimik siya.. Magsasalita na nga ako.

"Alam mo mahal ka ni Christine.."

"Pano mo naman nasabi?.."

"Kasi ang babae pag nagseselos yan ibig sabihin mahal ka niyan. Ayaw ka lang niyang mawala sakanya.."

"Ah okay.."

Tumingin ako sakanya. Nakayuko lang siya..

"Masaya ka ba?.."

Tinignan niya ako.. Serious face siya..

"Alam mo.. Akala ko hindi na ako sasaya pa nung nawala ka.. Masyado ko yata kasing na'focus sayo yung buhay ko eh.."

Tapos tumawa ako.. narinig ko tumawa din siya..

"Pero nung dumating si Jerome sa buhay ko. Alam mo yung feeling na hindi ako natakot.. Hindi ako natakot kasi alam kong hindi ako nag iisa. Siguro nga kaya hinayaan ni lord na mangyare satin yun kasi alam niyang may nakalaan na iba para satin. Siguro alam ni lord na hindi talaga tayo sa isa't isa.."

"Siguro nga.. Kaya lang si Lord naman hindi pa nilagyan ng extension.. "

AHAHAHAHA. Nag tawanan ulit kami..

"Friends?.." Inabot niya sakin yung kamay. Nag shake hands kami.

Sa wakas wala na akong problema.. Okay na ako sa ganto kami. Atleast nasabi ko na sakanya yung gusto kong sabihin..

Palabas na kami ni Addland.. Shit Pag bukas ko ng pinto si..

Jerome..

JEROME's POV.

Paakyat na ako ang tagal naman ni Aya. Icha'charge lang yung phone niya ang tagal tagal.

Bubuksan ko na sana yung pinto.. Kaya lang biglang bumukas. pagkakita ko. Si Addland nasa room namin. t*ngina. magkasama sila.

Shit aya ilang linggo pa lang tayo papalitan mo na agad ako. T*ngna siya pa..

"Mauna na ako ah.." Bumaba na si Addland.

Amp naman. Ano nakuha na niya ulit si Aya kaya bababa na siya?

Pumasok ako. dire'diretso lang. Hindi ko pinansin si Aya.

Chinarge ko yung Psp ko tapos kumuha ng damit pamalit.

Umupo si Aya sa kama. Ngingiti-ngiti pa siya. Kung alam lang niya nakakainis yung ginawa niya..

"Babe. I know you're jealous. wala yun. Sinabi ko lang sakanya kung gaano ako kasaya ngayon.."

Amp. Nakakainis. Hindi ko siya pinapansin..

Lumapit siya saakin. Umupo siya sa tabi ko tapos hinawakan yung cheeks ko..

"Don't you trust me?"

"Eh bakit kasi kelangan sa kwarto pa kayo mag usap. Nang kayong dalawa lang. Pwede niyo namang pag usapan yan kasama kami ah."

Nagpa'cute pa siya. AMP talaga lalo akong naiinis eh.

"You're so cute when you're Jealous.."

Tapos pinisil niya yung cheeks ko. ARAY masakit po.

smacked

"3 words Babe."

Shit. *blush* Kinilig ako dun ah.

"Isa pa.. Kiss mo ko ulit.."

Nakaka'bitin naman yung kiss niya saakin.. Amp ang manyak nung dating..

"No.. Wala na.. tara na sa baba.. we're missing the fun.."

"I don't care about the fun there.. Basta kasama kita Masaya na ako kahit saan. Ikaw lang kumpleto na ako.."

Sorry if natagalan ako sa pag update naging busy kasi eh.

Chapter Thirthy.

AYA's POV.

One week na din nakakalilipas after ng outing namin. Grabe after the good times ito na naman si Studies. Nakaka'Stress na talaga. Kami ni Jerome ito wala pa ding pinagbago. Joke. Mas naging strong yung relationship namin. though minsan ang taray taray pa din niya.

One time nga kung utusan ako kala mo kung sinong makapag utos. Bilan ko daw siya ng snacks namin. Grabe to. Lalo na pang nag PMS-ing pa yan Jusko po. Kulang na lang lumuhod ako sa lahat ng mga masusungitan niyan.

****BZZT****

tumunog yung phone ni Jerome. Pinagmasdan ko siya. Tinignan niya pero hindi niya nireplyan. tapos tinignan ko yung expression nung mukha niya. Parang medyo nainis siya. Parang medyo nabadtrip.

"Okay ka lang?" tinanong ko siya. Tapos nag Nod lang siya. Ano kayang nangyayare sakanya? Hindi ko gusto yung nakita kong mood niya e.

Hindi niya sinagot yung tanong ko. Tumingin siya sa relas niya tapos..

"Tara Ditch tayo?.."

Huh? Ano daw ditch? Eh 2 subjects na lang uwian na din namin. Ano ba kasi yun?

"Huh? Eh mag uwian na din naman ah.."

Nag shrug siya tapos sabay kuha nung bag niya.

"Kung ayaw mo. Wag mo!"

tapos nag madali na lang siya lumabas ng room.

Ano bang ginawa ko? Wala naman akong sinabing masama ah. Nakakainis. nagagalit agad siya. Eh totoo namang malapit na ding mag uwian eh tapos gusto pa niyang mag cutting. Anong klaseng trip yun?

Pero parang problemado talaga siya eh. Nagwowyorry din ako..

Palabas na sana ako ng room. Dun ako dadaan sa back door. ng biglang dumating yung prof namin.

"Where are you going Ms. Fernandez? Sit down. may quiz pa tayo ngayon."

Aish naman. Bv >.< Quiz na naman. Jusko Chem why'd you have to be so hirap.

Binigay na yung quiz namin. May nasagot naman ako. Onti. Wala kasi si Jerome eh. Wala yung nako'kopyahan ko. Wala din yung inspiration ko. Hindi din ako mapakali kasi alam kong may problema yung babe ko. :(

Uwian na. Magkakasama kami ng Gals & Buddies. Palabas. Hindi pa din ako mapakali. Hindi nagtetext si Jerome. Hindi din siya tumawag. Ano bang problema niya. Seriously hindi ko nagugustuhan to.

May nakatayong lalaki sa may front gate. Matangkad. Tapos pinag titinginan ng babae. Malamang si Jerome yun.

Siya nga.. Nakatayo lang siya habang naka'sabit yung isang strap nung backpack niya sa isang shoulder niya lang. Gets niyo? Im not really good in explaining.

Nakita na siguro niyang andun na kami. Lumapit siya sakin tapos kinuha yung book na dala ko.

Hinawakan niya yung kamay ko..

"Guys. Una na kami ah.. Magde'date muna kami.."

Seriously? O.o

"Sge lang.. Ingat.."

Nag wave na kami sakanila.

After ko siyang problemahin ganto siya. Ang gulo niya ah.

"Sorry about what happened a while ago.."

Hindi ako nakaimik. Teka lang. Shocked ako sa nangyayare eh..

"Where did you wanna eat Baby?"

Hawak hawak pa din niya yung kamay ko tapos ang ganda ganda nung smile niya. Amp naman. Nganga ako nito eh.

Hello?! Ang gwapo niya kaya!!

"KUNG AYAW MONG KUMAIN SABIHIN MO HINDI YUNG HINDI MO KO PINAPANSIN"

Aww shit. Am i Idling? Nagalit tuloy siya. Halaa. Binitawan niya yung kamay ko. Tapos nagmadaling lumakad.

Hinabol ko siya tapos hinawakan ko yung kamay niya..

"No. BABE! Sorry! Let's go to Sm na lang"

Ayukong sirain yung moment ang sweet na eh. Naglalambing na ulit siya. Pero Curious pa din ako sa kung anong nangyare sakanya..

Andito na kami sa Sm magkahawak kamay. Tapos naka smile na ulit siya. Dito ako naiinlove sakanya eh. Yung kahit ang sungit sungit niya sa iba. Yung tipong sobrang taray niya pag dating sakin lumalambot yung puso niya. AHAHA. Okay ako na proud Girlfriend. Naman! Dapat lang.

Kumain kami sa Greenwich. Wala lang feel ko lang mag lasagna ngayon eh.

"Babe ano ba yung kanina?"

"Ah wala yun.."

Wala yun? Eh halos nabadtrip batrip ka tapos sasabihin mo wala yun? Aish naman.

"Aish. Wala yun eh bakit parang nabadtrip ka nung nakita mo yung text na yun?" >.<

"Wala nga!.."

OK. He's lying. Halata namang meron yun eh. Pero ayuko ng palakihin pa yung issue. Ayuko ng palakihin pa yung gulo kasi baka mag away na naman kami. Kung wala yung edi wala. Mahal ko siya. Paniniwalaan ko siya.

****BZZZT****

May nag text na naman sakanya. Hindi niya tinignan. Ayuko din naman pakielamanan kasi baka mamaya bigla na lang akong sigawan nito.

****CALLING****

Tumatawag na. Number lang nakalagay kaya hindi ko kilala kung sino ba yun..

"Hindi mo ba sasagutin yung tawag na yan?"

"Huh? Okay lang mamaya na lang. Gusto ko sayo muna yung oras ko.."

Amp! Hindi ko alam kung matutuwa ako o maiinis sa sinabi niya. Kasi bakit ayaw niyang iparinig sakin yung pag uusapan nila at tsaka sino ba kasi yan..

Chapter Thirty One.

AYA's POV.

Saturday ngayon wala kaming pasok. So nagkayayaan ang barkada sa bahay nila Jerome ngayon. Umuwi kasi diyan sila Tito & Tita eh (Mom and dad ni Jerome) Madami daw silang pasalubong samin. kaya pumunta kami.

Sinundo ako ni Jerome dito sa bahay sabi niya andun na daw yung Buddies. tsaka yung ibang Gals. Eh hindi makakapunta yung mga cousins ko ngayon kasi alam niyo na. Busy. Lalo na ngayon dumadami mga project nila. Miski ako nagiging busy na din ako. Hinahati ko yung oras ko kay jerome pati sa trabaho ko. Pag ka hatid niya sa saakin sa bahay. Maya maya aalis ako kasi may mga photoshoot and contract signing na kelangan puntahan/

Back to the story.

Andito na kaming lahat sa bahay nila Jerome.

"AYAAAA!"

Waaah. Sino ba yun? Parang boses ni tita yun ah. Hindi naman kelangan sumigaw eh. Pasaway talaga to si Tita.

"Tita... Tito.."

Nag smile ako sakanila.

"We missed you anak. Hindi mo man lang ba kami yayakapin ng tito mo?"

Tapos biglang nag pa cute si tita. Naks. Ang sweet talaga, kaya lalo kong minamahal si Jerome kasi alam kong boto saakin yung family niya eh. Alam kong mahal din nila ako at ako yung gusto nila para sa anak nila.

Niyakap ko na si Tita tapos nag beso. Yayakapin ko na sana si Tito kaya lang biglang humarang tong si Jerome.

Aish >.< What now?! Yayakapin ko lang dad niya eh. Don't tell me nag seselos siya?

Nag Glare ako sakanya? Tinignan ko siya ng masama?! Hello DAD niya yung yayakapin ko.

"Tama na. Walang yakap yakap. Akin ka lang."

Aish!

Humarap siya sa parents niya.

"Kayo. Go back to kitchen.. Chupi!"

Tapos umalis na yung dalawa. Poor Tito & Tita. Ang malas nila sa anak nila. Ungas talaga to kahit kelan eh.

"What now? Anong Problema mo?"

Tinignan ko siya ng masama tapos nag evil smile lang siya sakin.

Hinawakan niya ako sa pisngi then bigla niya akong kiniss!

O.O

"Tawagin mo na. si... la.... Aya... and.. Je...rome.. ." dumating si Bryle kasama si Jc.

"Ito na pala yung Love birds eh.." Tapos tumawa yung dalawa.. Tapos biglang tumakbo papaalis. Binigyan kasi ng Death glare ni Babe eh.

Biglang inalis ni Jerome yung pagkaka'kiss niya sakin.

O.O taena! What happened?

tapos tinignan ko si Jerome. Umiwas siya ng tingin sakin pero nakita kong naka smile siya tapos namumula.

Ano ba naman niya. Pati ako kinikilig sa ginagawa niya eh..

Gutom na ako..

"tara na puntahan na natin yung iba.."

tapos naglakad na ako..

Hinawakan niya yung kamay ko. teka mali. Pinigilan niya ako sa paglakad tapos hinawakan niya yung kamay ko.. Niyakap niya ako tapos may binulong siya..

"3 words 8 letters.."

Tapos hinugback ko siya..

"Why? What's the problem babe?"

Huh?! Ano yung sinabi ko?! Naninibago kasi ako sa mood ngayon ni Jerome eh. Bigla bigla na lang siyang nanlalambing ng ganto. Hindi naman sa ayaw ko. Hindi lang ako sanay kasi alam niyo na.. Yung ugaling niya Siga & gangster wanna be napapalitan ng isang Goodboy & Cheesy na Boyfriend. Im loving him na talaga.

HINDING HINDI KO NA TO PAPAKAWALAN PA!

"3 minutes, Sandali lang. let's just stay like this.. Please.. Give me 3 minutes.."

OMG! Kinikilig na talaga ako. Bakit ganto..

"You're the greatest thing happen to me. I love you Babe. I love you so much. I love you more than anything in this world. Cheesy ba?! Oo nga e. Wala akong pake. You bring out the best of me. Thankyou so much. Tinanggap mo ako kung sino ako. Mahal na mahal kita.."

AMPOOOTS. ANO DAW? *BLUSH* Eh kinikilig ako! Isa pa ulitin mo pa. Sana palagi na lang kaming ganto. Sana palagi siyang ganto ka' sweet.

Hindi pa din ako nakapah salita sa mga sinabi niya. HELLO kinikilig po kaya ako?! Anong sasabihin ko?

he kissed me again in the lips.

"I love you now to forever..."

"I love you more"

Tapos pumunta na kami dun sa iba. Syempre Holding hands kami tapos halatang pareho kaming namumula..

lahat sila pag pasok namin naka tingin tapos Mga naka smile. Bakit anong meron?!

Humarap ako sakanya.. "May dumi ba sa mukha ko?"

Tumawa lang siya.. Meron ba? Ano ba kasi...

"HOY! Ano ba?!!"

napa sigaw na ako. Ano ba kasing meron bakit parang ang weird ng mga smile nila..

"Amp! Pareho kasi tayong namumula.."

Tapos nag smile siya nung sinabi niya yun. Naglakad na siya papunta dun sa table.

Naiwan ako. Ano ba yan parang nahihiya tuloy ako..

"Mam may bisita po kayo.." lumapit yung maid nila kay Tita..

"Papasukin mo.."

Umalis na yung maid nila. Tapos andun na yung bisita.

Nakatayo lang siya..

Maganda siya..

SINO SIYA?!

Tinignan ko si Jerome. Parang nagulat siya sa nakita niya. Tapos parang nabadtrip siya or ewan hindi ko alam kung pano i explain yung mood niya pero parang nagbago kumpara dun sa itsura niya nung magkasama kami kanina.

Ngayon parang nabadtrip siya. tapos umiiwas ng tingin..

tinignan ko yung girl.

"Hello!" bati niya sa lahat. tapos nag smile siya.

Nakita kong naka tingin siya kay Jerome.

Tinignan ko ulit si Jerome pero umiiwas siya ng tingin dun sa babae. I mean hindi niya tinitignan n\yung babae.

Bakit anong meron? Meron ba akong hindi alam?

O.O

Chapter Thirty Two/

JEROME's POV.

Amp bakit andito siya? So totoo ngang andito na siya sa Phil. Nakakainis naman bakit bumalik pa siya? Ang lakas naman ng loob niyang magpakita pa sakin.

Tinignan ko si Aya. Parang gulong gulo siya. Amp naman nakakainis bakit ba andito pa yang babaeng yan.

"Babe. Sino siya?.."

"Babe.. Sino yung dumating?.."

Amp nakakainis naman tanong ng tanong eh. Eh bakit hindi na lang siya yung mag tanong kung sino yun

"Ewan ko sayo! Bakit ako tinatanong mo? AMP! nakakainis ka!"

Tumayo ako sa upuan ko. Nakakainis naman kasi talaga eh. Sakin pa talaga tinanong. Natarayan ko na naman tuloy si Aya. Sorry Babe. Wala lang talaga ako sa mood. Bakit ba kasi bumalik pa siya..

Pumunta ako sa pool side.. Para mag isip isp.

Naiinis kasi ako masaya na ako ngayon. Ano pang ginagawa niya dito? Ang lakas ng loob niyang magpakita na parang okay lang ang lahat samin.

AYA's POV.

Bigla na lang nagalit si Jerome hindi ko alam kung bakit. PMS? Parang hindi naman.

"Excuse me po. Hanapin ko lang si Jerome."

Tumayo na ako sa inuupuan ko. Hinanap ko siya.. Pumunta ako ng sala wala siya dun. Pinuntahan ko din siya sa kwarto niya pero wala din siya dun. Nasan kaya siya. Naglakad lakad pa din ako patuloy sa paghahanap sakanya..

Lumabas ako sa Pool side. Andun siya. Nakaupo.

Nilapitan ko siya hindi ko alam kung bakit pero parang kinakabahan ako. Parang may something sa nararamdaman kong hindi ko ma'explain. Hindi ko gusto yung nakikita kong expression ng mukha niya parang naiinis sya na ewan.

Tinabihan ko siya.. Pero hindi ako nagsasalita. Tinitignan ko lang siya tapos tingin sa pool.

Ayuko ng ganto. Ang tahimik namin. Awkward. Bahala na magsasalita na ako.

"Be.."

Magsasalita na sana ako kaya lang bigla siyang nauna..

"Siya si Jay. Bestfriend ko siya dati.. Palagi kaming magkasama.. sabay kaming lumaki. Magkakaibigan yung mga parents namin. Parehas kami ng school na pinapasukan dati. Siya yung pinakaunang kaibigan ko na babae..."

Hindi ako makapag salita hindi ko alam sasabihin ko.. Tinignan ko lang siya..

"Sa pagiging mag Bestfriend namin.. natutunan ko siyang mahal.. Pino'protektahan ko siya sa lahat ng bagay.. Kaya lang isang araw bigla na lang siyang umalis ng hindi nagsabi sakin.. Nalaman ko lang nung pagkauwi ko ng bahay na wala na siya.. Umalis siya papunta sa ibang bansa. After that day. Wala akong ginawa kung hindi umiyak. Sobrang lungkot ko. Wala na akong nalaman tungkol sakanya after that.."

Ahh yun pala yung nangyari sa nakaraan nila kaya naman pala gunan na lang yung naging reaction nya nung dumating si Jay.. Pero tama nga din si Jerome anong balak nya ba't siya nagbalik?

Agawin ba niya sakin si Jerome? Mawawala din ba sakin ang Boyfriend/Bestfriend ko..

Please wag di ko kakayanin..

"Oh bat tahimik ka?.."

hindi pa din ako umiimik.. Oo nga ano ngang pwedeng mangyare ngayong bumalik si Jay..

"Babe!."

"Ayyy sorry.. I was out of my mind.." Sinabi ko sakanya.. Napatingin ako sakanya. Hes staring at me.. Seriously..

"Babe is there anything wrong? Are you okay?.."

Am i Okay? Paranoid lang siguro ako ngayon. Hindi ko kasi mapigilang hindi mag isip kung anong pwedeng mangyare.. She's back from nowhere..

"Yes Im okay.." I lied..

"Babe.. wag mong isiping ipagpapalit kita sa kahit ano pa mang rason.. Mahal na Mahal kita. Hindi ko kakayanin kung mawawala.. Kung natatakot ka sa pagbabalik niya.. Kung natatakot ka na baka agawin pa niya ako sayo hindig hindi mangyayare yun.. Mahal na Mahal kita."

(Sorry if SUPER LATE akong nakapag Update. Sira po kasi yung PC sa bahay. & lately medyo busy din ako in some stuffs. Thankyou guys hope you understand.. Ttry ko ng laging mag update. As in TTRY ko. Hindi ko pa din kasi talaga sure eh. Ang hirap isingit sa sched lalo na sira pa yung Pc. Thankyou guys. Loveyou)

Chapter Thirty Three.

AYA's POV.

One week na din ang nakalipas since nung dumating si Jay sa buhay namin. Nag'enroll na din sya sa school namin ni Jerome. Kaya lang ibang course kinuha niya. IT yata kinuha niya. Okay naman lahat. Siguro? Hindi ko kasi alam eh. Lately kasi si Jerome parang paranoid sya lagi.. Parang lagi na lang syang badtrip sa kung ano mang dahilan.. Haay nakoo akala mo babae eh. >.<

"Babe! Tara alis tayo ngayon. Let's date.." niyaya niya akong magdate.

I just nodded.

Tatal naman uwian na namin. Humiwalay na muna kami sa Gals & Sa Dota Buddies. May kanya kanyang date din naman sila eh.

Pumunta kami sa Mall. As usual dun lang naman galaan namin eh..

"Babe oh ang cute naman nitong damit.. ^___^" Pumasok kami sa Candies. May nakita kasi akong magandang damit dun eh..

"Ahhh. Okay lang.." Yan lang yung sinagot niya sakin.

Ikot ikot sa mall. Hanggang sa magutom.

"Bebe ko! Tara kain tayoooo.." Ginutom na kasi ako.. Alam nyo yung feeling na ikot lang kami ng ikot.

"Sge.." Psssh - _____ -

"San mo gusto kumain babe?" sinabi ko ng may galak. HAHAAH. what a term galak.

"Ewan ko!" AMP! putaaaaa. nakakainis na. Kanina pa siya ganyan. Kung hindi mga one word na sagot.. mga sagot na walang kwenta. Ano bang problema niya? Bakit pati ako dinadamay niya?!

"Problema mo? Alam mo kanina ka pa eh... Nakakainis na..."

Huminto ako sa paglalakad. Binitawan ko yung kamay niya.

"Ano na naman ginawa ko?" Pasigaw na sinabi niya sakin.

Amp! Ano ba to. sisigawan pa niya ako.. Ako na nga tong pinag mumukha niyang tanga dito eh..

Peste nakakainis na.

Iniwanan ko siya dun.. naglakad ako ng mabilis.. Bahala siya kung susundan niya ako o hindi pero ayuko muna siyang makasama. Ayukong makasama siya ng ganyang yung mood niya..

JEROME's POV

Pesteng buhay naman to! Tangna. >.<

Nadamay na naman si Aya sa problema ko. Ptngna! Naiinis ako sa sarili ko.

naglakad na siya papalayo. Hindi ko alam kung bakit hindi ko siya sinundan..

Ang hirap.. Nahihirapan ako.

Pakinshet! Bakit ako nahihirapan.. Bakit kasi kelangan dumating pa ulit siya..

Hindi ko na siya sinundan..

Nakauwi na ako. Hindi pa din nagtetest si Aya. Hindi din siya tumatawag. I open my fb to check is she's online. but sadly she isn't. Pero nag status siya..

"What's your problem dude?! You're so near yet you're so effin far"

Alam ko namang ako yan eh..

- _____ -

Hindi ko na talaga alam.. Ayukong mawala siya.. Hindi ko din alam kung bakit ako nahihirapan. Ayuko mawala si AYA. mahal na mahal ko siya..

To: A.BABYKONGMAHAL..

Babe.. Sorry kanina.. I didn't mean it. I love you so much.. you know that. Baby love you're the only person i need. you are my weakness & strength. You are my happiness & sadness. Baby without you i dont know if i can carry on.. please please. no matter what happen always bear in mind that i love you so much from the bottom of my heart..

Aish. Cheezy ko. Parang bakla. Taena! Pero wala eh. Ganyan pag inlove pero taena namumrublema pa din ako.

Chapter Thirty Four.

Aya's POV.

Nakaka'badtrip siya. Kung may problema siya pwede naman niyang sabihin diba? Hindi yung hindi niya ako papansinin at hindi niya ako iimikin.

Masait sa feeling ng babae yun. Hindi madaling mag effort ng gaun tapos parang balewala ka lang diba? Kaya hindi muna ako nagpaparamdam sakanya. Nang baka sakaling mamiss niya din ako..

ganto naman tayong mga babae dba? Ang gutso natin sinusuyo tayo.. Pero nakakainis kasi talaga eh..

One Message received..

From: A.BABYKONGMAHAL..

Babe.. Sorry kanina.. I didn't mean it. Iloveyousomuch.. you know that. Baby love you're the only person i need. you are my weakness & strength. You are my happiness & sadness. Baby without you i dont know if i can carry on.. please please. no matter what happen always bear in mind that i love you so much from the bottom of my heart..

Psss. Tapos ngayon gaganyan ganyan ka.. Nakakainis..

Pero hindi ko naman siya matiis..

To: A.BABYKONGMAHAL.

*Next time kung ayaw mong damayan ka sa problema mo.. Wag kang magpapakita na you're not okay.. Nagmumukha kasi akong ewan e. Okay talk to you soon. Call ka na lang later. Need to rest for a while. Do your homework. Iloveyou :**

So nagpahinga muna ako. Tumawag naman si Lorsche. Ayun nag kwento lang ng kung ano ano.. About daw sa inlove daw siya ngayon.. Si Romeo yata yung name nung guy. Nakakatawa nga yung story nila eh. HAHAHA, well, kahit alam kong tatawag si Jerome and pagod na ako. Hindi ko naman nagawang hindi kausapin si Lorsche.. Adik kasi to.. Pag badtrip ako.. or not in my mood.. Always on the go yan. Shopping or kung ano pa mang pwedeng bonding basta mawala bv ko. kaya ayun medyo okay na ako nung nakausap ko siya..

Sinabi ko rin sakanya yung problema namin lately ni Jerome.. Actually hindi kong alam kung ano ba talaga yun e. All i knows is that hindi kami okay kasi hindi siya okay.. Ito naman ang advice ng bruha..

"Alam mo cous.. Madami pang iba dyan.. De jokelang.. Ganyan naman talaga yang mga lalakeng yan e. Pag tayo nagkakamali or may problema daig pa nila mga nanay kung mang usisa.. Yan yung reason kung bakit kami nag break ni RB dati eh. Napaka selfish niya sa problema niya.. Ang akin lang naman gsto ko siya tulungan kasi mahal ko siya. Eh gagung yun.. Ayun.. Ang problema pala iba na ang mahal.. hay nako..Babush na nga.. Uuwi na ako diyan next week. Boring dito kela mommy eh. Love you.."

"Gaga ka talaga. Okay okay. Iloveyoumore. Missyou. Lets bond soon.." tapos binaba na niya yun phone..

Nagonline ako. facebook. twitter. Basa ng story sa wattpad. Inaantay kong tumawag si Jerome pero ni isang tawag niya wala. ni'hindi man lang nga nag text eh. Nakakinis naman. Ayuko ng ganto.. - _____ -

Jerome's POV.

Nakatulog pala ako.. Hala anong oras na pala. Sabi pa naman ni Aya tumawag ako..

Nung triny ko naman siyang tawagan eh busy.. Sino naman kaya yung kausap nito. - _____ -

Nagdota na lang ako para malibang.. Tinatamad kasi akong gumawa ng assignments..

One message received.

*From: 0905******

Need to tell you something. Im here outside your house. I'll wait you. Please show up. -jay.

Ano na naman kayang ginagawa niya dito? Anong oras na..

Binaba ko naman siya. Nakita ko siyang nakatayo sa labas ng gate.

"Anong ginagawa mo dito.."

"We need to talk.."

"Wala na tayong dapat pang pag usapan..."

"Jerome.. Makinig ka naman muna please. "

bakit ko naman siya papakinggan ngayon? After ng ginawa niya sakin..

"Sa tingin mo ganun lang kadali yun? Pagkatapos mo akong pagmukhaing tanga ng mahabang panahon?.. Tangina Jay.. ni'Hindi ko nga alam kung bakit ka biglang umalis at hindi nag sabi eh.."

"Hindi na ako nakapag paalam dahil biglaan din ang alis ko.. Jerome hindi ko ginustong iwanan ka.. Alam mo yan.. "

"kung hindi mo gustong iwanan ako bakit ginawa mo?.."

"Jerome.. Im dying.."

Dying? Ano daw? DYING?

"Tangina Jay hindi magandang biro yan ah."

Tinignan ko sya mukha naman siyang seryoso..

"That's the reason why I leave the country. why i leave you.. Sabi nila mas malaki daw ang chance na gagaling ako if sa ibang bansa ako magpapatingin.. first, ayuko.. kasi ayukong iwan ka. Ayukong malayo sayo.. Ayuko din sa operations and such.. Pero nung nararamdaman na ng body ko yung sakit.. Hindi ko na muna inisip yun."

Napatigil siya sa pag kkwento. Tumingin siya sakín habang ako naka tingin lang sakanya..

Kaya pala medyo nangayayat siya and parang maputla putla na siya.

nag smile siya. Pero nakayuko ulit siya..

"sabi ko sa sarili ko.. Babalik ako.. Babalikan kita at magiging masaya tayo.. Sabi ko magpapagaling ako dun para pag balik ko dito.. Happy ending na tayo.."

tumigil na naman siya.. ramdam ko yung sakit na sinasabi niya.. ramdam kong nahihirapan siya..

"Kaya lang nabigo ako.. Sobrang bigo ako.. Una, dahil hindi na gumaling ang sakit ko.. Pangalawa, wala na akong babalikan.. Alam ko namang masaya ka na eh.. Tanga ko kasi e. Umasa ako na pag balik ko. Ako pa din.. Tayo pa din.."

Tinititigan ko lang siya.. Umiiyak na siya.. Nakakainis naman. Bakit ganun..

"Hindi na ba talaga pwedeng lagyan ng lunas o magamot pa yang sakit mo?.."

Umiyak na naman siya.. this time yung iyak na iyak na..

"Sana nga pwede pa eh.... Kaya lang.. masyado daw .. mabilis ku.. malat yung... cancer. Sinubukan na daw nila.. lahat ng paraan pero.. wala na.. wala na.. Jerome.. Ma.. ma.. mamatay na ako..."

Tapos humagulgol na siya.. Niyakap ko na lang siya.. Hindi ko alam kung anong dapat kong sabihin pero naaawa ako.

Napaka makasarili ko. Nagalit ako sakanya ng hindi ko alam yung rason.. Yun pala mas mahirap pala yung pinagdadaan niya sakín..

"Pwede ba.. Wag mo ngang sabihin yan. Hindi ka mamatay.. Hindi ako papayag. Labanan mo yan kaya mo yan. Wag kang susuko..Sorry.. Sorry Jay kung nagalit ako sayo or kung ano man.. Hindi ko naman alam eh.. "

Tapos niyakap niya lang ako.. Iyak pa din siya ng iyak. Kung may magagawa lang ako eh. Kung kaya ko lang tanggalin tapos itapon na lang sa basurahan yung sakit gagawin ko yun..

"May favor ako sayo.."

"Ano yun.. kahit ano gagawin ko.."

Siguro um-oo na din ako kasi may kasalanan din ako sakanya. tsaka ayuko namang baliwalain lang siya tapos maramdaman niyang hindi siya mahalaga sa akin..

"Sana wag mo na lang ito paalam sa iba.. Ayuko na sana na may iba pang makaalam nito. Ayuko ng awa ng ibang tao.."

"Oo naman. Yun lang pala eh.."

Tapos yumuko siya...

"Meron pa.."

"Ano yun? Kahit ano gagawin ko. Kung makakabuti sa pakiramdam mo yun.."

"Be my Boyfriend. Alagaan mo ako hanggang sa mamatay ako. Sandaling panahon lang naman ang hinihiling ko.. Please Jerome kelangan kita sa tabi ko. Kelangan ko lahat ng oras mo.. Selfish mang pakinggan kasi alam kong meron kanang iba.. Ngayon lang.. Bago man lang ako mamatay .. Gusto ko ikaw lang ang mag'alaga sakin.."

Ano daw? Paano si Aya? Mahal na mahal ko si Aya. Ayukong mag mukhang tinu'two time ko siya.. Pero pano si Jay.. Mabait na tao si Jay.. Hindi yan selfish. Marunong yan umintindi at umunawa.. Pero ngayon feeling ko seryoso siya sa sinabi niya.. Hindi ko na alam.. May masasaktan ako sa desisyong gagawin ko.

"Sige pumapayag na ako.."

Hindi ko alam kung bakit napa'Oo ako sa sinabi niya.. Hindi ko din alam. walang wala na ako sa sarili ko..

Sorry Aya.. Sorry :(MAHAL NA MAHAL KITA.

[PROMOTE KO LANG. KUNG WALEY MAN TONG STORY NA TO BABAWI AKO SA "FALLEN CASANOVA"
NEW STORY KO. SUPPORT NIYO AH. PLEASE :)]

Chapter Thirty Five.

Aya's POV.

3 days ng absent si Jerome. 3 days na din siyang hindi nagpaparamdam sakin.. tinetext ko siya, tinatawagan hindi na naman siya nagpaparamdam.. Ano to? Nauulit na naman ba yung kay addland dati?

Hinahanap na din siya ng mga profs namin. Even ako worried na din kasi ang dami naming paper works tapos wala siya.. Tinatanong ko naman yung mga tropa niya hindi din naman daw nila alam kung nasan,, Tapos pag pinupuntahan ko naman sakanila sinasabi sakin ng maid niya na umalis daw ganun..

Eh ako ngang girlfriend niya hindi ko alam kung asan siya, kung sino kasama niya at kung ano bang nangyayare sakanya..

ang hirap.

*A.BABYKONGMAHAL is calling..

"Hello.."

Shit. Sa wakas narinig ko na rin yung boses niya, Namiss ko to... pero bakit parang ang lungkot niya.

"Baby, where are you? Are you okay? Why aren't you answering any of my texts & calls.."

Sa totoo lang gusto kong malaman kung nasan siya, Gusto kong tumakbo kung san man sya naruruon tapos yakapin siya ng mahigpit..

"We need to talk.. Same place i'll meet you there.."

Sa park. Dun ang meeting place namin eh,,

Sakto malapit lang naman sa bahay yung park dun na muna ako didiretso..

Nasa park na ako.. Kinakabahan ako. Hindi ko kasi alam kung anong pag uusapan namin. He seemed so serious. natatakot ako kasing gantong ganto din kami ni Add dati.. :(

Umupo muna ako dun sa swing.. Nag iisip isip. Nag hahanap ng sagot sa mga katanungan sa isip ko. sana, Sana hindi naman niya maisipan yun..

Nakita ko ng dumating yung kotse niya.. pero bakit parang may kasama siya. Bumaba na siya sa kotse niya tapos sumunod naman yung girl... Teka familiar sakín yung girl na to ah. San ko nga ba to nakita?

Si Jay. Tama siya nga. Siya yung First Love ni Jerome..

Bakit magkasama sila.. Dont tell me :(((

Pumasok na si Jay sa loob ng sasakyan ni Jerome. Tapos si Jerome naman nakita na niya yata ako kaya pumunta na siya dun sa pwesto ko.

Umupo siya sa kabilang swing. Awkward. Ang tahimik namin perehas and hindi ko gusto yung aura niya.. Parang ang bigat bigat ng problemang dinadala niya pero hindi niya masabi sakin. Parang may something akong nafi'feel na hindi ko gusto..

"Kamusta?.." tanong niya..

Nung narinig ko yung boses na.. Naiiyak na ako. Siguro kasi nasanay ako na lagi ko siyang kausap sa gabi. Kasama sa umaga. Yung parang nakasanayan ko na yung boses nya bago matulog at pag kagising.. Tapos ngayon yung nangyayare samin hindi ko na maintindihan..

I just nodded.. Hindi ko kasi alam kung kaya ko pang magsalita.

Yung ang dami dami mong gustong sabihin pero natatahimik ka na lang.. hindi ko alam kung san ako dapat magsimula..

"What happened to you? to us?" :(

"Sorry.. Alam kong naguguluhan ka ngayon..Hindi mo din maiintindihan pag sinabi ko sayo."

Hindi niya ako tinitignan.. Nakatingin lang siya sa malayo..

"Yun naman pala eh. Eh bakit hindi mo ipaintindi sakin?.."

"Gusto ko mang ipaintindi sayo kaya lang lalong mas gugulo ang sitwasyon.."

"Siya ba.." Medyo nanginginig pa yung boses ko nung sinabi ko yun..

Hindi niya ako inimik.. Iyak pa din ako ng iyak..

Tumayo siya.. tapos pumunta sa harapan ko.. Lumuhod..

"Aya.. Mahal na mahal kita alam mo yan.. Pero masyadong magulo ang mga bagay ngayon.."

Umiiyak na siya..

"Yun naman pala eh. Mahal mo ako? Pero bakit? Bakit tayo ganto ngayon?.."

"Kami na.. "

Parang sinaksak yung puso ko nung narinig ko sila na. Masakit.

"Anong kayo na? Tangina naman Jerome. Pinagloloko mo ba ako?.."

Hindi niya ako iniimik..

"Gagu ka.. Akala ko iba ka sa lahat. Akala ko mahal mo ako at handa mo akong ipaglaban.. Gagu ka! Bestfriend kita.. Alam ko alam mo kung gano kasakit.. Tangina.. Sabi mo hindi mo ko sasaktan.."

Ang sakit sakit. Hindi ko na alam kung kakayanin ko pa..

"Mahal kita. Pero kelangan niya ako.."

"Eh ako? Kailangan din kita.. Dumating lang siya pinatalo mo na lahat. Pinatalo mo na lahat satin! Ang sakit sakit.. Mahal na mahal kita. Pero gagu ka.. Magsama kayo.."

Tumayo na ako.. Hindi ko na talaga kaya.. ang bigat sa pakiramdam..

Kelangan niya ako..

Eh ako hindi ko ba siya kailangan.. Bestfriend ko siya! Tangina.. Sana hindi na lang niya ako shinota.

"Aya.. Wait.."

hinawakan niya yun kamay ko..

"Bigyan mo ako ng time.. Hindi ko alam kung anong manyayare sakín pag nawala ka pa.. Tiwala lang.."

FUCK! Tiwala.. Para san pa? Para pagsabayin na naman kami?

"Tiwala? Sa tingin mo meron pa ako nun ngayon sayo?.. Sana masaya ka.."

Tumakbo na ako papalayo.. Narinig ko naman siyang sumigaw..

"Pero sayo lang ako sasaya.."

Hindi ko na siya pinansin.. Tuluyan na akong lumayo. Ang labo naman pala niya eh.. Mahal niya ako tapos sila din ni Jay? Ano ba talaga ang totoo?..

Iniwan ko na siya dun nagtatatakbo na lang ako papalayo.. Pauwi.. Wala na akong pakielam kung sino mang makakita sakín..

Pag uwi ko ng bahay iyak na lang ako ng iyak..

Masakit kasi hindi lang Boyfriend ko ang nawala.. BESTFRIEND ko! Akala ko pa naman okay na kasi alam kong bestfriend ko siya. Alam ko hindi niya ako sasaktan pero hindi din.. Ganun at anun din pala.. Masasaktan at masasaktan lang din pala ako.. Kahit bestfriend ko siya..

Bestfriend ko siya pero niloko niya lang ako..

Hindi na siya tumawag o nagtext after nun..

Siguro nga kung mag Bestfriend kayo mag bestfriend na lang talaga..

** One year later..

Andito na ako sa ibang bansa. London particularly. Dito na ako tumira kasama ng mga pinsan ko. Tinake namin yung isang big project na movie.. Siguro okay na din yun kesa nung nasa pilipinas ako.

Wala na akong balita kay Jerome hanggang ngayon.. Nag ppm siya sa facebook.. Pero hindi ko na siya pinapansin.. Ano na nga bang balita sakanya?..

Namimiss ko na din ang Bestfriend ko..

Hanggang sa muli...

Paalam Goodboy.